ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • OKTUBRE 2015

Liahona

Tampok na Kuwento: Talagang Nagbibigay-Kapangyarihan ang Malaman ang Plano! p. 32

Mga Bato ng Tagakita, si Joseph Smith, at ang Aklat ni Mormon, p. 10

Maligayang Ika-100 Anibersaryo: Family Home Evening sa Iba't-ibang Panig ng Mundo, p. 26

Pagbibigay ng Panibagong Kahulugan sa Hamon ng Pornograpiya, p. 50

"Sinalita niya sa kanila ang ibang talinghaga; Ang kaharian ng langit ay tulad sa lebadura, na kinuha ng isang babae, at itinago sa tatlong takal na harina, hanggang sa ito'y nalebadurahang lahat."

Mateo 13:33

Liahona, Oktubre 2015



4

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Matapos na May Sindi Pa ang Iyong Sulo**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Banal na Katangian ni Jesucristo—Puspos ng Pag-ibig sa Kapwa-Tao at Pagmamahal**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

10 **Si Joseph na Tagakita**
Nina Richard E. Turley Jr., Robin S. Jensen, at Mark Ashurst-McGee
Paano nagampanan ni Propetang Joseph ang kanyang tungkulin bilang tagakita at isinalin ang Aklat ni Mormon?

18 **Mga Salitang Magpapabago sa Aming Mundo**
Ni Norman C. Hill
Ang mga pagsisikap ng isang district council sa Ghana na matutong bumasa at sumulat ay naghatid ng napakalaking pagpapala sa ilang Banal.

22 **Pagtuturo sa mga Kabataan Kung Paano Mamuno sa Paraan ng Tagapagligtas**
Ni Carol S. McConkie
Ang mga kabataan ang magiging mga lider ng Simbahan sa hinaharap, ngunit maaari na silang magkaroon ng mga karanasan sa pamumuno ngayon.

26 **Pagdiriwang ng Family Home Evening**
Tingnan kung paano nakikibahagi ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo sa mahalagang aktibidad na ito na nagpapatatag sa pamilya.

32 **Ang Plano ng Kaligtasan: Isang Sagradong Yaman ng Kaalaman na Gagabay sa Atin**
Ni Elder Robert D. Hales
Pagsuporta sa plano ng ating Ama ang susi sa ating tagumpay sa buhay bago tayo isinilang, at ito pa rin ang susi sa ating tagumpay sa buhay na ito.

MGA BAHAGI

8 **Paglilingkod sa Simbahan: Sapat Ba ang Ginagawa Ko?**
Ni Brooke Barton

9 **Mga Pagmumuni-muni: Mga Kalabasa o mga Milon?**
Ni Rachel Cox

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Daan Tungo sa Kaligtasan**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

SA PABALAT
Harap: Paglalarawan ni Cody Bell. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha © StockFood/Talbott, Barbara. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni Tiffany Myloan Tong.

MGA YOUNG ADULT

44 **Pamumuhay nang May Tunay na Layunin**
Ni Randall L. Ridd
Ang pagsusuri sa "dahilan" ng iyong mga desisyon ay tutulong sa iyo na mamuhay nang may layunin.

48 **Pananampalataya, Paglilingkod, at Isang Buong Tinapay**
Ni Nissanka (Nissh) Muthu Mudalige
Gusto kong sumama sa pagtuturo ng mga missionary; hindi ko lang alam kung paano ako makakarating doon.

Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Saan ka makakahanap ng tulong kapag hindi mo alam kung ano ang gagawin?

MGA KABATAAN

50 **Paghulagpos mula sa Bitag ng Pornograpiya**
Ni Elder Dallin H. Oaks
Limang alituntuning tutulong sa iyo na tumugon nang angkop sa media na mahalay ang nilalaman.

56 **Nasa Tamang Lugar sa Tamang Panahon**
Kung minsan alam mo lang na ikaw—o ang iba—ay inilagay ng Panginoon sa kinalalagyan mo sa isang kadahilanan.

58 **Poster: Ang Aklat ng Iyong Buhay**

59 **Taludtod sa Taludtod: Genesis 1:26–27**

60 **Ang Paghahanap Ko sa Katotohanan**
Ni Peng Hua
Habang lumalaki, itinuro sa akin na walang Diyos, ngunit kinailangan kong malaman iyon sa sarili ko.

62 **Kahanga-hangang mga Kabataang Lalaki at Babae sa mga Banal na Kasulatan**
Ni Gisela Guthier

64 **Mga Tanong at mga Sagot**
Paano ako mapapayapa samantalang nag-aagaw-buhay si Inay—kahit nag-ayuno at nanalangin na kami para mabuhay siya?



MGA BATA

66 **Isang Panalong Desisyon**
Ni Marissa Widdison
Sa wakas ay nakapaglaro na rin si Miranda sa isang panalong team. Pero makakapaglaro ba siya tuwing Linggo?

68 **Sulok para sa Tanong**
Ano ang pinakagusto mo sa pagiging miyembro ng Simbahan?

69 **Ang Ating Pahina**

70 **Oras para sa Banal na Kasulatan: Si Pedro, si Cornelio, at ang Anghel**
Ni Erin Sanderson

72 **Paghahanap ng Tulong**
Ni Kimberly Reid
May nakita si Tate na hindi niya dapat makita, pero takot siyang sabihin ito sa mga magulang niya.

74 **Naku! Paano Na?**
Ano ang dapat mong gawin kapag may nakita ka na alam mong masama?

75 **Ang mga Kalabasa ni Paul**
Hindi inakala ni Paul na lalaki siya nang sapat para makapagmisyon na katulad ng kanyang kapatid.

79 **Musika: Kaiba sa Lahat**
Nina Jan Pinborough
at Michael F. Moody

OKTUBRE 2015 TOMO 18 BLG. 10
LIAHONA 12570 893
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Joseph W. Sitati
Mga Tagapayo: Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino

Namamahalang Direktor: David T. Warner
Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Megan VerHoef
Writing and Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst
Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick
Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada: October 2015 Vol. 18 No. 10. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.



"Pagdiriwang ng Family Home Evening," pahina 26: Kung hindi mo man pinalagpas ang isang linggo o ito ang una mong pagtatangka, isiping magdaos ng espesyal na family home evening *para parangalan ang* family home evening! Maaari mong basahin ang artikulo para makita kung paano nasisiyahan ang mga pamilya sa iba't ibang panig ng mundo na magkasama-sama habang pinag-aaralan ang ebanghelyo. Isiping talakayin kung paano ninyo matatamo ang mithiin ninyong magdaos ng family home evening. Paano ninyo kakailanganing iangkop ito para matugunan ang mga pangangailangan ng inyong pamilya? Maaari kayong mangakong muli bilang pamilya na gawing prayoridad ang 100-taong tradisyong ito sa sarili ninyong tahanan, anuman ang inyong sitwasyon.

"Paghahanap ng Tulong," pahina 72: Isiping basahin ang artikulo nang sama-sama bilang pamilya at pagkatapos ay talakayin ang sumusunod na mga tanong: (1) Anong uri ng mga larawan o media ang maaaring makita ng mga bata? (2) Alin sa mga iyon ang hindi mabuting tingnan o pagtuunan natin ng pansin? (3) Ano ang gagawin ng bawat tao sa isang sitwasyon kung saan may isang bagay na alam nilang hindi nila dapat makita o marinig? Talakayin ang mga estratehiya mula sa "Naku! Paano Na?" sa pahina 74 kung kailangan ninyo ng tulong sa mga ideya (paglayo sa sitwasyon, pagkausap sa mga magulang, paglilingkod, atbp.).

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.** Bisitahin ang **Facebook.com/liahona.magazine** para makakita ng mga ideya sa family home evening, mga tulong sa Sunday lesson, at nilalaman na maibabahagi mo sa mga kaibigan at pamilya (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol).

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, *10, 44*
Araw ng Sabbath, *66*
Bagong Tipan, *70*
Banal na Kasulatan, mga, *18, 59, 62*
Calling sa Simbahan, mga, *8*
Council, mga, *18*
Desisyon, mga, *9, 44, 58, 66*
Family home evening, *26*
Gawaing misyonero, *44, 48, 60, 70*
Habag, *50*
Inspirasyon, *40, 41, 42, 56*
Jesucristo, *7*
Joseph Smith, *10*
Kabataan, mga, *22, 62*
Kalayaan, *32*
Kamatayan, *64*
Karunungang bumasa at sumulat, *18*
Kasal, pag-aasawa, *32*
Kasaysayan ng Simbahan, *10*
Lumang Tipan, *59*
Media, *50, 72, 74*
Pagbabagong-loob, pagbabalik-loob, *60*
Paghahayag, *80*
Pag-ibig sa kapwa-tao, *7*
pagiging miyembro ng Simbahan, *68*
Paglilingkod, *8, 56*
Pagtitiyaga, *4*
Pamumuno, *22*
Panalangin, *43, 64, 72*
Plano ng kaligtasan, *32*
Pornograpiya, *50, 72*
Prayoridad, mga, *9*
Propeta, mga, *10, 80*
Templo, mga, *69*

Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Matapos NA MAY SINDI PA ANG IYONG SULO

Sa sinaunang Greece, nagpapaligsahan ang mga runner sa isang relay race na tinatawag na *lampadedromia*.[1] Sa paligsahan, may hawak na sulo ang mga runner at ipinapasa nila ito sa susunod na runner hanggang sa makatawid sa finish line ang huling miyembro ng team.

Ang gantimpala ay hindi ipinagkakaloob sa team na pinakamabilis tumakbo—ipinagkakaloob ito sa unang team na nakarating sa finish line na may sindi pa ang sulo.

May malaking aral dito, na itinuro ng mga propeta noon at ngayon: bagama't mahalagang simulan ang paligsahan, mas mahalagang matapos tayo na may sindi pa ang ating sulo.

Nagsimula si Salomon nang May Determinasyon

Ang dakilang si Haring Salomon ay halimbawa ng isang taong nagsimula nang may determinasyon. Noong bata pa siya, "inibig [niya] ang Panginoon, na lumalakad sa mga palatuntunan ni David na kaniyang ama" (I Mga Hari 3:3). Nalugod ang Diyos sa kanya at nagsabing, "Hingin mo kung ano ang ibibigay ko sa iyo" (I Mga Hari 3:5).

Sa halip na humingi ng kayamanan o mahabang buhay, humiling si Salomon ng "matalinong puso upang humatol sa iyong bayan, upang aking makilala ang mabuti at ang masama" (I Mga Hari 3:9).

Labis na nalugod dito ang Panginoon kaya biniyayaan Niya si Salomon hindi lamang ng karunungan kundi maging ng kayamanang hindi masukat at ng mahabang buhay.

Kahit na talagang napakatalino ni Salomon at gumawa siya ng maraming dakilang bagay, hindi siya natapos nang may determinasyon. Ang malungkot, kalaunan sa kanyang buhay, "gumawa si Salomon ng masama sa paningin ng Panginoon, at hindi sumunod nang lubos sa Panginoon" (I Mga Hari 11:6).

Pagtapos ng Ating Sariling Paligsahan

Ilang beses natin sinimulan ang isang bagay at hindi natin tinapos? Pagdidiyeta? Pag-eehersisyo? Mga pangakong magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw? Mga desisyon na maging mas mabubuting disipulo ni Jesucristo?

Gaano kadalas tayo gumagawa ng mga resolusyon tuwing Enero at determinadong tinutupad ang mga ito nang ilang araw, ilang linggo, o maging nang ilang buwan para lamang matuklasan na pagsapit ng Oktubre, naglaho na ang determinasyon nating tuparin ang ating pangako?

Isang araw may nakita akong nakakatawang larawan ng isang aso na nakahiga sa tabi ng isang papel na ginutay-gutay nito. Nakasaad doon, "Certificate of Dog-Obedience Training."

Ganoon tayo kung minsan.

May mabubuting intensyon tayo; nagsisimula tayo nang may determinasyon; gusto nating maging napakahusay. Ngunit sa huli'y tinatalikuran natin ang ating mga resolusyon na gutay-gutay, nakasantabi, at nalimutan.

Likas sa tao ang magkamali, mabigo, at kung minsan ay gustuhing umayaw na sa paligsahan. Ngunit bilang mga disipulo ni Jesucristo, nangako tayo na hindi lamang simulan ang paligsahan kundi tapusin din ito—at tapusin ito na nagniningas pa ang ating sulo. Nangako ang Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo, "Ang magtitiis hanggang sa wakas ay siyang maliligtas" (Mateo 24:13).

Sasabihin ko sa ibang pananalita ang ipinangako ng Tagapagligtas sa ating panahon: Kung susundin natin ang Kanyang mga utos at tatapusin ito na may sindi pa ang ating sulo, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan, na pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos (tingnan sa D at T 14:7; tingnan din sa 2 Nephi 31: 20).

Ang Liwanag na Hindi Naglalaho Kailanman

Kung minsan matapos magkamali, mabigo, o sumuko pa, pinanghihinaan tayo ng loob at naniniwala tayo na naglaho na ang ating liwanag at talo na tayo sa paligsahan. Ngunit pinatototohanan ko na ang Liwanag ni Cristo ay hindi mapaglalaho. Ito ay nagliliwanag sa pinakamatindi nating paghihirap at tutulungan tayong ibalik ang ating determinasyon at pangako kung ibabaling lang natin ang ating puso sa Kanya (tingnan sa I Mga Hari 8:58).

Gaano man kadalas o kalaki ang ating pagkakamali, laging nagniningas ang Liwanag ni Cristo. At kahit sa pinakamabigat na problema, kung hahakbang lang tayo palapit sa Kanya, daraigin ng Kanyang liwanag ang problema at bibigyan ng lakas ang ating kaluluwa na magpatuloy.

Ang pagiging disipulo ay hindi pabugsu-bugso; ito ay tuluy-tuloy na pagsisikap. At hindi mahalaga kung gaano tayo kabilis lumago. Katunayan, matatalo lang tayo sa paligsahan kapag tumigil o sumuko tayo sa bandang huli.

Basta't patuloy tayong nagsisikap at sumusunod sa ating Tagapagligtas, mananalo tayo sa paligsahan na nagniningas pa ang ating sulo.

Sapagkat ang sulo ay hindi tungkol sa atin o sa ginagawa natin.

Tungkol ito sa Tagapagligtas ng mundo.

At iyan ay isang Liwanag na hinding-hindi mapapalabo. Ito ay isang Liwanag na lumululon sa kadiliman, nagpapagaling sa ating mga sugat, at nag-aalab kahit sa gitna ng pinakamatinding pighati at problema.

Ito ay isang Liwanag na mahirap unawain.

Nawa'y matapos ng bawat isa sa atin ang landas na ating nasimulan. At sa tulong ng ating Tagapagligtas at Manunubos na si Jesucristo, matatapos tayo na masaya at may sindi pa ang ating sulo. ■

TALA

1. *Harpers Dictionary of Classical Antiquities* (1898), "Lampadedromia," www.perseus.tufts.edu/hopper. Inilalarawan ni Pausanias ang ibang paligsahan sa takbuhan na may hawak na sulo kung saan ang mga tagahawak ng sulo, na posibleng isa mula sa bawat lipi, ay hindi iniabot sa kasunod ang kanilang sulo. Ngunit tulad sa *lampadedromia,* ang panalo ay ang unang nakarating sa finish line na may sindi pa ang sulo.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Isiping hikayatin ang mga tinuturuan ninyo na pagisipan kung nasaan na sila sa kanilang "mga paligsahan" sa buhay. Nagniningas ba ang kanilang sulo? Maaari ninyong basahin ang pahayag na nagsasabi na ang Liwanag ni Cristo ay "isang Liwanag na lumululon sa kadiliman, nagpapagaling sa ating mga sugat, at nag-aalab kahit sa gitna ng pinakamatinding pighati at problema." Pagkatapos ay isiping talakayin sa mga tinuturuan ninyo kung paano naimpluwensyahan ng Liwanag ni Cristo ang buhay nila noon at kung paano nito iniimpluwensyahan ang buhay nila ngayon.

LARAWANG KUHA NG COMSTOCK/STOCKBYTE/THINKSTOCK

MGA KABATAAN

Pagningasin ang Iyong Sulo: 30-Araw na Pagsubok

Para sa mga kabataan sa Simbahan na abala sa buhay, madaling mapirmi sa nakagawiang mga bagay, lalo na sa mga espirituwal na bagay. Nagbabasa tayo ng ating mga banal na kasulatan, nagdarasal, at halos araw-araw na sumasamba sa iisang paraan at pagkatapos ay nagtataka tayo kung bakit tila hindi nadaragdagan ang ating espirituwalidad.

Ang isa sa pinakamagagandang paraan para mapanatiling nagniningas ang iyong espirituwal na sulo ay ang tiyakin na ikaw ay may makabuluhang mga espirituwal na karanasan. Madaling sabihin iyan pero mahirap gawin, kaya narito ang isang mungkahi para patuloy mong maragdagan ang iyong espirituwalidad: Umisip ng isang aktibidad na may kaugnayan sa ebanghelyo na hindi mo pa nagagawa kahit kailan (o hindi mo gaanong ginagawa) at mangakong gawin ito araw-araw sa loob ng isang buwan. Makapagsisimula ka sa maliit dahil makikita mo na mas madaling gawing pangmatagalan ang maliliit na pagbabago. Ang paggawa ng mga bagay na hindi natin nakasanayang gawin ay maaaring mangailangan ng mas malaking pananampalataya at pagsisikap, ngunit kapag ginawa natin ito, inaanyayahan natin ang patnubay ng Espiritu Santo, at nagpapakita tayo ng higit na pananampalataya sa Ama sa Langit at ng hangaring mapalapit sa Kanya. Narito ang ilang ideya para makapagsimula ka:

- Mithiing manalangin sa umaga at gabi. Subukang manalangin nang malakas.
- Gumising nang maaga at basahin ang iyong mga banal na kasulatan 15 minuto bago ka pumasok sa eskuwela.
- Basahin ang nakaraang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya.
- Mag-post ng isang talata mula sa Aklat ni Mormon sa social media.
- Makinig sa mga himno o musika ng Simbahan sa halip na sa musikang regular mong pinakikinggan.

MGA BATA

Gawing Mas Maningning ang Iyong Sulo

Noong araw sa Greece, may isang paligsahan sa takbuhan kung saan may hawak na may sinding mga sulo ang mga runner. Sinuman ang makatapos sa paligsahan na may sindi pa ang sulo ay panalo. Sinabi ni Pangulong Uchtdorf na ang buhay ay katulad ng paligsahang iyon. Ang sulong hawak natin ay ang Liwanag ni Cristo. Kapag sinisikap nating maging katulad ni Jesucristo, ginagawa nating mas maningning ang ating sulo.

Kulayan ang binilugang mga bagay na magagawa ng batang ito para maging katulad ni Jesus at mas mapaningning niya ang kanyang sulo.

PAGLALARAWAN NI SIMONE SHIN

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas ang iyong pananampalataya sa Kanya at pagpapalain ang mga pinangangalagaan mo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa ***reliefsociety.lds.org****.*

Mga Banal na Katangian ni Jesucristo: Puspos ng Pag-ibig sa Kapwa-Tao at Pagmamahal

Ito ay bahagi ng isang serye ng Mga Mensahe sa Visiting Teaching na nagtatampok sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas.

Ang pakahulugan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan ng pag-ibig sa kapwa-tao ay "ang pinakadakila, pinakamarangal, pinakamasidhing uri ng pag[mamahal]" ("Pag-ibig sa Kapwa-Tao"). Ito ang dalisay na pag-ibig ni Jesucristo. Habang nakikilala natin si Jesucristo at sinisikap nating maging katulad Niya, madarama natin ang Kanyang dalisay na pag-ibig sa ating buhay at mahihikayat tayong mahalin at paglingkuran ang iba tulad ng gagawin Niya. "Ang pag-ibig sa kapwa ay pagpapasensya sa isang taong bumigo sa atin," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson. "Ito ay paglaban sa bugso ng damdamin na madaling masaktan. Ito ay pagtanggap sa mga kahinaan at pagkukulang. Ito ay pagtanggap sa mga tao kung sino sila talaga. Ito ay pagtingin nang higit pa sa mga panlabas na anyo sa mga katangiang hindi kumukupas sa paglipas ng panahon. Ito ay pagtanggi sa bugso ng damdamin na husgahan ang iba."[1]

Sa Aklat ni Mormon, nalaman natin ang dakilang katotohanan na tayo ay "manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang [tayo] ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang [tayo] ay maging mga anak [na lalaki at babae] ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa; upang tayo ay mapadalisay maging katulad niya na dalisay" (Moroni 7:45–48).

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Juan 13:34–35; I Mga Taga Corinto 13:1–13; 1 Nephi 11:21–23; Eter 12:33–34

Isipin Ito

Paano naging sakdal na halimbawa natin ng pagmamahal at pag-ibig sa kapwa-tao si Cristo?

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, "Ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang," *Liahona,* Nob. 2010, 124.
2. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 140.
3. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 104.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mula sa Ating Kasaysayan

"Isang babae na kamakailan lamang nabalo ang nagpasalamat sa mga visiting teacher na nakidalamhati sa kanya at umalo sa kanya. Isinulat niya: 'Kailangang-kailangan ko noon ng isang taong makakausap; isang taong makikinig sa akin. . . . At nakinig sila. Inalo nila ako. Umiyak silang kasama ko. At niyakap nila ako . . . [at] tinulungan akong makabangon mula sa matinding kalungkutan at depresyon sa mga unang buwang iyon ng pangungulila.'

"Ipinahayag ng isa pang babae ang kanyang nadarama nang tumanggap siya ng taos-pusong pagtulong mula sa isang visiting teacher: 'Alam kong mahalaga ako sa kanya, hindi dahil isa lang ako sa mga nakalistang bibisitahin niya. Alam ko na nagmamalasakit siya sa akin.'"[2]

Gaya ng kababaihang ito, maraming Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako ng mundo ang makapagpapatunay sa katotohanan ng pahayag na ito ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015), Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Nakapapanatag na malaman na kahit saan pa magpunta [ang isang pamilya], naghihintay sa kanila ang Simbahan na kanilang pamilya. Mula sa araw ng kanilang pagdating, ang lalaki ay mapapabilang sa isang korum ng priesthood at ang babae ay mapapabilang sa Relief Society."[3]

ANG IMPLUWENSYA NG MABUBUTING KABABAIHAN, NI JULIE ROGERS

SAPAT BA ANG GINAGAWA KO?

Ni Brooke Barton

Ang isang aral tungkol sa nawawalang tupa ay nakatulong para maunawaan ko kung paano ko gagampanang mabuti ang aking tungkulin.

Sa edad na 23, tinawag ako bilang Relief Society president sa aming married student ward. Naaalala ko ang nadama kong mga kakulangan, na may kahalong matinding hangarin na gawin ang lahat ng makakaya ko. Sabik at tuwang-tuwa akong maglingkod pero pinagdudahan ko ang kakayahan kong maging mabuting lider.

Pagkaraan ng ilang buwan bilang Relief Society president, nadama ko na hindi sapat ang ginagawa ko. Gusto kong makaugnay sa kababaihan at maging sensitibo sa kanilang mga pangangailangan, ngunit nadama ko na nagkukulang ako.

Kinausap ko ang bishop ko at sinabi ko ang mga problema ko. Ipinaliwanag ko na hindi ko matulungan ang lahat ng kababaihang gusto kong tulungan. Ipinaliwanag ko kung gaano ko kagustong hatiin sa lima ang katawan ko para magawa ang trabaho sa paraan na inakala kong nararapat. Sinikap kong tawanan ang mga problema ko, pero napuno kaagad ng luha ang aking mga mata sa kawalan ng pag-asa. Ngumiti siya at ibinigay ang ilan sa pinakamahuhusay na payong natanggap ko mula sa isang lider.

"Pamilyar ka ba sa kuwento ng pastol na nang mawala ang isa sa kanyang kawan ay iniwan 'ang siyam na pu't siyam' para hanapin ito?" tanong niya (tingnan sa Lucas 15:4–7). Tumango ako.

"Tila may napakalaking karunungan sa talinghagang iyon," pagpapatuloy niya. "Alam ng pastol na magiging maayos ang lahat sa siyamnapu't siyam kung iiwanan niya ang mga ito para hanapin ang isang nawawalang tupa."

At ibinigay ng bishop ko ang payong ito:

"Alam mo, ang siyamnapu't siyam ay may magandang paraan ng pagaalaga sa isa't isa habang wala ka. Pasisiglahin nila at susuportahan nang husto ang isa't isa. Iminumungkahi ko na magtuon ka sa mga tao na tila naliligaw. Magiging maayos ang iba pa."

Nakadama ako ng malakas na patotoo na ang sinabi niya sa akin ay totoo at na hindi ko kailangang problemahin nang sabay-sabay ang buong kawan. Ang layunin ko ay hanapin ang mga nawawala at anyayahan silang magbalik sa kawan. Sa gayong paraan, maisasakatuparan ang mga layunin ng Ama sa Langit, at maaari akong maging kasangkapan sa Kanyang mga kamay.

Nang sundin ko ang payo ng bishop, mas naunawaan ko kung paano ako pinaglilingkod ng Panginoon sa Kanyang kaharian. Tumanggap din ako ng espirituwal na katuparan na nagpalakas sa akin sa aking tungkulin dahil naglilingkod ako ayon sa utos ng Tagapagligtas. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, nabigyan ako ng bishop ko ng dakilang kaloob na pag-unawa at pananaw.

Pinatototohanan ko na kapag nanalangin tayo at naghangad ng inspirasyon mula sa ating mga lider ng priesthood, magkakaroon sila ng inspirasyong ipakita sa atin kung paano mamuno sa mabuting paraan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

PINAGHALONG PAGLALARAWAN NINA MIKE BOYLAND/ISTOCK/THINKSTOCK AT OLEKSIY FEDOROV/HEMERA/THINKSTOCK

MGA KALABASA O MGA MILON?

Ni Rachel Cox

Kung minsan ay walang maling pagpili. Iisa lang ang mapipili.

Medyo nagulat ang tatay ko nang matuklasan niya na ang mga binhi ng kalabasang itinanim niya noong isang taon ay nagkusang tumubo sa gitna ng tanim na mga milon nitong tag-init. Medyo tumutubo ang mga milon—at gayundin naman ang mga kalabasa. Napakaganda, sa totoo lang, kaya natukso ang tatay ko na hayaang lumago ang mga tanim na kalabasa. Pero alam niya na kapag hinayaan niya ito, mapipigil ng mga kalabasa ang paglago ng mga milon.

Kinailangan niyang magpasiya. Maaari niyang bunutin ang mga kalabasa para mas lumago ang mga milon o hahayaan niyang lumago ang mga tanim na kalabasa at masdan itong sikilin ang mga tanim na milon, at malamang na di-gaanong malalaki ang kanilang aanihin. Mga kalabasa o mga milon? Ang desisyong ito ay sa pagitan ng dalawang opsiyon na parehong maganda.

Sa pagtitimbang kung ano ang mas mabuting gawin, nagpasiya ang tatay ko na bunutin ang malalagong tanim na kalabasa. Hindi lamang huling tumubo ang mga ito, kundi nagpasiya siya na mas gusto niya ang *nakaplanong* mga milon kaysa sa biglang sumulpot na mga kalabasa.

Ang karanasang ito ay nakahikayat sa akin na pag-isipan ang mga pasiyang ginagawa natin, lalo na sa mga pakikipag-ugnayan natin sa iba. Sa atin mang pamilya, mga kaibigan, amo sa trabaho, o mga kadeyt o pakakasalan, kapag ang desisyon ay sa pagitan ng dalawang bagay na parehong maganda, kung minsan ay mahirap kilalanin ang tama o pinakamagandang gawin, lalo na kapag ayaw nating magkamali sa pagpili. Ang takot na makagawa ng maling pasiya ay pumipigil sa atin kung minsan, at ang takot na iyon ay maaaring pumigil sa atin sa pagsulong nang may pananampalataya. Ngunit ang totoo, kung minsan ay walang *maling* pagpili. Iisa lang ang mapipili mo. Sa sitwasyon ng tatay ko, ibinatay niya ang kanyang desisyon sa kung ano ang mas *mahalaga* sa kanya. Ayaw niyang makitang mamatay ang kalabasa, pero alam niya na pagsisisihan niya ang pinsalang gagawin nito sa mga milon kalaunan.

Sa buhay, ang ilang pagpapasiyang nakakaharap natin ay kadalasang hindi mahalaga, tulad ng, ano ang dapat kong kainin sa almusal? Anong kulay ng damit ang dapat kong isuot ngayon? Kapag naharap sa isang pagpapasiya sa pagitan ng dalawang bagay na parehong maganda, maaari nating gawin ang ginawa ng tatay ko at itanong lang na, "Ano ang mas mahalaga sa akin?" Pagkatapos ay magdesisyon at sumulong nang may pananampalataya, na nagtitiwalang itatama tayo ng Panginoon kung nagkakamali man tayo.

Pero ang ilang pagpapasiya ay talagang *lubhang* mahalaga. Sinabing minsan ni Pangulong Thomas S. Monson: "Lagi tayong nahaharap sa mga desisyon. Para magawa ito nang buong talino, lakas-ng-loob ang kailangan—lakas-ng-loob na magsabi ng hindi, lakas-ng-loob na magsabi ng oo. Mga desisyon *talaga* ang nagpapasiya ng tadhana" ("Ang Tatlong Prinsipyo ng Pagpili," *Liahona,* Nob. 2010, 68). Kapag naharap ka sa ganitong klase ng mga pagpapasiya, ang mas mabuting itanong ay, "Ano ang mas mahalaga sa *Panginoon*?" Kung alam natin ang sagot sa tanong na iyan, ang kailangan lang nating gawin ay iayon ang ating mga pinahahalagahan sa Kanya at pagkatapos ay kumilos ayon sa pasiyang iyon. Iyon palagi ang tamang gawin. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT

SI JOSEPH NA Tagakita

Nililinaw sa tala ng kasaysayan kung paano tinupad ni Joseph Smith ang kanyang tungkulin bilang tagakita at isinalin ang Aklat ni Mormon.

Nina Richard E. Turley Jr., Assistant Church Historian and Recorder,
Robin S. Jensen at Mark Ashurst-McGee, Church History Department

Noong Abril 6, 1830, ang araw na inorganisa ni Joseph Smith ang Simbahan ni Cristo (na kalaunan ay tatawaging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw),[1] ipinahayag niya ang mga salita ng isang paghahayag sa mga nakatipon. "Masdan," pagpapahayag ng tinig ng Diyos, "may talaang iingatan sa inyo; at sa mga ito ikaw [si Joseph Smith] ay tatawaging tagakita" (D at T 21:1).

Ang kitang-kitang tanda ng tungkulin ni Joseph Smith bilang tagakita sa bagong tatag na Simbahan ay ang Aklat ni Mormon, na paulit-ulit niyang ipinaliwanag na isinalin "sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos."[2] Marami sa mga pinakamalapit kay Joseph sa taon bago naorganisa ang Simbahan ang nakasaksi sa proseso ng paglabas ng Aklat ni Mormon at nakaunawa sa kahulugan ng salitang *tagakita*.

Ang Kahulugan ng *Tagakita*

Ano ang kahulugan ng *tagakita* sa batang propeta at sa kanyang mga kaedad? Si Joseph ay lumaki sa isang pamilyang nagbabasa ng Biblia, na paulit-ulit na bumabanggit sa mga tagakita. Sa I Samuel, halimbawa, ipinaliwanag ng sumulat: "Nang una sa Israel, pagka ang isang lalake ay mag-uusisa sa Dios, ay ganito ang sinasabi, Halika, at tayo'y pumaroon sa tagakita: sapagka't yaon ngang tinatawag na Propeta ngayon ay tinatawag nang una na Tagakita" (I Samuel 9:9).

Binanggit din sa Biblia ang mga taong tumatanggap ng espirituwal na pagpapakita sa pamamagitan ng pisikal na mga bagay tulad ng mga tungkod,[3] ahas na tanso sa isang tikin (na naging laganap na simbolo ng mga doktor),[4] epod (isang bahagi ng kasuotan ng saserdote na kinabibilangan ng dalawang mahahalagang bato),[5] at Urim at Tummim.[6]

JOSEPH SMITH, IPINALAGAY NA KAY DAVID ROGERS, SA KAGANDAHANG-LOOB NG COMMUNITY OF CHRIST LIBRARY-ARCHIVES, INDEPENDENCE, MISSOURI

SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Si Joseph at ang kanyang asawang si Emma Hale Smith, ay nanirahan sa isang-palapag na bahagi ng bahay na ito habang isinasalin ang isang bahagi ng Aklat ni Mormon. Ang dalawang-palapag na istruktura sa gawing kanan ng bahay ay idinagdag kalaunan.

Para sa libu-libong miyembro noong siya ay nabubuhay at sa milyun-milyon mula nang siya ay mamatay, nakilala si Joseph Smith bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Ang "makakita" at "mga tagakita" ay bahagi ng kultura ng Amerika at ng pamilya kung saan lumaki si Joseph Smith. Lubhang naimpluwensyahan ng mga salita sa Biblia at ng magkahalong kulturang Anglo-European na dala ng mga nandayuhan sa North America, naniwala ang ilang tao noong mga unang taon ng ika-19 na siglo na posible sa matatalinong tao na "makakita," o tumanggap ng mga espirituwal na pagpapakita, sa pamamagitan ng mga materyal na bagay tulad ng mga bato ng tagakita.[7]

Tinanggap ng batang si Joseph Smith ang gayong pamilyar na tradisyonal na mga paraan sa kanyang panahon, kabilang na ang ideya ng paggamit ng mga bato ng tagakita para makita ang nawawala o nakatagong mga bagay. Dahil ipinakita sa kuwento sa Biblia na gumagamit ng pisikal na mga bagay ang Diyos para ituon ang pananampalataya ng mga tao o espirituwal na makipag-ugnayan noong mga unang panahon, ipinalagay ni Joseph at ng iba na gayon din ang nangyayari sa kanilang panahon. Hinikayat ng mga magulang ni Joseph na sina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith ang kanilang pamilya na sundin ang kulturang ito at gumamit ng pisikal na mga bagay sa ganitong paraan, at ang mga mamamayan ng Palmyra at Manchester, New York, kung saan nanirahan ang mga Smith, ay hinanap si Joseph para mahanap ang mga bagay na nawawala bago siya nagpunta sa Pennsylvania noong mga huling buwan ng 1827.[8]

Para sa mga hindi nakaunawa kung paano ipinamuhay ng mga tao sa lugar ni Joseph ang kanilang relihiyon noong ika-19 na siglo, maaaring hindi pamilyar ang mga bato ng tagakita, at matagal nang pinagtatalunan ng mga iskolar ang panahong ito ng kanyang buhay. Bunga ng Enlightenment o Age of Reason, isang panahon na nagbigay-diin sa siyensya at sa mapagmasid na mundo tungkol sa mga bagay na espirituwal, marami sa panahon ni Joseph ang nakadama na ang paggamit ng pisikal na mga bagay tulad ng mga bato o tungkod ay mapamahiin o di-angkop sa mga layuning pangrelihiyon.

Kalaunan, tulad ng pambihirang kuwento ni Joseph, binigyang-diin niya ang kanyang mga pangitain at iba pang mga espirituwal na karanasan.[9] Sa kabilang banda, ilan sa kanyang dating mga kasamahan ang nagtuon sa maaga niyang paggamit ng mga bato ng tagakita sa pagsisikap na sirain ang kanyang reputasyon sa isang mundong patuloy na tumatanggi sa gayong mga kaugalian. Sa mga pagsisikap nilang ituro ang ebanghelyo, nagpasiya si Joseph at ang iba pang naunang mga miyembro na huwag magtuon ng pansin sa impluwensya ng tradisyonal na kultura sa pagtuturo nila sa mga tao, dahil maraming magiging mga convert ang dumaranas ng pagbabago sa kung paano nila naunawaan ang relihiyon sa Age of Reason. Gayunman, sa naging tanggap na mga paghahayag, patuloy na itinuro ni Joseph na ang mga bato ng tagakita at iba pang mga gamit ng isang tagakita, gayundin ang kakayahang tumulong sa kanila, ay mahalaga at sagradong mga kaloob ng Diyos.[10]

Mga Kasangkapang Ginamit sa Pagsasalin ng Aklat ni Mormon

Nasa mga kuwento rin ng kasaysayan ang mga bato ng tagakita na naglalarawan kay Joseph Smith at sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ang opisyal na kasaysayan ni Joseph, na sinimulan noong 1838, ay naglalarawan sa pagbisita ng isang anghel, na tinukoy na si Moroni, na nagsabi sa kanya tungkol sa mga laminang ginto na nakabaon sa isang kalapit na burol. Ikinuwento ni Joseph na habang kausap niya ang anghel, isang "pangitain [ang] nabuksan" nang napakalinaw sa kanyang isipan kaya "natukoy [niya] ang pook" nang makita niya ito mismo kalaunan (Joseph Smith—Kasaysayan 1:42).

Sa kasaysayang sinimulang isulat ni Joseph noong 1838, binalaan siya ni Moroni "na susubukin akong tuksuhin ni Satanas (sa kadahilanang ang mag-anak ng aking ama ay maralita), na kunin ang mga lamina upang magpayaman." Ipinagbawal ito ng anghel, pagsasalaysay ni Joseph, na sinasabi na kung siya ay "maudyukan ng ano pa mang layunin" maliban sa itayo ang kaharian ng Diyos, "di [niya] makukuha ang mga yaon" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:46). Sa kanyang naunang kasaysayan noong 1832, ipinaliwanag ni Joseph, "aking . . . hinangad ang mga Lamina para magpayaman at hindi ko sinunod ang utos na dapat

JOSEPH SMITH, IPINALAGAY NA KAY DAVID ROGERS, SA KAGANDAHANG-LOOB NG COMMUNITY OF CHRIST LIBRARY-ARCHIVES, INDEPENDENCE, MISSOURI

kong ituon ang aking mata sa Kaluwalhatian ng Diyos."[11] Dahil dito, pinabalik siya sa burol taun-taon sa loob ng apat na taon hanggang sa maging handa siyang tanggapin ang mga lamina (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:53–54).

Isinalaysay ni Joseph na nang matamo niya sa wakas ang mga lamina mula kay Moroni noong 1827, tumanggap din siya ng dalawang bato na gagamitin sa pagsasalin sa mga ito. Nag-iwan siya at ang malalapit niyang kakilala ng mga kuwento tungkol sa mga batong ito, na inilalarawan na puti o malinaw ang mga ito, na nakabaon sa mga balantok na pilak o gilid ng mga modernong salamin sa mata, at nakakabit sa isang malaking baluti sa dibdib.[12] Ayon sa pagkalarawan, tila malaki ang gamit na ito ng tagakita. Sinabi ng ina ni Joseph Smith na inalis niya ang mga bato mula sa baluti sa dibdib para madaling gamitin ang mga ito.[13]

Tinatawag sa teksto ng Aklat ni Mormon ang mga batong ito na "mga kasangkapan sa pagsasalin" at ipinaliwanag na ang mga ito "ay inihanda mula pa sa simula at ipinasa-pasa sa bawat sali't salinlahi, para sa layuning maipaliwanag ang mga wika," na "iningatan at pinangalagaan ng mga kamay ng Panginoon" (Mosias 28:14–15, 20).

Ikinuwento rin sa aklat kung paano ibinigay ng Panginoon ang "dalawang bato" sa kapatid ni Jared, na may pangako na makakatulong ito sa darating na mga henerasyon na muling matanggap ang kanyang mga salita. "Isulat mo ang mga bagay na ito at tatakan ang mga ito," pag-uutos sa kanya ng Panginoon, "at ipahahayag ko ang mga ito sa aking sariling takdang panahon sa mga anak ng tao." Ang mga batong ito, paliwanag ng Panginoon, "ay liliwanagin sa mga mata ng tao ang mga bagay na ito na iyong isusulat" (Eter 3:24, 27).

Nang matapos si Joseph Smith sa pagdidikta ng kanyang pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa mga eskriba noong kalagitnaan ng 1829, lalo pang nilinaw ang kahulugan ng *tagakita* sa teksto. Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng isang propesiya na iniukol kay Jose ng Egipto na nagpapahayag na isa sa kanyang mga inapo—malinaw na si Joseph Smith—ang magiging "piling tagakita" na magdadala sa iba pang mga inapo "sa kaalaman ng mga tipan" na ginawa ng Diyos sa kanilang mga ninuno (2 Nephi 3:6, 7).



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; PINALAKI ANG LARAWAN PARA LUMINAW

Detalye mula sa isang pahina ng orihinal na manuskrito ng Aklat ni Mormon na naglalaman ng paglisan ng pamilya ni Lehi mula sa Jerusalem na nasa tinatawag ngayon na 1 Nephi 2. Idinikta ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon sa iba-ibang eskriba, kabilang na si Oliver Cowdery, na siyang eskriba para sa mga inyang ito.

Sa isa pang kuwento sa Aklat ni Mormon, ibinigay ni Nakababatang Alma ang mga kasangkapan sa pagsasalin sa kanyang anak na si Helaman. "Pangalagaan mo ang mga kasangkapang ito [sa] pagsasalin," ang payo ni Alma sa kanya, na tinutukoy ang dalawang bato sa mga balantok na pilak. Ngunit binanggit din ni Alma ang isang propesiya na mukhang tumutukoy sa iisang bato: "At sinabi ng Panginoon: ihahanda ko sa aking lingkod na si Gaselim, ang isang bato, na kikinang sa kadiliman tungo sa liwanag" (Alma 37:21, 23).

Kapansin-pansin, bagaman ibinigay sa konteksto ng "mga kasangkapan sa pagsasalin" (maramihan), na ang propesiyang ito ay tungkol sa pagbibigay sa isang magiging lingkod ng "isang bato" (isahan), "na kikinang sa kadiliman tungo sa liwanag."[14] Pinaniwalaan ng naunang mga Banal sa mga Huling Araw na ang ipinropesiyang lingkod na ito ay si Joseph Smith.[15]

Katunayan, ipinapakita ng kasaysayan na bukod pa sa dalawang bato ng tagakita na kilala bilang "mga kasangkapan sa pagsasalin," gumamit si Joseph Smith ng isa pang bato ng tagakita sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon,

SI ANGHEL MORONI NA IBINIBIGAY ANG MGA LAMINA KAY JOSEPH SMITH, NI C. C. A. CHRISTENSEN

Hinangad ng mga miyembro ng Simbahan sa buong kasaysayan nito na maunawaan ang naunang kasaysayan ni Joseph Smith at ang kanyang pagkatuklas at pagsasalin sa mga laminang ginto. Ipinapakita sa larawang ito ng pintor na si C. C. A. Christensen noong 1886 ang pagtanggap ni Joseph Smith sa mga lamina mula sa anghel na si Moroni.

at madalas niya itong ilagay sa isang sumbrero para hindi kuminang. Ayon sa mga kaedad ni Joseph, ginawa niya ito para mas makita niya ang mga salita sa bato.[16]

Pagsapit ng 1833, sinimulang gamitin ni Joseph Smith at ng kanyang mga kasamahan ang kataga sa Biblia na "Urim at Tummim" upang tukuyin ang anumang batong gamit sa pagtanggap ng mga banal na paghahayag, kabilang na ang mga kasangkapan sa pagsasalin ng mga Nephita at ang iisang bato ng tagakita.[17] Ang di-gaanong tumpak na terminolohiyang ito ay nagpahirap sa mga pagtatangkang tuklasin ang eksaktong paraang ginamit ni Joseph Smith sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Bukod pa sa paggamit ng mga kasangkapan sa pagsasalin, ayon kay Martin Harris, ginamit din ni Joseph ang isa sa kanyang mga bato ng tagakita para mas madaling isalin ang Aklat ni Mormon. Pinagtitibay ng iba pang mga tao ang paggamit ni Joseph ng paiba-ibang kasangkapan sa pagsasalin.[18]

Matapos Ilathala ang Aklat ni Mormon

Kasunod ng paglalathala ng Aklat ni Mormon noong Marso 1830, sinimulan ni Joseph Smith at ng kanyang mga clerk ang tinatawag ngayon na Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, ang pagwawasto ng isang propeta sa King James Version.[19] Ayon sa salaysay ni Joseph, ang paggamit ng mga kasangkapan sa pagsasalin ng mga Nephita para sa proyektong ito sa pagsasalin ay hindi magandang opsiyon dahil wala na ang mga ito sa kanya.

Ipinaliwanag sa kasaysayan ni Joseph na "sa karunungan ng Diyos, yaon ay nanatiling ligtas sa aking mga kamay, hanggang sa matapos ko ang mga kinakailangan na iniatang sa aking mga kamay. Alinsunod sa napagkasunduan, nang hingin ng sugo ang mga iyon ay ibinigay ko yaon sa kanya; at ang mga yaon ay nasa kanyang pag-iingat magpahanggang sa araw na ito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:60).

Ipinaliwanag ni Pangulong Brigham Young (1801–77) na, "Ibinalik ni Joseph ang U[rim at] T[ummim] sa mga lamina nang matapos na siyang magsalin."[20]

Si Joseph ay may iba pang mga bato ng tagakita, ngunit sa mga salita ni Elder Orson Pratt (1811–81), miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at kalaunan ay naging Church Historian, lumalim din sa panahong ito ang espirituwal na pang-unawa ni Joseph. Sa isang pulong noong Hunyo 28, 1874, na dinaluhan ni Pangulong Brigham Young at ng iba pang mga General Authority, ikinuwento ni Elder Pratt sa mga nakikinig sa kanya na "naroon siya sa maraming pagkakataon" habang si Joseph Smith ay "nagsasalin ng Bagong Tipan." Nang makita niya na walang ginagamit si Joseph na mga kasangkapan sa pagsasalin, inisip niya kung bakit "hindi [niya] ginamit ang Urim at Tummim, tulad noong isalin niya ang Aklat ni Mormon."

Habang minamasdan ni Elder Pratt ang pagsasalin ng Propeta, "tumingala si Joseph, na para bang nabasa nito ang nasa isip niya, at ipinaliwanag na binigyan siya ng Panginoon ng Urim at Tummim noong wala pa siyang karanasan sa Diwa ng inspirasyon. Ngunit ngayon ay maalam na siya kaya naunawaan na niya ang Diwang iyon, at hindi niya kinailangan ang tulong ng kasangkapang iyon."[21]

Sinabi ni Brigham Young sa isang grupo ng mga tagapakinig ang kanyang mga ideya tungkol sa pagtanggap ng isang bato ng tagakita. "Hindi ko alam kung hinangad kong magkaroon niyon," pagmumuni niya.[22] Ipinahayag ng sinabi ni Brigham ang pagkaunawa niya na ang mga bato ng tagakita ay hindi kailangan para maging tagakita.

Noong Oktubre 25, 1831, dumalo si Joseph Smith sa isang kumperensya sa Orange, Ohio. Sa oras ng kumperensya, sinabi ng kapatid niyang si Hyrum na "naisip niya na pinakamainam na si Joseph mismo ang magparating ng impormasyon tungkol sa paglabas ng Aklat ni Mormon sa mga Elder na naroon upang malaman iyon mismo ng lahat." Ayon sa katitikan ng pulong, sinabi ni Joseph "na ito ay hindi nilayon upang ipaalam sa mundo ang lahat ng detalye ng paglabas ng Aklat ni Mormon" at "na hindi angkop na isalaysay niya ang mga bagay na ito."[23] Dahil maalam na sa kanyang tungkulin bilang tagakita, at naniniwala na ang mga bato ng tagakita ay hindi kailangan sa paghahayag, marahil ay nag-alala siya na baka masyadong matuon ang

LARAWANG KUHA NOONG BANDANG 1866, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

Si Phineas Young, na nakaupo sa gitna ng magkakapatid na Young at sa kaliwa ni Brigham Young, ay nakakuha ng isang bato ng tagakita na ginamit sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon mula kay Oliver Cowdery at ibinigay ito sa kapatid niyang si Brigham.

LARAWANG KUHA NINA WELDEN C. ANDERSEN AT RICHARD E. TURLEY JR.

Ang batong nakalarawan dito ay matagal nang iniuugnay kay Joseph Smith at sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ang batong ginamit ni Joseph Smith sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay madalas tukuyin bilang kulay-tsokolateng bato na hugis-itlog. Ipinasa ang mga batong ito mula kay Joseph Smith hanggang kay Oliver Cowdery at pagkatapos ay sa Simbahan sa pamamagitan ni Brigham Young at ng iba pa.

ANO ANG NANGYARI SA BATO NG TAGAKITA?

Ayon sa kasaysayan ni Joseph Smith, ibinalik niya ang Urim at Tummim, o ang "mga kasangkapan sa pagsasalin" ng mga Nephita, sa anghel. Ngunit ano ang nangyari sa iba pang bato o mga bato ng tagakita na ginamit ni Joseph sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon?

Isinulat ni David Whitmer na "matapos isalin ang Aklat ni Mormon, maaga pa sa tagsibol ng 1830, bago sumapit ang ika-6 ng Abril, ibinigay ni Joseph ang bato kay Oliver Cowdery at sinabi sa akin gayundin sa iba pa na tapos na niyang gamitin ito, at hindi na niya ginamit pa ang bato."[1]

Si Oliver, na nawala sa Simbahan nang isang dekada hanggang sa muling mabinyagan noong 1848, ay nagplanong magpunta sa kanluran kasama ng mga Banal sa Utah, ngunit namatay siya noong 1850 sa Richmond, Missouri, bago ang biyahe.[2] Nakuha ni Phineas Young, na tumulong sa pagbalik ni Oliver Cowdery sa Simbahan, ang bato ng tagakita sa balo ni Oliver na si Elizabeth Ann Whitmer Cowdery, na kapatid ni David Whitmer. Ibinigay naman ito ni Phineas sa kapatid niyang si Brigham Young.[3]

"Nasa akin ang Unang Bato ng Tagakita [ni] Joseph na nakuha ko kay O[liver]. C[owdery]," pag-amin ni Pangulong Young noong 1853. Mayroon pang iba. "May 3 si Joseph na hawak ni Emma," dagdag pa niya, "2 maliliit at 1 malaki."[4] Pagkaraan ng dalawang taon, sinabi ni Brigham Young sa isang grupo ng nakatipong mga lider ng Simbahan na "ipinadala sa akin ni Oliver ang unang bato ng Tagakita ni Joseph, itinago iyon ni Oliver hanggang sa ipadala niya iyon sa akin."[5]

Nang mamatay si Brigham Young, nakuha ng isa sa kanyang mga asawa, si Zina D. H. Young, na kalauna'y naging ikatlong Relief Society general president, ang isang kulay-tsokolateng bato ng tagakita mula sa kanyang mga ari-arian na tugma sa mga paglalarawan ng batong ginamit ni Joseph sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, at ibinigay ito sa Simbahan.[6] Magmula noon, kinilala na ng sumunod na mga pinuno ng Simbahan na pag-aari ng Simbahan ang bato ng tagakita.[7]

MGA TALA

1. David Whitmer, *An Address to All Believers in Christ* (1887), 32.
2. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabalik ni Oliver Cowdery sa Simbahan bago siya namatay, tingnan sa Scott F. Faulring, "The Return of Oliver Cowdery," sa John W. Welch at Larry E. Morris, mga editor, *Oliver Cowdery: Scribe, Elder, Witness* (2006), 321–62.
3. Tingnan sa Minutes, Set. 30, 1855, Church History Library, Salt Lake City; "David Whitmer," *The Historical Record,* Okt. 1888, 623; Maria L. Cowdery Johnson to David Whitmer, Ene. 24 1887, Community of Christ Library-Archives, Independence, Missouri; at Franklin D. Richards, Journal, Mar. 9, 1882, Church History Library.
4. Minutes, Abr. 17, 1853, Church History Library.
5. Minutes, Set. 30, 1855, Church History Library.
6. Tingnan sa Zina Young to Franklin D. Richards, Hulyo 31, 1896, sa Journal History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Hulyo 31, 1896, 4, Church History Library.
7. Tingnan sa B. H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church,* 6:230–31; Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo (1954–56), 3:225; Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* ika-2 ed. (1966), 818–19.



SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

Noong 1883, itinampok ng* The Contributor, *isang magasing inilathala ng Simbahan, ang Tatlong Saksi ng Aklat ni Mormon. Noon pa man ay alam na ng mga Banal sa mga Huling Araw na mahalaga ang papel ng bawat lalaki sa pagtulong kay Joseph Smith na maisalin at mailathala ang Aklat ni Mormon.

pansin ng mga tao sa kung paano lumabas ang aklat at hindi sa aklat mismo.

Ang pinakamahalagang punto ni Joseph Smith tungkol sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay na ginawa niya ito "sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos."[24] Ang aklat mismo, pagtuturo niya sa mga lider ng Simbahan, "ang pinakatumpak sa anumang Aklat sa mundo at ang saligang bato ng ating relihiyon," at sa pagsunod sa mga tuntunin nito, ang mga mambabasa ay "mas mapapalapit sa [D]iyos . . . kaysa [sa] alin mang aklat."[25] ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 115.
2. Pambungad sa Aklat ni Mormon, bandang Ago. 1829, sa *Documents, Tomo 1: Hulyo 1828–Hunyo 1831,* tomo 1 ng Documents series ng *The Joseph Smith Papers* (2013), 93. Tingnan din sa "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi," Aklat ni Mormon.
3. Tingnan sa Exodo 4:1–5, 17, 20–21; 7:8–21; 8:16–19; 9:22–26; 10:12–15; 14:15–18; 17:1–13; Mga Bilang 17:1–10; 20:7–11; Sa Mga Hebreo 9:4.
4. Tingnan sa Mga Bilang 21:7–9; Juan 3:14–15.
5. Tingnan sa Exodo 28:12; 35:9, 27; I Samuel 23:9–12; 30:7–8.
6. Tingnan sa Exodo 28:30; Levitico 8:8; Mga Bilang 27:21; Deuteronomio 33:8; I Samuel 28:6; Ezra 2:63; Nehemias 7:65.
7. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa kulturang ito ng relihiyon noong ika-19 na siglo, tingnan sa *Journals, Volume 1: 1832–1839,* tomo 1 ng Journals series ng *The Joseph Smith Papers* (2008), xix; at *Revelations and Translations, Volume 3: Printer's Manuscript of the Book of Mormon,* tomo 3 ng Revelations and Translations series ng *The Joseph Smith Papers* (2015), xv–xvi; Dallin H. Oaks, "Recent Events Involving Church History and Forged Documents," *Ensign,* Okt. 1987, 68–69.
8. Tingnan sa pahayag ni Joseph Smith Sr., na sinipi sa Francis W. Kirkham, *A New Witness for Christ in America: The Book of Mormon,* tomo 2 (1959), 366; tingnan din sa Lucy Mack Smith, "Lucy Mack Smith, History, 1844–1845," aklat 3, pahina 10, josephsmithpapers.org/paperSummarylucy-mack-smith-history-1844-1845. Nagunita ni Martin Harris na sinubukan niya ang kakayahan ni Joseph nang ipahanap niya rito ang isang aspili sa bunton ng mga dayami (tingnan sa "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Hulyo 1859, 164).
9. Tingnan, halimbawa, sa Joseph Smith—Kasaysayan sa Mahalagang Perlas.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:10–11. Tingnan din sa pinakaunang pananalita sa tinatawag ngayong Doktrina at mga Tipan 8, ukol kay Oliver Cowdery nang hangarin niyang tulungan si Joseph Smith sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon (Revelation, Abr. 1829–B, sa *Documents, Volume 1: July 1828–June 1831,* 44–47).
11. Joseph Smith, "History, ca. Summer 1832," sa *Histories, Volume 1: 1832–1844,* tomo 1 ng Histories series ng *The Joseph Smith Papers* (2012), 14.
12. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:35; Joseph Smith, "Church History," sa *Histories, Volume 1: 1832–1844,* 495; Martin Harris, sa "Mormonism—No. II," 165–66; "Lucy Mack Smith, History, 1844–1845," aklat 5, mga pahina 7–8, josephsmithpapers.org.
13. Tingnan, halimbawa, sa "Lucy Mack Smith, History, 1844–1845," aklat 5, josephsmithpapers.org.
14. Hindi kataka-taka na ang pagkakaibang ito ay naging palaisipan sa mga komentarista. Tingnan, halimbawa, sa Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* ika-2 ed. (1966), 307–8; Joseph Fielding McConkie at Robert L. Millet, *Doctrinal Commentary on the Book of Mormon,* 4 na tomo (1987–92), 3:278; at Matthew B. Brown, *All Things Restored: Confirming the Authenticity of LDS Beliefs* (2000), 62.
15. Tingnan sa William W. Phelps, Funeral Sermon of Joseph and Hyrum Smith, Church History Library, Salt Lake City; Orson Pratt, "Explanation of Substituted Names in the Covenants," *The Seer,* Mar. 1854, 229; William W. Phelps, liham kay Brigham Young, Abr. 10, 1854, sa Brigham Young, Office Files, 1832–1878, Church History Library, Salt Lake City; at sa Revelations and Translations, Volume 2: Published Revelations, tomo 2 ng Revelations and Translations series ng The Joseph Smith Papers (2011), 708–9. Tingnan sa *Revelations and Translations, Volume 2: Published Revelations,* tomo 2 ng Revelations and Translations series ng *The Joseph Smith Papers* (2011), 708–9.
16. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa pagsasalin, tingnan sa "Book of Mormon Translation," na makikita sa lds.org/topics/book-of-mormon-translation. Tingnan din sa Russell M. Nelson, "A Treasured Testament," *Ensign,* Hulyo 1993, 61–65; Neal A. Maxwell, "By the Gift and Power of God," *Ensign,* Ene. 1997, 36–41.
17. Halimbawa, tinawag ni Wilford Woodruff ang isang bato ng tagakita na nakita niya sa Nauvoo na Urim at Tummim (Wilford Woodruff journal, Dis. 27, 1841, Church History Library). Tingnan din sa *Revelations and Translations, Volume 3: Printer's Manuscript of the Book of Mormon,* xix.
18. Tingnan sa *Revelations and Translations, Volume 3: Printer's Manuscript of the Book of Mormon,* xviii–xix.
19. Para sa maikling buod ng mga simulain ng pagsisikap na ito, tingnan sa *Documents, Volume 1: July 1828–June 1831,* 150–52.
20. Minutes, Abr. 17, 1853, Church History Library.
21. "Two Days' Meeting at Brigham City, June 27 and 28, 1874," *Millennial Star,* Ago. 11, 1874, 498–99.
22. Minutes, Set. 30, 1855, Church History Library.
23. Minutes, Okt. 25–26, 1831, sa *Documents, Volume 2: July 1831–January 1833,* tomo 2 ng Documents series ng *The Joseph Smith Papers* (2013), 84.
24. Paunang salita sa Aklat ni Mormon, bandang Ago. 1829, sa *Documents, Volume 1: July 1828–June 1831,* 93. Tingnan din ang "Patotoo ng Tatlong Saksi," Aklat ni Mormon.
25. Joseph Smith, sa Wilford Woodruff journal, Nob. 28, 1841, Church History Library; o pambungad sa Aklat ni Mormon.

SA PAMAMAGITAN NG KALOOB AT KAPANGYARIHAN NG DIYOS, NI SIMON DEWEY, SA KAGANDAHANG-LOOB NG ALTUS FINE ARTS

PAGLALARAWAN NG PROSESO NG PAGSASALIN

Sa paglipas ng mga taon, hinangad ng mga pintor na ilarawan ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon, na ipinapakita ang mga tauhan sa maraming tagpo at nakatayo na may hawak na iba't ibang bagay. Bawat makasining na interpretasyon ay batay sa sariling mga pananaw, pagsasaliksik, at imahinasyon ng pintor, na kung minsan ay suportado ng kuwento at patnubay ng iba. Narito ang ilang tagpong nagawa sa pagdaan ng mga taon.

Paglalarawan ng pintor kay Joseph Smith na pinag-aaralan ang mga lamina. Naalala ni Joseph na "nakasipi [siya] ng marami-raming bilang" ng mga titik mula sa mga lamina. Matapos niyang isalin ang mga titik na ito "sa pamamagitan ng Urim at Tummim," dinala ni Martin Harris ang mga titik kay Charles Anthon at iba pang mga iskolar para pagtibayin ang pagsasalin (Joseph Smith—Kasaysayan 1:62–64).

ISINASALIN NI JOSEPH SMITH ANG AKLAT NI MORMON, NI DEL PARSON.

Paglalarawan ng pintor kina Joseph Smith at Oliver Cowdery na isinasalin ang Aklat ni Mormon. Hindi katulad ng ipinakikita rito, sinabi ni Oliver Cowdery na* hindi *niya nakita ang mga lamina hanggang sa matapos na ang pagsasalin. Iniulat ng mga nakasaksi sa proseso na habang ginagawa ang pagsasalin, hindi nila nakita ang mga lamina, dahil kung minsan ay natatakpan ito ng tela.

Paglalarawan ng pintor kay Joseph Smith na nagsasalin habang suot ang baluti sa dibdib na pinagkabitan ng mga kasangkapan sa pagsasalin o salamin sa mata, na kalaunan ay tinawag na Urim at Tummim.

PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

PAGSASALIN NG MGA LAMINA, NI EARL JONES, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Paglalarawan ng pintor kay Joseph Smith at sa isang eskriba na nagsasalin nang may kumot sa pagitan nila. Bagama't walang kumot na binanggit sa karamihan ng mga paglalarawan sa proseso ng pagsasalin, malinaw na ginamit ito noong una para hindi makita ng eskriba ang mga lamina, salamin sa mata, o baluti sa dibdib. Sa huling bahagi ng pagsasalin, maaaring kumot ang ginamit para ang tagasalin at ang eskriba ay hindi makita ng ibang taong interesadong mapanood ang pagsasalin.

Mga Salitang MAGPAPABAGO SA AMING Mundo

Ni Norman C. Hill
Pangulo, Ghana Accra West Mission

Ipinakita ng isang district council sa Ghana kung paano makalilikha ng mga pagkakataong personal na lumago at maglingkod sa iba ang samasamang pagsasanggunian at paggamit ng local resources.

Gusto ni Sister Vida Osei ng Ghana na matutong bumasa at sumulat sa wikang Ingles. Ilang beses siyang dumalo sa mga programa ng komunidad pero pinanghinaan ng loob at tumigil pagkaraan ng ilang linggo. At isang araw ng Linggo habang nasa mga miting sa Second Branch, nalaman niya na magkakaroon ng English literacy program ang Asamankese District. Nagpasiya siyang subukan ito at mag-enrol.

Hindi nagtagal ay nalaman niya na ang programang ito ay naiiba. Makakasama niya rito ang mga kaibigan sa simbahan. Mga banal na kasulatan ang ginagamit na materyal sa pag-aaral, kaya sabay niyang matututuhan ang Ingles at ang ebanghelyo.

Dalawang buwan matapos magsimula ang klase, inialay ni Vida ang kaunaunahan niyang panalangin sa klase. Pagkaraan ng tatlong buwan, ibinigay niya ang kauna-unahan niyang mensahe sa sacrament meeting, ang ilang bahagi sa wikang Twi, isang lokal na wika sa Africa, at ang iba sa wikang Ingles. Pagkaraan ng apat na buwan, nagsimula siyang magsulat sa isang lumang notebook ng mga order, gastusin, at presyo para sa kanyang trabaho bilang self-employed na modista. Nabawasan ang mga maling nagagawa niya sa kanyang mga kostumer, nakakuha siya ng mas mababang presyo mula sa mga tindera, at kumita ng mas malaki kaysa nakaraang mga buwan.

"Nahihiya akong pumasok sa literacy class kasama ang mga hindi ko kilala," sabi niya. "Pero nang idaos ang literacy class sa meetinghouse kasama ang mga miyembrong kilala ko, lumakas ang loob ko na subukan itong muli. At ngayon nakakabasa na ako ng mga banal na kasulatan at lumaki na ang negosyo ko dahil marunong na akong bumasa at sumulat ng Ingles."

Sa sub-Saharan Africa, maraming tao, lalo na ang kababaihan, na hindi marunong bumasa at sumulat. Napakaraming hindi marunong bumasa at sumulat kaya sabi nga sa isang lumang kasabihan sa Africa, "Kung gusto mong ilihim ang isang bagay, isulat mo ito sa isang aklat." Gayunpaman, para sa kababaihang Banal sa mga Huling Araw na tulad ni Vida, lalong dumarami ang marunong bumasa at sumulat.



PAGLALARAWAN NI TAYLOR CALLERY

Ang mga kalahok, miyembro ng pamilya, at kaibigan ay nagdiwang sa graduation ceremony para sa literacy program na itinaguyod ng district.

Mga Hamon na Lalampasan

Ang limitadong imprastraktura at pampublikong paaralan sa halos lahat ng bansang sub-Saharan ay nangangahulugan ng limitadong mga pagkakataon, lalo na sa mga batang babae. Dahil mahal mag-aral at may mga pagbabawal sa kababaihan sa lipunan, tila mahirap matutong bumasa ang maraming tao. Sa Ghana, halimbawa, kahit Ingles ang opisyal na wika, tinatayang wala pang kalahati ng kababaihan ang nagsasalita ng Ingles. Sa lalawigan ng Ghana, dalawang-katlo ng kababaihang nasa hustong gulang ang hindi marunong bumasa at sumulat.

"Karamihan sa kababaihang nasa hustong gulang sa aming mga bayan at nayon ay hindi nagsasalita ng Ingles," sabi ni Set Oppong, president ng Abomosu District sa Ghana Accra West Mission. "Ang aming lokal na wika, ang Twi, ang sinasalita sa loob ng maraming siglo. Kamakailan lamang nagkaroon ng alpabeto para sa Twi, pero ilang tao lang din ang nagbabasa nito."

"Ang kababaihan ay kailangang umasa sa iba—karaniwan ay sa kanilang asawa kung may-asawa sila, o kapag narinig nila ito mula sa mga kaibigan kung wala silang asawa—para maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo at mga patakaran ng Simbahan," paliwanag ni Georgina Amoaka, ang district Relief Society president. "Maraming gustong maglingkod, pero hindi nila mabasa ang mga manwal o magasin kaya limitado ang kanilang mga oportunidad na makibahagi sa simbahan."

Payo mula sa Council

Dahil ang kababaihan ay hindi marunong magsalita ng Ingles sa kanilang tahanan o sa palengke, ang partisipasyon ng Simbahan ang naghikayat sa kanila na pag-aralan ang wika. Subalit kapwa ang matatagal nang miyembro at mga bagong miyembro ay maaaring makaranas ng pagtutol ng pamilya hinggil sa mga literacy program. Tinalakay ng district council ang problemang ito, at pagkatapos ay kinausap ni President Oppong ang mga lider ng priesthood at auxiliary sa bawat branch tungkol sa isang literacy training na gagawin sa buong district. Bagama't bukas ito sa lahat ng kababaihan sa komunidad, ang programa ay magtutuon sa kababaihan sa Simbahan. Sa halip na anyayahan ang mga tao nang paisa-isa, ang paanyaya ay dumalo nang grupo-grupo—halimbawa, ang mga Relief Society at Primary presidency ay sama-samang dadalo para masuportahan nila ang isa't isa.

Batay sa napag-usapan sa mga branch, nagpasiya ang pamunuan ng district na magdaos ng mga literacy class sa bawat branch tuwing Linggo at dalawang beses pa sa buong linggo. Pagkaraan ng anim-na-buwang pasok sa klase, pagkakalooban ng certificate of completion ang mga dumalo nang regular at nakakumpleto ng homework.

Iniakma ang Resources sa mga Pangangailangan

"Ang isa sa mga hamon ay makahanap ng paraan na maituro ang pagbasa at pagsulat sa mga taong marunong lamang magsalita ng isang wika," paliwanag ni Elder Jim Dalton, isang senior missionary na naglilingkod sa district. "Dahil matagal nang tradisyong gamitin ang Twi bilang wikang sinasalita ngunit hindi isinusulat, karamihan sa mga taong nagsasalita nito ay hindi alam kung paano ito isulat, kaya kinailangan naming magsimula sa pag-aaral na sumulat."

Nakipagtulungan si Ransford Darkwah ng Abomosu District high council sa dalawang returned missionary na sina Francis Ansah at Cecelia Amankwah sa paggamit ng isang manwal na gawa sa kanilang lugar. Ang mga kalahok ay pinakitaan ng mga larawan at pinasulat tungkol sa kanilang nakita. Nakatulong ito para magkaroon sila ng pangunahing kaalaman sa pagsulat habang natututong mag-isip sa wikang Ingles. Kapag natutuhan na ang mga pangunahing kasanayan, maaari nang gumamit ng mas mahihirap na materyal sa pag-aaral.

Paghahanda at Pagbabago

Bago nagsimula ang programa, tinuruan ng mga literacy specialist ang mga tagapagturo hindi lamang tungkol sa mga paraan ng pag-aaral kundi pati na rin kung paano ituro ang pangangalaga sa kalusugan at mga kasanayang magagamit sa buhay ng pamilya. Ngunit maging ang pinakamahusay na training ay hindi nakinita ang ilan sa mga problemang naranasan nang magsimula ang klase: ang madalas na pagkawala ng kuryente sa lugar ay nagpahirap na magturo sa mga klase sa gabi, ang mga bali-balitang may mga sigang minero ng ginto na gagala-gala sa mga kalsada sa gabi ay nakabahala sa kanila, at paminsan-minsan ay hindi nakarating sa takdang oras ang mga mayhawak ng susi para buksan ang mga gusali ng simbahan.

Muli, pinag-usapan ng district council ang kailangang gawin. Bilang tugon sa kanilang payo, nagsimulang magkakasamang magsipasok ang mga grupo ng mga kalahok sa klase. Binigyan sila ng mga flashlight para ligtas silang makalakad sa kanilang daraanan. Pinahintulutan ng mga lokal na lider ang paggamit ng generator para magkaroon ng ilaw sa mga gusali ng simbahan sa gabi. Ipinagkatiwala ang mga susi sa mga miyembrong mapagkakatiwalaan na malapit ang tirahan sa mga gusali para mabuksan nila ang mga ito sa takdang oras.

Mga Pagtatanghal sa Graduation

Animnapu't isang miyembro at investigator ang nagsimula sa programa. Apatnapu't tatlo ang nakakumpleto sa lahat ng sesyon at homework. Sa graduation, inanyayahan silang magbigay ng maikling pagtatanghal.

"Bago nagsimula ang literacy program, ni hindi ako marunong bumasa," sabi ni Sandra Obeng Amoh ng Sankubenase Branch. "Kapag nasa biyahe ang asawa ko para sa trabaho, hindi ako nag-family home evening kahit kailan. Ilang linggo na ang nakararaan noong wala siya, tinulungan ako ng panganay kong anak na mabasa ang manwal at nagbigay ako ng lesson sa Ingles sa mga anak ko. Simula noon ginagawa ko na iyon linggu-linggo kapag wala ang asawa ko sa bahay."

Si Prosper Gyekete, na kahit limitado ang alam sa Ingles ay nanatiling tapat na miyembro sa Abomosu Second Branch, ay nagbasa ng tatlong-pangungusap na patotoo na isinulat niya mismo. Hindi raw siya marunong bumasa at sumulat bago nag-umpisa ang klase pero ngayon ay natutulungan na niya ang kanyang maliliit na anak sa homework nila. "Salamat sa natutuhan ko," sabi niya, "magiging mas mabuti na akong ama."

"Ngayon nababasa ko nang mag-isa ang mga banal na kasulatan," sabi ni Kwaku Sasu ng Kwabeng Branch. "Dati-rati, alam kong totoo ang Aklat ni Mormon kahit hindi ko ito mabasa. Ngayon alam kong totoo ito *dahil* nabasa ko ito. Patuloy na lumalago ang aking patotoo."

Sinabi ng mga miyembro ng Asunafo Branch Relief Society presidency na inilaan nila ang bawat Huwebes sa pakikipag-usap sa isa't isa sa wikang Ingles lamang. "Mas humaba ang ilang pag-uusap sa araw na iyon dahil hindi namin maisip ang mga tamang salitang sasabihin sa isa't isa," sabi ni Evelyn Agyeiwaa, Relief Society president. "Pero kalaunan sinimulan naming isalin ang mga salita para sa isa't isa, na hinahanap ang mga tamang salitang sasabihin. Dahil magkakasama kaming natututo, walang sinuman sa amin ang nahiya o natakot na makapagsabi ng mga maling salita. Nagtulungan lang kami."

Sagana ang Pakinabang

Sinabi ng kababaihang nakatapos ng literacy program sa Abomosu District na gumanda ang pakiramdam nila sa kanilang sarili at mas malamang na makibahagi sila sa simbahan. Naging mas handa silang tumanggap ng mga calling, magbasa ng mga banal na kasulatan, at magturo kapwa sa simbahan at sa bahay. Nakumpleto rin ng ilang kalalakihan ang programa. Karamihan ay pagsasaka ang ikinabubuhay, sinabi nila na mas nakakalkula na nila ngayon ang mga gastusin at benta ng kanilang ani, natutulungan na nila ang mga anak sa kanilang homework, at nababasa na nila ang mga banal na kasulatan na mag-isa at kasama ang kanilang pamilya.

Nahikayat ng tagumpay sa Abomosu, naglunsad din ng sarili nilang literacy program ang kalapit na Asamankese District.

"Ang pagkatutong bumasa at sumulat ay nagpapabago sa aming buhay at sa buhay ng aming mga anak," sabi Gladis Aseidu ng Sankubenase Branch. "Ang mga salita ay nagpapabago sa aming mundo, at nagpapasalamat kami sa ating Ama sa Langit." ■



BINIGYANG-INSPIRASYONG PAG-ASA SA SARILI

"Walang iisang sagot na akma sa lahat sa gawaing pangkapakanan ng Simbahan. Ito ay isang programang sariling-sikap kung saan responsibilidad ng bawat isa na umasa sa kanyang sarili. Kabilang sa mga mapagkukunan natin ng tulong ang personal na panalangin, mga talento at kakayahang bigay sa atin ng Diyos, mga ari-arian ng ating sariling pamilya at ng ating mga kamag-anak, iba't ibang tulong mula sa komunidad, at siyempre pa ay ang mapagmalasakit na suporta ng mga korum ng priesthood at ng Relief Society. . . .

"Sa huli kailangang gawin ninyo sa inyong lugar ang ginagawa ng mga disipulo ni Cristo sa bawat dispensasyon: payuhan ang isa't isa, gamitin ang lahat ng makukuhang tulong, hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo, hingin ang pagsang-ayon ng Panginoon, at ihanda ang sarili at kumilos."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Pagtulong sa Paraan ng Panginoon," *Liahona*, Nob. 2011, 53–56.

LARAWAN NG TELA NG AFRICANWAY/ISTOCK/THINKSTOCK



Ni Carol F. McConkie
Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Pagtuturo sa mga Kabataan

KUNG PAANO MAMUNO SA PARAAN NG TAGAPAGLIGTAS

Ang ating mga kabataan ay hindi lamang mga lider sa hinaharap. Sila ay mga lider ngayon. Matutulungan natin silang mamunong katulad ng Tagapagligtas.

Sa mga magulang at lider ng mga kabataan, si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsalita tungkol sa sensitibong balanse na kailangan nating matagpuan: "Anyayahan ang mga kabataan na kumilos. Kailangan ay naroon kayo, ngunit hayaan silang kumilos. Gabayan sila nang hindi sila pinangungunahan."[1]

Matutulungan ng mga magulang at lider ang mga kabataang lalaki at babae na matuto ng mga alituntuning maghahanda sa kanila na mamuno sa kabutihan at itayo ang kaharian ng Diyos sa lupa.

Noong 14 anyos ako, nakilala ko ang ilang kabataang babae na mahuhusay na lider. Noong panahong iyon, lumipat mula sa isang panig ng Estados Unidos ang pamilya ko at napabilang sa isang bagong ward. Hindi ko maalala kung sino ang nasa Mia Maid class presidency, pero natatandaan ko na talagang mabait sa akin ang mga kabataang babae. Taos-puso nilang tinanggap ang isang takot at maliit na bagong dalagitang gaya ng isang matagal-nang-nawawalang kaibigan at ipinadama nilang kabilang ako. Mula sa Delaware, kung saan ako lang ang dalagitang Mormon sa aming junior high school at kung saan ang kaisa-isa pang dalagitang Mormon na kilala ko ay nakatira sa isang lugar na isang oras ang biyahe mula sa bahay namin, naisip ko, *"Ganito* siguro sa langit!"

Sa kauna-unahang pagkakataon sa buhay ko, nagkaroon ako ng mga kaibigang ipinamumuhay ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* nag-anyaya sa akin na sumali sa mga aktibidad, at nagbahagi sa akin ng kanilang patotoo sa ebanghelyo. Ang halimbawa nila ng mapagmahal na kabaitan ay mas naglapit sa akin sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong panahong iyon kaysa sa nagawa ng anumang mensahe o lesson. Sa kanilang pagmamahal at liwanag na katulad ng kay Cristo, sila ang mensahe ng ebanghelyo ni Cristo, at sila ang umakay at gumabay sa akin tungo sa Kanyang kawan.

Bakit naging mahuhusay na lider ang mga bago kong kaibigan?

Ipinaliwanag ng isang binatang missionary ang pamumuno sa napakasimpleng paraan. Sabi niya: "Kailangan ay nasa tamang lugar tayo sa tamang panahon na ginagawa ang kalooban ng Panginoon at tinutulungan ang taong nangangailangan ng ating tulong. Iyan ang pagiging lider."[2] Dahil sa pagkatao nila at sa Liwanag ni Cristo na nagningning sa kanila, ang matatapat na kabataang lalaki at babae sa buong Simbahang ito ay may kakayahang *mamuno sa paraan ng Tagapagligtas* at "tulungan ang ibang tao na maging mga tunay na alagad ni . . . Jesucristo."[3]

Bilang mga lider tayo ay namumuno, gumagabay, at pumapatnubay sa ating mga kabataang lalaki at babae. Ngunit ang mga class at quorum presidency ang responsable sa pamumuno at pamamahala sa gawain ng kanilang mga klase at korum, kabilang na ang pagpili ng mga aralin tuwing Linggo at pagpaplano ng mga aktibidad sa karaniwang araw. Ang mga lider ng klase at korum ay tinatawag at itinatalaga sa ilalim ng pamamahala ng mga mayhawak ng mga susi ng priesthood; sa gayon sila ay may awtoridad na mamuno at magpalakas sa iba pang mga kabataan.

Tinutularan nila ang halimbawa ng Tagapagligtas at natututong maglingkod tulad ng paglilingkod Niya at magministeryo tulad ng ginawa Niya.

Mga Pagkakataon para Mamuno sa mga Kabataan

Ang pamumuno ay nagsisimula sa tahanan. "Ang pagganap ng ating tungkulin sa Diyos bilang mga magulang at lider ay nagsisimula sa pamumuno sa pamamagitan ng halimbawa—patuloy na masigasig na ipinamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa tahanan," pagtuturo ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Kailangan nito ng determinasyon at sigasig araw-araw."[4] Itinuturo ng mga magulang ang doktrina ni Cristo. Tinutulungan nila ang mga kabataan na magtakda at magsakatuparan ng mga mithiin. Ang Pansariling Pag-unlad at Tungkulin sa Diyos ay tumutulong sa mga kabataan na mapalakas ang kanilang patotoo tungkol kay Jesucristo, maging handang gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan, at gampanan ang kanilang mga banal na tungkulin at responsibilidad sa pamilya, sa tahanan, at sa Simbahan.

Sa simbahan, ang mga lider ng Aaronic Priesthood at Young Women ay matutulungan ang mga kabataang naglilingkod sa mga quorum at class presidency na maunawaan ang kanilang mga sagradong tungkulin at gampanang mabuti ang kanilang mga calling na pangalagaan at palakasin ang lahat ng miyembro ng korum at klase.

Bilang mga adult leader, inihahanda natin ang mga kabataan para mangasiwa sa mga miting ng korum at klase at mga aktibidad sa Mutual. Pinupulong natin ang mga kabataan sa mga presidency meeting habang nagpapasiya sila kung paano paglilingkuran ang mga nahihirapan, isasama ang lahat ng kabataan sa mga aralin tuwing Linggo, at magpaplano ng mga aktibidad, proyektong pangserbisyo, kamping, at youth conference.

Hinihikayat natin ang mga youth presidency na tulungan ang lahat ng miyembro ng korum at klase na makibahagi sa lahat ng aspeto ng gawain ng kaligtasan, kabilang na ang member missionary work, pagpapanatiling aktibo sa mga bagong miyembro, pagpapaaktibo sa mga di-gaanong aktibong miyembro, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo.[5] Tinutulungan ng mga youth presidency ang lahat ng kabataang lalaki at babae na madama ang kagalakan at ang pagpapala ng paglilingkod sa pangalan ng Tagapagligtas at pagpapakain sa Kanyang mga tupa.

Ang gawain ng lider ay hindi tungkol sa kakayahang gumawa ng perpektong handout o magbigay ng lektyur na puno ng katotohanan. Ang gawain ng lider ay tulungan ang mga kabataang lalaki at babae na matutuhan at maipamuhay ang mga alituntuning tutulong sa *kanila* na mamuno sa paraan ng Tagapagligtas. Narito ang apat sa mga alituntuning iyon.[6]

Espirituwal na Maghanda

Tulungan ang mga kabataan na maunawaan ang bisa ng kanilang sariling espirituwal na paghahanda. Turuan silang sumampalataya sa mga tipang ginagawa nila sa ordenansa ng sakramento. Ang kahandaan nilang taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Cristo, alalahanin Siya, at sundin ang Kanyang mga kautusan ay nagpapamarapat sa kanila sa tuwina sa patnubay ng Espiritu Santo. Hindi sila nag-iisa sa kanilang paglilingkod kapag tumanggap, kumilala, at kumilos sila ayon sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo.

Espirituwal silang naghahanda sa pamamagitan ng pagdarasal nang taimtim para mapatnubayan at pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan para sa mga sagot. Sinisikap nilang sundin ang mga kautusan upang mangusap ang Espiritu Santo sa kanilang puso't isipan upang madama at malaman nila kung sino ang nangangailangan ng kanilang tulong at ano ang magagawa nila. Nadarama nila ang dalisay na pag-ibig ni Cristo para sa bawat miyembro ng klase o korum.

Ang espirituwal na paghahanda ay nagbibigay ng tiwala sa mga

ANG TAMA AT SAPAT NA PATNUBAY

Kailangan ng mga kabataan ang magkakaibang antas ng suporta habang natututo silang mamuno. Ang ilan ay kaya nang gumawang mag-isa; ang iba ay ng mangangailangan ng higit na patnubay. Ang mga magulang ay maaaring magsanggunian habang tinutulungan nila ang kanilang mga anak na matutong mamuno, at ang mga Young Men at Young Women presidency ay maaaring magsanggunian sa isa't isa at nang kasama ang bishopric sa pagpapasiya kung gaano nila papatnubayan ang bawat kabataan sa ward. Ang mithiin: tulungan ang bawat kabataang lalaki at babae na mas humusay, simula sa alam na nila.

kabataan na sila ay mga kinatawan ng Panginoon at na sila ay nasa Kanyang paglilingkod (tingnan sa D at T 64:29).

Lumahok sa mga Council

Ituro sa mga kabataan ang pangunahing kaayusan at ang naghahayag na kapangyarihan ng mga council kapag nakilahok sila sa prosesong ito na itinatag ng langit na ginagamit sa pamamahala sa Simbahan ng Panginoon at sa pagpapala sa mga indibiduwal at pamilya.[7] Ang mga bishopric youth committee at quorum at class presidency meeting ay mga council kung saan natututuhan ng mga kabataan ang kanilang mga tungkulin at tumatanggap sila ng mga responsibilidad na maglingkod sa iba.

Ang mga miyembro ng mga council ay:

- Nagkakaisa at sinusunod ang tagubilin ng mga lider ng priesthood, na mayhawak ng mga susi ng priesthood.
- Nagbabahagi ng kanilang mga iniisip at ideya na may diwa ng katuwiran, kabanalan, pananampalataya, kabutihan, pagtitiis, pag-ibig sa kapwa, at kabaitan na parang kapatid.
- Nagtutulungan, ayon sa patnubay ng Espiritu Santo, sa pagpaplano ng gagawin nila para tulungan ang mga nangangailangan.

Maglingkod sa Iba

Ang mga kabataan ay namumuno sa paraan ng Tagapagligtas kapag naglingkod sila nang may pagmamahal at kabaitan. Itinuro ni Joseph Smith: "Wala nang ibang paraan para mailayo ang mga tao sa pagkakasala kundi hawakan sila sa kamay, at bantayan sila nang buong giliw. Kapag nagpapakita ng kaunting kabaitan at pagmamahal ang mga tao sa akin, Ah nangingibabaw ito sa aking isipan."[8]

Itinuro ng Tagapagligtas ang kahalagahan at walang katumbas na halaga ng bawat kaluluwa (tingnan sa D at T 18:10–15). Tulungan ang ating mga kabataan na maunawaan ang maluwalhating katotohanan na inialay ni Jesucristo ang Kanyang buhay at binuksan ang daan para lahat ay makalapit sa Kanya. Bilang pasasalamat sa Kanyang ginawa, ang mga tunay na lingkod ng Panginoon ay tumutulong at naglilingkod nang may mapagmahal na kabaitan sa bawat kabataang lalaki at babae, na siyang dahilan kaya isinakripisyo ng Tagapagligtas ang lahat.

Ituro ang Ebanghelyo ni Jesucristo

Tulungan ang mga kabataang lalaki at babae na mahiwatigan ang mga pagkakataong ituro ang ebanghelyo at maunawaan na ang magiging pinakamahalaga nilang pagtuturo ay ang kanilang halimbawa. Kapag namuhay ang mga kabataan ayon sa mga salita ng mga propeta at sumunod sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* namumuno sila sa paraan ng Tagapagligtas. Sa katapatan ng kanilang mga salita at kilos, ipinapakita nila ang ibig sabihin ng pagiging tunay na disipulo ni Jesucristo. Sila ay tumatayo bilang Kanyang mga saksi nang walang pagkukunwari. Pagkatapos, kapag sila ay nagpatotoo, tumulong sa pagtuturo ng isang aralin sa araw ng Linggo, o nagbahagi ng mga katotohanan ng ebanghelyo sa kanilang mga kaibigan, mapupuspos sila ng Espiritu at ang kanilang mga salita ay magpapabago ng puso.

Mamuno sa Paraan ng Tagapagligtas

Ang mamuno sa paraan ng Tagapagligtas ay isang sagradong pribilehiyong mangangailangan ng lubos na kakayahan ng mga kabataan kapag naglingkod sila sa Panginoon sa tahanan, sa Simbahan, at sa komunidad. Ang mga kabataang lalaki at babae na namumuno sa paraan ng Tagapagligtas ay nagiging mensahe ng ebanghelyo ni Jesucristo, sagot sa dalangin ng isang tao, mga anghel na naglilingkod sa mga nangangailangan, at liwanag ni Cristo sa mundo. ■

MGA TALA

1. David A. Bednar, "Youth and Family History," lds.org/youth/family-history/leaders.
2. Liham mula sa apo ni Carol F. McConkie, Mar. 13, 2015.
3. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 3.1.
4. Robert D. Hales, "Ang Ating Tungkulin sa Diyos: Ang Misyon ng mga Magulang at Lider para sa Bagong Henerasyon," *Liahona,* Mayo 2010, 95.
5. Tingnan sa *Handbook 2,* 5.
6. Tingnan sa *Handbook 2,* 3.2.
7. Tingnan sa *Handbook 2,* 4.1.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 462, 502.

PAGDIRIWANG NG FAMILY HOME EVENING

Noong 1915, pinayuhan tayo ng mga propeta sa mga huling araw na maglaan ng isang gabi bawat linggo para sa ating pamilya. Tinawag itong "home evening" noong una—isang panahon para pag-aralan ang ebanghelyo at magkatuwaan, habang pinatatatag ang ating ugnayan sa lupa at sa kawalang-hanggan.

Isang daang taon pagkaraan, patuloy pa rin tayong tinutulungan ng family home evening na maging walang hanggan ang mga pamilya. Nangako ang mga propeta na sa pamamagitan nito, magkakaroon tayo ng mas matibay na pananampalataya at espirituwal na lakas sa ating puso, at higit na proteksyon, pagkakaisa, at kapayapaan ang mananahan sa ating mga tahanan.

Tayong lahat ay kabilang sa isang pamilya sa lupa at bahagi ng pamilya ng ating Ama sa Langit. Saanman tayo naroon sa mundo at anuman ang ating sitwasyon sa buhay, maaari tayong magdiwang at makibahagi sa family home evening. ■

Kaliwa: Ang pamilya Moua na lumipat kamakailan sa Thailand, kung saan sila natuto tungkol sa ebanghelyo at nabinyagan. Sa family home evening pinag-aaralan nila ang Aklat ni Mormon kapwa sa Hmong, na kanilang sariling wika, at sa Thai, na wika ng kanilang bagong tahanan.

Ibaba: Pagkakatuwaan at paglalaro ang isang paraan para maging malapit sa isa't isa ang pamilya Santos ng Portugal sa family home evening.

Kanan: Ang pamilya ay higit pa sa ina, ama, at mga anak sa Democratic Republic of Congo. Kaya kapag tinitipon ni Brother Suekameno ang kanyang pamilya para sa home evening, maraming kanayon nila ang masayang sumasali.

Itaas: Si Sister Gercan ng Pilipinas ay gumagamit ng mga awitin sa Primary at tradisyonal na musika para ituro sa kanyang mga anak ang kagalakan ng ebanghelyo.

Itaas: Ang pamilya Anderson, na nakalarawan dito sa kusina ng kanilang tahanan sa Georgia, USA, ay mahilig gumawa ng cookies. Kung minsan ay ginagamit nila itong bahagi ng isang aralin o bilang meryenda.

Itaas: Sina Brother at Sister Reynolds ng Washington, USA, ay naghahanap ng mga paraan upang maituro nang simple ang ebanghelyo para matutuhan at maunawaan ito ng kanilang maliliit na anak.

Kanan, mula itaas: Isinama ng pamilya Espinoza ng Bolivia ang kanilang mahal na lola sa family home evening habang kumakanta sila at natututo tungkol sa ebanghelyo.

Para sa pamilya Jin ng Georgia, USA, ang family history ay paboritong aktibidad sa home evening. Natutuwa silang magturo sa kanilang mga anak tungkol sa lahi nilang Koreano.

Ang pamilya Ligertwood ng Australia ay namamasyal kung minsan bilang bahagi ng family home evening, at ginagalugad ang magagandang bahagi ng kanilang lungsod.

Tingnan ang pahina 3 sa bawat isyu ng Liahona *para sa mga ideya sa family home evening.*

Magbahagi ng mga larawan o video ng inyong family home evening gamit ang #FamilyNight.

Alamin ang iba pa safacebook.com/liahona.magazine (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol).

Sa pag-unawa at pagsunod sa plano ng Diyos, inii-wasan nating malihis ng landas pabalik sa ating Ama sa Langit.

Ni Elder Robert D. Hales
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Plano ng Kaligtasan

ISANG SAGRADONG YAMAN NG KAALAMAN NA GAGABAY SA ATIN

Ang susi sa tagumpay natin sa premortal na buhay ay ang pagsuporta natin sa plano ng Ama. Ito rin ang susi sa tagumpay natin sa mortal na buhay.

Madalas kong isipin ang kawalang-pag-asa ng mga anak ng Diyos na nagpagala-gala sa madilim at mapanglaw na mundo, hindi nalalaman kung sino sila, saan sila nanggaling, bakit sila narito sa lupa, o saan sila pupunta pagkatapos ng buhay nila sa lupa.

Hindi natin kailangang magpagala-gala. Inihayag na ng Diyos ang mga walang-hanggang katotohanan para sagutin ang mga tanong na ito. Matatagpuan natin ang mga ito sa Kanyang dakilang plano para sa Kanyang mga anak. Sa mga banal na kasulatan ang planong ito ay kilala bilang "plano ng pagtubos,"[1] "plano ng kaligayahan,"[2] at "plano ng kaligtasan."[3]

Sa pag-unawa at pagsunod sa plano ng Diyos, iniiwasan nating malihis ng landas pabalik sa ating Ama sa Langit.[4] Sa gayon lamang natin matatamo ang uri ng Kanyang pamumuhay, na "buhay na walang hanggan, . . . [ang] pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos."[5]

Ang kaloob na buhay na walang hanggan ay sulit sa anumang pagsisikap na pag-aralan, matutuhan, at ipamuhay ang plano ng kaligtasan. Ang buong sangkatauhan ay mabubuhay na mag-uli at bibiyayaan ng imortalidad. Ngunit ang pagkakamit ng buhay na walang hanggan—ang uri ng pamumuhay ng Diyos[6]—ay karapat-dapat sa pamumuhay natin ng plano ng kaligtasan nang buong puso, pag-iisip, kakayahan, at lakas.

ANG MGA PUNO NG BEECH, NI ASHER BROWN DURAND, © THE METROPOLITAN MUSEUM OF ART, IMAGE SOURCE: ART RESOURCE, NY, HINDI MAAARING KOPYAHIN

Pag-unawa sa Plano ng Kaligtasan

May hatid na kapangyarihan ang kaalaman tungkol sa plano! Ang plano ng kaligtasan ay isa sa pinakamalalaking kayamanan ng kaalaman na ibinigay sa sangkatauhan dahil ipinaliliwanag nito ang walang-hanggang layunin ng buhay. Kung wala ito, talagang nagpapagala-gala tayo sa dilim. Kaya nga ang huwaran ng Diyos ay magbigay ng mga kautusan sa Kanyang mga anak "*matapos* maipaalam sa kanila ang plano ng pagtubos."[7]

Ang hangarin ko ay tulungan ang bawat isa sa atin na samantalahin ang kayamanang ito ng kaalaman—upang mas maunawaan ang plano ng kaligtasan at ipamuhay ang pagkaunawang iyan sa araw-araw.

Kalayaan

Dahil mahalaga ang kalayaan sa planong ito, magsimula tayo rito. Binigyan tayo ng ating Ama ng kakayahang kumilos o tumangging kumilos[8] ayon sa mga walang-hanggang katotohanan—mga katotohanang nagtutulot sa Diyos na maging Diyos at ang langit na maging langit.[9] Kung gagamitin natin ang ating kalayaan para tanggapin at ipamuhay ang mga katotohanang ito, tatanggap tayo ng walang-hanggang kagalakan. Sa kabilang banda, kung ginagamit natin ang ating kalayaan para sumuway, para tanggihan ang mga batas ng Diyos, nagdurusa tayo at nalulungkot.[10]

Ang kalayaan ay isang alituntuning may kinalaman sa tatlong bahagi ng plano ng kaligtasan: premortal na buhay, mortal na buhay, at kabilang-buhay.

Si Jesucristo ang pinakamamahal na Anak ng Ama, hinirang at inorden sa simula pa lamang.

Premortal na Buhay

Tulad ng nakasaad sa "Ang Mag-anak, Isang Pagpapahayag sa Mundo," bawat isa sa atin "ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang sa langit" na may "katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos."[11] Sa kapulungan sa langit bago tayo isinilang, ipinaliwanag sa atin ng Ama sa Langit ang Kanyang plano ng pagtubos.[12] Ang plano ay batay sa doktrina, batas, at mga alituntuning umiiral na noon pa man.[13] Nalaman natin na kung tatanggapin at susundin natin ang plano, kailangan ay handa tayong lisanin ang kinaroroonan ng ating Ama at masubukan upang ipakita kung pipiliin nating mamuhay ayon sa Kanyang mga batas at kautusan.[14] Nagalak tayo sa pagkakataong ito[15] at mapagpasalamat na sumang-ayon sa plano dahil nagbigay ito sa atin ng paraan na maging katulad ng ating Ama sa Langit at magtamo ng buhay na walang hanggan.

Ngunit mayroon ding panganib sa plano: kung pinili natin sa mortalidad na hindi mamuhay ayon sa mga walang-hanggang batas ng Diyos, matatanggap natin ang isang bagay na mas mababa sa buhay na walang hanggan.[16] Alam ng Ama na magkakamali at magkakasala tayo habang natututo tayo sa mga karanasan natin sa mortalidad, kaya naglaan Siya ng Tagapagligtas para tubusin mula sa kasalanan ang lahat ng nagsisisi at pagalingin ang mga espirituwal at emosyonal na sugat ng mga masunurin.[17]

Si Jesucristo ang pinakamamahal na Anak ng Ama, hinirang at inorden sa simula pa lamang.[18] Sinuportahan Niya ang plano ng Ama at nagmungkahing maging ating Tagapagligtas, sinasabing: "Narito ako, isugo ako."[19] Sa gayon, si Jesus ay hinirang ng Ama na maging Tagapagligtas na mabubuhay nang walang anumang bahid ng kasalanan sa mortalidad, magbabayad-sala para sa ating mga kasalanan at dalamhati, at mabubuhay na mag-uli upang kalagin ang mga gapos ng kamatayan.

Si Lucifer, na kilala bilang si Satanas, ay naroon din sa premortal na buhay.[20] Dahil sa kanyang mga makasariling dahilan siya ay tumanggi sa plano, naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao, at naghimagsik laban sa Ama.[21] Bunga nito, si Satanas at ang mga sumunod sa kanya ay hindi magkakaroon ng katawan kailanman. Nawala sa kanila ang pagkakataong makibahagi sa plano ng Ama at nawala ang kanilang banal na tadhana.[22] Ngayon ay patuloy silang naghihimagsik laban sa Diyos at naghahangad na ibaling ang puso't isipan ng sangkatauhan laban sa Kanya.[23]

Ang mundong ito ay ipinlano at nilikha para sa mga tumanggap ng plano ng Ama.[24] Dito ay nagtamo tayo ng katawang nilikha sa larawan at wangis ng Diyos. Dito ay sinusubukan at pinatutunayan tayo. Dito ay nagtatamo tayo ng mga karanasang kinakailangan para magmana ng buhay na walang hanggan.[25]

Mortal na Buhay

Nilikha ng Diyos sina Adan at Eva at ikinasal sila bilang mag-asawa, at inilagay sa Halamanan ng Eden, at inutusan silang magkaroon ng mga anak.[26] Gamit ang kanilang kalayaan, magkasamang bumaba sina Adan at Eva mula sa kinaroroonan ng Diyos at naging mortal na nilalang.[27] Ito ang tumupad sa plano ng Ama para maging posibleng magkaroon sila ng mga anak, na hindi nila magagawa sa Halamanan ng Eden.[28] Ayon sa walang-hanggang batas, ang banal na kapangyarihang

DETALYE MULA SA SI *CRISTO SA EMAUS*, NI CARL HEINRICH BLOCH; DETALYE MULA SA *ADAN AT EVA*, NI DOUGLAS M. FRYER

Gamit ang kanilang kalayaan, magkasamang bumaba sina Adan at Eva mula sa kinaroroonan ng Diyos at naging mortal na nilalang. Ito ang tumupad sa plano ng Ama para maging posibleng magkaroon sila ng mga anak.

magkaanak ay kailangang gamitin sa loob ng hangganang itinakda ng ating Ama sa Langit. Ang paggawa nito ay nagbibigay ng pagkakataong magalak nang walang hanggan. Ang anumang paggamit ng sagradong kapangyarihang ito sa labas ng mga hangganang itinakda ng Diyos ay magbubunga ng kalungkutan sa huli.[29]

Si Satanas, na naghahangad na lahat ay "maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili,"[30] ay nagtatangkang ilayo tayo sa mga pagkakataong hatid ng plano ng Ama. Bakit tinutulutan ng Ama sa Langit na tuksuhin tayo ni Satanas? Dahil alam Niya na ang oposisyon ay kailangan para sa ating paglago at pagsubok sa mortalidad.[31] Ang oposisyon ay nagbibigay sa atin ng walang-katumbas na pagkakataong bumaling sa Diyos at umasa sa Kanya. Dahil ang mabuti at masama ay laging nasa ating harapan, malinaw nating maipapahayag ang mga hangarin ng ating puso sa pagtanggap sa isa at pagtanggi sa isa pa.[32] Ang oposisyon ay matatagpuan sa mga tukso ni Satanas ngunit gayundin sa sarili nating kahinaan, mga mortal na karupukan na likas sa kalagayan ng tao.[33]

Upang tulungan tayong pumili nang matalino, inihayag ng Diyos ang Kanyang plano ng pagtubos at nagbigay ng mga kautusan,[34] ng Liwanag ni Cristo,[35] at ng patnubay ng Espiritu Santo.[36] Subalit sa kabila ng lahat ng kaloob na ito, bawat isa sa atin sa makasalanang mundong ito ay nagkakasala, kaya nga lahat tayo ay hindi makakapasok sa kinaroroonan ng Diyos sa ating sariling kakayahan.[37] Kaya nga ang Kanyang maawaing plano ay naglalaan ng isang Tagapagligtas.

Si Jesucristo ay pumarito sa lupa bilang Bugtong na Anak ng Diyos at ganap na isinakatuparan ang Kanyang nakatalagang misyon sa pagsunod sa kalooban ng Ama sa lahat ng bagay.[38] Ayon sa maawaing plano ng Ama, ang mga epekto ng Pagkahulog ay nagapi ng Pagkabuhay na Muli ng Tagapagligtas,[39] ang mga bunga ng kasalanan ay madaraig, at ang kahinaan ay magagawang kalakasan, kung sasandig tayo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.[40]

Kabilang sa pinakadiwa ng buhay na walang hanggan ang walang-hanggang kasal ng lalaki at babae, na mahalagang bahagi ng pagiging katulad ng ating mga magulang sa langit.

Maaari lamang tayong maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan. Ito ay nangangailangan ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, pagpapabinyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas sa pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas.[41] Talagang kailangan nating matanggap ang lahat ng mahalagang ordenansa ng priesthood at magtiis hanggang wakas sa pagtupad sa kaugnay na mga tipan.

Kabilang-Buhay

Pagkatapos nating mamatay, haharap tayo sa Tagapagligtas balang-araw upang hatulan.[42] Dahil ang Diyos ay maawain, ang mga sumasampalataya kay Cristo na nagsisisi ay patatawarin at magmamana ng lahat ng mayroon ang Ama, kabilang na ang buhay na walang hanggan.[43] Dahil ang Diyos ay makatarungan, bawat taong hindi nagsisisi ay hindi tatanggap ng kaloob na buhay na walang hanggan.[44] Bawat tao ay gagantimpalaan alinsunod sa kanyang pananampalataya, pagsisisi, mga iniisip, mga hangarin, at mga gawa.[45]

Pamumuhay ayon sa Plano ng Kaligtasan Araw-araw

Kapag naunawaan natin ang buong layunin ng plano at nakita ang ating sarili rito, nagtatamo tayo ng isang bagay na napakahalaga, at kailangang-kailangan: ang walang-hanggang pananaw. Walang-hanggang pananaw ang tumutulong sa ating mga desisyon at gawain sa araw-araw. Pinatatatag nito ang ating isipan at kaluluwa. Kapag napapaligiran tayo ng mga mapang-hikayat at maling opinyon na may epekto sa kawalang-hanggan, tayo ay matatag at di-natitinag.

Tulad ng itinuro ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Kapag hindi natin naunawaan ang plano ng kaligtasan, pati na ang ating premortal na buhay at ang paghuhukom at pagkabuhay na mag-uli, ang pagsisikap na maunawaan ang mismong kabuluhan ng buhay na ito ay matutulad sa pagkakita lamang sa ikalawang yugto ng isang tatlong-yugtong dula."[46] Kailangan nating maunawaan ang unang yugto (premortal na

buhay) para malaman kung paano gumawa ng pinakamabubuting pasiya sa ikalawang yugto (mortal na buhay), na siyang magpapasiya kung ano ang kahahantungan natin sa ikatlong yugto (kabilang-buhay).

Sa madaling salita, ang pag-unawa sa plano ng kaligtasan, lakip ang taimtim na panalangin, ay binabago ang ating pananaw sa buhay, sa lahat ng nakapaligid sa atin, at sa ating sarili. Ang pag-unawa sa plano ay nagpapalinaw ng ating espirituwal na pananaw at nagtutulot sa atin na tingnan ang mga bagay kung ano talaga ang mga ito.[47] Tulad ng pagbibigay-kakayahan ng Urim at Tummim kay Propetang Joseph Smith na tumanggap ng paghahayag at patnubay,[48] ipinapakita rin sa atin ng kaalaman tungkol sa plano kung paano "makakilos sa doktrina at alituntunin na nauukol sa hinaharap, alinsunod sa moral na kalayaan" na ibinigay sa atin ng Panginoon.[49] Sa gayon, lalakas ang ating pananampalataya, at malalaman natin kung paano tatahakin ang landas ng ating buhay at magpapasiya nang naaayon sa walang-hanggang katotohanan.

Narito ang ilang halimbawa na lalong mahalaga sa ating panahon.

Ang Layunin ng Kasal sa Plano ng Diyos

Ang kasal at pamilya ay patuloy na inaatake dahil alam ni Satanas na mahalaga ang mga ito sa pagtatamo ng buhay na walang hanggan—kasinghalaga ng Paglikha, Pagkahulog, at Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo.[50] Dahil nabigong wasakin ang alinman sa mga pundasyong iyon ng plano, hinangad ni Satanas na wasakin ang ating pag-unawa at kaugalian sa pagpapakasal at pagpapamilya.

Sa pagbatay natin sa plano ng Ama sa Langit, ang layunin ng kasal ay malinaw sa atin. Ang utos na lisanin ang ama at ina, pumisan sa isa't isa matapos makasal,[51] at magpakarami at kalatan ang lupa[52] ay pinapangyari ang Kanyang plano. Sa pag-aasawa nadadala natin ang Kanyang mga espiritung anak dito sa mundo at nagiging katuwang Niya tayo sa pagtulong sa Kanyang mga anak na makibahagi sa Kanyang plano.[53]

Ang plano ng Ama ay naglalaan sa atin ng paraan para magtamo ng buhay na walang hanggan, ang buhay na natamo ng ating mga magulang sa langit. Sa plano, "ang babae ay di maaaring walang lalake, [ni] ang lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon."[54] Kabilang sa pinakadiwa ng buhay na walang hanggan ang walang-hanggang kasal ng lalaki at babae, na mahalagang bahagi ng pagiging katulad ng ating mga magulang sa langit.[55]

Kasal sa Pagitan ng Isang Lalaki at Isang Babae.

Sa pagpapakasal kinukumpleto natin ang isa't isa, na magagawa lamang ng lalaki at babae na may natatangi at mahalagang pagkakaiba. Sa buhay natin sa mundo bilang mag-asawa, magkasama tayong lumalago, na mas napapalapit sa Tagapagligtas habang tayo ay sumusunod, nagsasakripisyo upang magawa ang kalooban ng Diyos, at magkasamang nagtatayo ng Kanyang kaharian. Batid na ang walang-hanggang kasal ay isang utos ng Diyos at na naghahanda Siya ng paraan para maisakatuparan ng Kanyang mga anak ang lahat ng iniuutos Niya,[56] alam natin na ang ating pagsasama bilang mag-asawa ay magtatagumpay kapag nagkaisa tayo sa pagtupad sa mga tipang nagawa natin.



Ayon sa maawaing plano ng Ama, ang mga epekto ng Pagkahulog ay nagapi ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas.

PAGLALARAWAN NI JAMES JOHNSON; *IMAHE NI CRISTO*, NI HEINRICH HOFFMANN

Sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood at pagpiling sundin ang kaugnay na mga tipan, natatanggap natin ang kapangyarihan ng kabanalan habang hinaharap natin ang mga hamon ng mortalidad.[57] Ang mga ordenansa sa templo ay pinagkakalooban tayo ng kapangyarihan mula sa langit at ng kakayahang makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit.[58] Ang ordenansa ng pagbubuklod ay binibigyan ng kakayahan ang mag-asawa na sabay na lumago sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at maging kaisa ng Panginoon.[59] Anumang ihalili sa ganitong uri ng kasal ay hindi isasakatuparan ang Kanyang sagradong layunin para sa atin o para sa susunod na mga henerasyon ng Kanyang mga anak.[60]

Mga Pagkaakit at Pagnanasa

Bawat isa sa atin ay isinilang sa makasalanang mundong ito na may kahinaan o hamon na likas sa kalagayan ng tao.[61] Ang pag-unawa sa plano ng Diyos ay nagbibigay-kakayahan sa atin na ituring ang lahat ng kahinaan ng tao—kabilang na ang mga pagkaakit at pagnanasang hindi tugma sa Kanyang plano—na pansamantala lamang.[62] Batid na nabuhay tayo bago ang buhay na ito bilang pinakamamahal na mga anak na lalaki at babae ng mga magulang sa langit, maibabatay natin ang ating pagkatao sa ating banal na pinagmulan. Ang ating katayuan bilang anak na lalaki o babae ng Diyos—hindi ang mga kahinaan o hilig natin—ang tunay na pinagmulan ng ating pagkatao.[63]

Sa pananaw na ito, mas nagagawa nating maghintay nang may pagpapakumbaba at pagtitiis sa Panginoon,[64] nagtitiwala na sa ating pagsampalataya, pagsunod, at pagtitiis hanggang wakas, ang ating mga pagpapasiya at

Kapag ipinamuhay natin araw-araw ang ating kaalaman sa plano ng Ama, magiging mas makahulugan ang ating buhay.

pagnanasa ay mapapadalisay, ang ating katawan ay mapapabanal, at tayo ay tunay na magiging mga anak na lalaki at babae ni Cristo, na naging ganap sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Ang walang-hanggang pananaw sa plano ay nagbibigay ng kapanatagan na para sa matatapat, tiyak na darating ang araw na "papahirin [ng Diyos] ang bawa't luha; . . . [hindi na magkakaroon] ng hirap pa man: [sapagka't] ang mga bagay nang una ay naparam na."[65] Ang "ganap na kaliwanagan ng pag-asa"[66] ay magpapatatag sa ating puso't isipan at magbibigay sa atin ng kakayahang maghintay nang may pagtitiis at katapatan sa Panginoon.

Mga Pangako sa mga Nagtitiis nang Tapat

Dapat tandaan ng mga nag-iisip kung ang kanilang kasalukuyang sitwasyon o kalagayan ay humahadlang sa pagtatamo nila ng buhay na walang hanggan na "walang sinumang nakatadhanang tumanggap ng mas kakaunti kaysa lahat ng mayroon ang Ama para sa Kanyang mga anak."[67]

Walang pagpapalang ipagkakait sa matatapat. Ipinahayag ni Pangulong Lorenzo Snow: "Walang sinumang Banal sa mga Huling Araw na mamamatay pagkatapos mamuhay nang tapat ang mawawalan ng anumang bagay dahil sa nabigo silang gawin ang ilang bagay samantalang hindi naman siya nabigyan ng pagkakataon para magawa iyon. Sa madaling salita, kung ang isang binata o isang dalaga ay hindi nagkaroon ng pagkakataong makapag-asawa, at namuhay sila nang tapat hanggang sa oras ng kanilang kamatayan, mapapasakanila ang lahat ng mga pagpapala, kadakilaan at kaluwalhatian na matatanggap ng sinumang lalaki o babae na nagkaroon ng ganitong pagkakataon at pinagbuti ito. Ito ay tiyak at positibong mangyayari."[68]

Mga Pangako para sa Lahat ng Nakakaalam ng Plano at Ipinamumuhay Ito Araw-araw

Bawat isa sa atin ay buong-pusong sinuportahan ang plano ng Ama sa premortal na buhay. Alam natin na mahal Niya tayo, at namangha tayo sa Kanyang lubos na

pagbibigay ng pagkakataong ito na manahin natin ang lahat ng mayroon Siya, kabilang na ang buhay na walang hanggan. Ang susi sa tagumpay natin sa premortal na buhay ay ang ating pagsuporta sa plano ng Ama. Ito rin ang susi sa tagumpay natin sa mortal na buhay na ito.

Kaya inaanyayahan ko kayo na sama-sama tayong manindigang muli sa pagsuporta sa plano ng Ama. Ginagawa natin ito nang may pagmamahal sa lahat, dahil ang plano mismo ay pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos.

Kapag ipinamuhay natin araw-araw ang ating kaalaman sa plano ng Ama, magiging mas makahulugan ang ating buhay. Mahaharap natin ang ating mga pagsubok nang may higit na pananampalataya. Susulong tayo nang may tiyak, maningning, at matibay na pag-asa ng buhay na walang hanggan. ■

MGA TALA

1. Jacob 6:8; Alma 12:25–26, 30, 32; 17:16; 18:39; 29:2; 39:18; 42:11.
2. Alma 42:8, 16.
3. Jarom 1:2; Alma 24:14; 42:5; Moises 6:62.
4. Tingnan sa Alma 12:32; tingnan din sa Boyd K. Packer, "The Great Plan of Happiness and Personal Revelation" (Church Educational System broadcast para sa mga young adult, Nob. 7, 1993).
5. Doktrina at mga Tipan 14:7.
6. Tingnan sa Harold B. Lee, *The Teachings of Harold B. Lee,* inedit ni Clyde J. Williams (1996), 72; tingnan din sa Bruce R. McConkie sa Conference Report, Abril 1970, 26.
7. Alma 12:32; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa talata 25.
8. Tingnan sa 2 Nephi 2:13–16; Doktrina at mga Tipan 101:78.
9. Tingnan sa George Q. Cannon, *Gospel Truth: Two Volumes in One: Discourses and Writings of President George Q. Cannon* pinili ni Jerreld L. Newquist (1974), 296.
10. Tingnan sa Richard G. Scott, "Paano Mamuhay nang Maayos sa Gitna ng Tumitinding Kasamaan," *Liahona,* Mayo 2004, 102; Robert D. Hales, *Return: Four Phases of Our Mortal Journey Home* (2010), 33.
11. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129; tingnan din sa Mga Gawa 17:29; Mga Taga Roma 8:16–17; Sa Mga Hebreo 12:9; Abraham 3:18–25.
12. Tingnan sa Alma 12:30; tingnan din sa Job 38:4–7; Abraham 3:22–28.
13. Tingnan sa 2 Nephi 2:13; tingnan din sa Howard W. Hunter, "To Know God," *Ensign,* Nob. 1974, 97; *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (2002), 32–33: "Bawat isa sa mga utos ay ibinigay para tayo . . . maging kwalipikado at maging handa sa pagbalik at mamuhay sa piling ng ating Ama sa Langit. Ang mga tungkulin at obligasyong ito ay nilikha upang gawin tayong gaya ng Diyos sa ating mga pagpapasiya. Nilikha ang mga ito upang gawin tayong mga Diyos, at ihanda tayo at gawing karapat-dapat upang . . . maging mga kasamang tagapagmana ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo."
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 136:31; Abraham 3:24–25.
15. Tingnan sa Job 38:7.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:34–36, 39–40.
17. Tingnan sa Isaias 53:3–5; 2 Nephi 2:8; 9:10–11; 31:21; Mosias 3:17; Alma 7:11–13.
18. Tingnan sa I Ni Pedro 1:20; Moises 4:2.
19. Abraham 3:27.
20. Tingnan sa Isaias 14:12–16.
21. Tingnan sa Moises 4:3–4; tingnan din sa 1:19.
22. Tingnan sa Apocalipsis 12:7–9.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 10:26–27.
24. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:18–19.
25. Tingnan sa Abraham 3:24–26.
26. Tingnan sa Genesis 1:26–28.
27. Tingnan sa Alma 42:2–6; Moises 4:25, 28–31.
28. Tingnan sa 2 Nephi 2:23; Moises 5:11; tingnan din sa Boyd K. Packer, "Ang Plano ng Kaligayahan," *Liahona,* Mayo 2015, 26–28.
29. Tingnan sa Alma 39:3–5; 41:3–4, 10–15.
30. 2 Nephi 2:27.
31. Tingnan sa 2 Nephi 2:11.
32. Tingnan sa 2 Nephi 2:26–29; Alma 34:32–35.
33. Tingnan sa Jacob 4:7; Eter 12:27; Doktrina at mga Tipan 62:1.
34. Tingnan sa Alma 12:30–32.
35. Tingnan sa Moroni 7:16–19; Doktrina at mga Tipan 88:7, 11–13.
36. Tingnan sa 2 Nephi 31:12–14, 18.
37. Tingnan sa I Ni Juan 1:8.
38. Tingnan sa Lucas 22:39–42; Doktrina at mga Tipan 19:16–19.
39. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:20–23; 2 Nephi 9:10–13; Alma 11:42–45.
40. Tingnan sa Alma 42:2–15, 22–31; Moroni 10:32–33.
41. Tingnan sa 2 Nephi 31:10–21; 3 Nephi 27:13–22.
42. Tingnan sa Juan 5:22; Mga Taga Roma 14:10; Apocalipsis 20:12–13; 2 Nephi 9:41; Alma 11:41–44; 3 Nephi 27:14–17, 20, 22.
43. Tingnan sa Alma 34:14–17.
44. Tingnan sa Mosias 3:21–27; Helaman 14:15–19; Doktrina at mga Tipan 88:21–24, 29–32.
45. Tingnan sa Mormon 3:20–22.
46. *The Neal A. Maxwell Quote Book,* inedit ni Cory H. Maxwell (1997), 252.
47. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Maging Isang Halimbawa," *Liahona,* Mayo 2005, 113.
48. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:35.
49. Doktrina at mga Tipan 101:78.
50. Tingnan sa D. Todd Christofferson, "Bakit Dapat Mag-asawa at Bumuo ng Pamilya," *Liahona,* Mayo 2015, 52.
51. Tingnan sa Mateo 19:5.
52. Tingnan sa Genesis 9:1.
53. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:36–40.
54. I Mga Taga Corinto 11:11.
55. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Apostasy and Restoration," *Ensign,* Mayo 1995, 87; tingnan din sa Dallin H. Oaks, "Walang Ibang mga Diyos," *Liahona,* Nob. 2013, 73.
56. Tingnan sa 1 Nephi 3:7.
57. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–21.
58. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:13–26, 38.
59. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:1–21.
60. Tingnan sa I Ni Pedro 3:7; Doktrina at mga Tipan 131:1–4; tingnan din sa Joseph Fielding Smith, *Answers to Gospel Questions,* 5 vols. (1957–66), 4:197: "Matatamo ng mga ikinasal sa templo para sa panahong ito at sa buong kawalang-hanggan ang pagpapala ng *buhay na walang hanggan.* Binibigyang-diin ko ang *buhay na walang hanggan.* Ang buhay na walang hanggan ay ang buhay ng Diyos, ibig sabihin, maging katulad niya. Ang ibig sabihin ng *buhay na walang hanggan* ay walang-hanggang pag-unlad—ang pagpapatuloy, tulad ng nakasaad sa paghahayag, ng mga binhi magpakailanman. Ang pagpapakasal sa labas ng templo ay para sa buhay na ito lamang. Ang kamatayan ay nagpapahiwalay—iyan ay walang-hanggang paghihiwalay, maliban kung sila ay magsisi at maging mapalad na makapunta sa templo at ituwid nila ang pagkakamali."
61. Tingnan sa Eter 12:27.
62. Tingnan sa Eter 12:37.
63. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129; tingnan din sa *God Loveth His Children* (buklet, 2007), 1.
64. Tingnan sa Isaias 40:31.
65. Apocalipsis 21:4; tingnan din sa mga talata 1–3.
66. 2 Nephi 31:20.
67. D. Todd Christofferson, "Bakit Dapat Mag-asawa at Bumuo ng Pamilya," 52.
68. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 146–47. Tingnan din sa Gordon B. Hinckley, "Daughters of God," *Ensign,* Nob. 1991, 98: "Itinatanong ng ilang hindi nakapag-asawa, bagama't hindi sila nagkulang, kung laging ipagkakait sa kanila ang pinakamataas na antas ng kaluwalhatian sa kahariang iyan. Tiwala ako na sa ilalim ng plano ng mapagmahal na Ama at ng banal na Manunubos, walang pagpapalang nararapat ninyong makamtan ang ipagkakait sa inyo magpakailanman."

TURUAN SILANG MAKAUNAWA, NI WALTER RANE

Nang ihatid ako sa silid-kainan ng mga opisyal, sumisigaw ang kapitan ng barko at nakaturo sa isang batang opisyal.

GAANO BA ITO KAHALAGA?

Habang naglilibot ako sakay ng *USS West Virginia,* dumating ang isang panawagan para sa isang opisyal na nagsasalita ng Portuges na magpunta sa Brazilian Navy para sa tatlong-linggong pakikipagpalit. Ako lamang sa hukbong submarino ang nagsasalita ng Portuges.

Ang una kong naisip ay huwag pumunta. Katatapos ko lang ng tatlong-buwang pagpapatrol at sabik na akong makita ang aking pamilya, pero hindi mawala sa isipan ko ang pakikipagpalit na iyon. Nanalangin ako sa Ama sa Langit, at tumanggap ako ng matibay na sagot na dapat akong pumunta, at tinanggap ko ang asaynment.

Maraming naging balakid sa pagsasaayos niyon. Minsan nga ay parang gusto ko nang sumuko. Naisip ko, "Gaano ba ito kahalaga?" Gayunpaman, hinikayat ako ng Espiritu Santo na magpatuloy.

Sa wakas, makalipas ang ilang pagkaantala, dumating ako sa isang barkong Brazilian. Nang ihatid ako sa silid-kainan ng mga opisyal, sumisigaw ang kapitan ng barko at nakaturo sa isang batang opisyal. Nakita ako ng kapitan, tumigil, at sinabi sa pautal-utal na Ingles, "Ah, dumating na ang kaibigan kong Amerikano. Welcome. Maaari ba kitang alukin ng maiinom?"

Sumagot ako sa wikang Portuges na gusto ko ng isang sikat na Brazilian soft drink na hindi ko na natikman mula noong magmisyon ako. Sinabi niya sa akin na nasa barko ang lahat ng klase ng alak, pero sinabi kong hindi ako umiinom ng alak.

Kalaunan ay may kumatok sa cabin ko. Nang buksan ko ang pinto, naroon at nakatayo ang batang opisyal na nasa silid-kainan kanina

"Amerikano ka," sabi niya. "Hindi ka umiinom ng alak. Nagsasalita ka ng Portuges. Mormon ka kaya?"

"Oo," sagot ko.

Niyakap niya ako at napaiyak.

Ang opisyal na ito, si Lt. Mendes, ay halos kabibinyag pa lang at bagong graduate sa Brazilian Naval Academy.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

Sa barko, agad niyang nalaman na inaasahan ng kapitan na makikibahagi siya sa kasayahan ng mga opisyal kapag dumadaong sila. Sa halip, nagboboluntaryo palagi si Lt. Mendes para sa "in-port duty" at kung hindi naman ay tumatakas sa mga port-of-call activity. Nainis na ang kapitan dito. Pagpasok ko sa silid-kainan, sinisigawan niya si Lt. Mendes dahil ayaw nitong makisama.

"Lalabas ka kasama ng mga opisyal sa susunod nating pagdaong," pag-utos niya sa tinyente. "Ipapakita mo sa bisitang Amerikanong opisyal kung paano magsaya. Aasahan niya iyan sa atin."

Sa loob ng ilang buwan, ipinagdasal ni Lt. Mendes na maunawaan at tanggapin ng kanyang kapitan ang kanyang mga prinsipyo. Sa pagdating ko, halos tungkol sa ebanghelyo ang paksa ng usapan sa silid-kainan. Tinalakay namin sa iba pang mga opisyal si Joseph Smith, ang Panunumbalik, ang Word of Wisdom, at ang batas ng kalinisang-puri. Hindi nagtagal ay nagbago ang saloobin nila kay Lt. Mendes. Inalis ng mga opisyal ang lantarang nakadispley na pornograpiya, at sa kasunod na daungan ay masaya kaming nagsabay-sabay sa pagkain sa isang restawran sa halip na magpunta sa club.

Bago matapos ang tatlong linggo kong pananatili sa barko, at matapos ang maraming pakikipagtalakayan sa kapitan at mga opisyal tungkol sa aming mga paniniwala, lumambot ang puso ng kalalakihan. "Nauunawaan ko na," sabi ng kapitan kay Lt. Mendes bago ako umalis, at idinagdag na hindi na niya ito uutusang labagin ang kanyang mga prinsipyo.

Hinding-hindi ko malilimutan ang karanasang ito. Nalaman namin ni Lt. Mendes na kilala ng ating Ama sa Langit ang bawat isa sa atin, mahal Niya tayo, at nagmamalasakit Siya sa ating personal na buhay. ■

Kelly Laing, Washington, USA

NAGSASALITA SA AKIN SI SISTER SPAFFORD

Naglalaro ako ng online restaurant game isang hatinggabi nang lumapit ang aking asawa at sinabing matutulog na siya.

"Susunod na ako," sabi ko sa kanya.

"Maniniwala lang ako kapag narito ka na," sabi niya.

Naglalaro ako ng isang game kung saan nagluto ako ng kunwa-kunwariang pagkain sa isang kunwa-kunwariang restawran para sa kunwa-kunwariang mga parukyano. Tumingin ako sa computer screen at sinabi kong, "Ang totoo, maluluto na ang pagkain ko sa loob ng 15 minuto."

Habang naghihintay, dinampot ko ang *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society,* na nakapatong lang sa mesa mula nang matanggap ko ito sa Relief Society. Sinimulan kong basahin ang pambungad. Sa pangatlong pahina nabasa ko ang sumusunod na pahayag ni Belle S. Spafford, ikasiyam na Relief Society general president.

"Naniniwala ako na makabubuti para sa karaniwang babae ngayon," pagsulat niya, "na pahalagahan ang kanyang kapakanan, suriin ang mga gawaing kanyang kinasasangkutan, at pagkatapos ay kumilos upang gawing simple ang kanyang buhay, unahin ang mga bagay na pinakamahalaga, na nakatuong mabuti sa malalaking gantimpalang magtatagal, at iwasan ang mga aktibidad na hindi kapakipakinabang." (2011, xiii)

Maliban sa mga banal na kasulatan, wala pa akong nabasa na lubos na umantig sa akin kaysa rito. Ang babaeng ito na namatay mahigit 30 taon na ang nakararaan ay nagsasalita sa akin. Ang sinabi niya ay malamang na mas mahalaga ngayon kaysa noong sabihin niya ito.

Agad kong nalaman na hindi na ako muling maglalaro ng online games kahit kailan. Pinatay ko ang computer, nahiga na ako, at sinabi ko sa asawa ko ang aking desisyon. Kinabukasan ni hindi ko binuksan ang computer. Sa halip, inalam ko kung ilang oras ang nasayang ko sa mga larong iyon araw-araw.

Iminultiply ko ang tatlong oras sa 365 (mga araw sa isang taon) at hinati iyon sa 24 (oras sa isang araw). Nagulat akong malaman na nagsayang ako ng 45.62 araw kada taon. Ang mahahalagang oras at panahong iyon ay naglaho na magpakailanman. Nagamit ko sana iyon sa pagbabasa ng aking mga banal na kasulatan, sa piling ng aking asawa at mga anak, sa paglilingkod sa iba, o sa pagganap sa aking mga tungkulin.

Madalas magsalita ang mga General Authority tungkol sa paksang ito sa pangkalahatang kumperensya. Pero hindi ko talaga naintindihan iyon, at akala ko'y hindi para sa akin iyon.

Nagpapasalamat ako na tinulungan ako ng Espiritu Santo na madama na ang mga General Authority—at si Belle S. Spafford—ay nagsasalita sa akin. ■

Sandy Howson, Ohio, USA

HINDI KO ALAM KUNG BAKIT AKO NAROON

Katatapos lang namin magdasal ng nanay ko nang gabing iyon. Nagyakap kami at sinabi sa isa't isa na, "Mahal kita." Pagkatapos ay nagpunta ako sa kuwarto ko. Nang hawakan ko ang seradura, pumasok ang isang malakas na kutob sa isipan ko na mamamatay ang nanay ko kinabukasan.

Sinikap kong labanan ang bagay na iyon sa aking puso't isipan. Walang dahilan para mangyari iyon sa nanay ko. Magiging maayos ang lahat sa kanya.

Nang nasa loob na ako ng kuwarto ko, lumuhod ako at nagdasal at sinabi ko sa Ama sa Langit na hindi maaaring magkatotoo ang naisip ko tungkol sa nanay ko. Hiniling ko sa Kanya na alisin iyon sa aking isipan, pero hindi iyon naalis. Bumalik ako sa kuwarto ng aking mga magulang at sinabi ko kay Inay na gusto ko ng isa pang yakap at halik bago ako matulog. Muli kaming nagsabihan ng, "Mahal kita," at bumalik na ako sa kuwarto ko. Hindi ako nakatulog kaagad nang gabing iyon.

Paggising ko kinabukasan, kabado ako. Salamat na lang, naroon ang nanay ko, masaya at maayos ang kalagayan. Pero sa isip ko, binabagabag pa rin ako ng pakiramdam na may mangyayaring hindi maganda. Sa fast and testimony meeting nang araw na iyon, tumayo si Inay at nagbigay ng magandang patotoo.

Pagkatapos ng sacrament meeting nagturo siya sa kanyang klase sa Primary, at dumalo ako sa Sunday School. May isa na naman akong malinaw na nadama, sa pagkakataong ito na tumayo at umalis sa Sunday School. Ayaw kong makaagaw ng pansin, pero may humila sa akin sa upuan ko at lumabas ako. Ilang minuto pa, nakaupo na ako sa klase ni Inay sa Primary at pinakikinggan ko siyang magturo. Hindi ko alam kung bakit ako naroon, pero alam ko na kailangan kong maparoon.

Kinahapunan sa bahay ng aking kapatid, tinitigan ako ni Inay sa huling pagkakataon bago siya nawalan ng malay at namatay sa sakit na pulmonary embolism. Sa Kanyang mga kadahilanan at sa Kanyang awa, isinugo ng Ama sa Langit ang Espiritu Santo para ihanda ako. Ang mga pahiwatig na iyon ay nagbigay sa akin ng karagdagang oras sa piling ng nanay ko na hindi ko sana natamasa kung binalewala ko ang marahan at banayad na tinig.

Hindi ko gaanong dama ang pagmamahal ng aking Ama sa Langit hanggang sa pumanaw ang aking ina. Napakapalad natin na mayroon tayong Ama sa Langit na nagmamahal sa atin nang sapat upang bigyan tayo ng espesyal na kaloob na Espiritu Santo. ■

Amber Cheney, Alabama, USA

Bumalik ako sa kuwarto ng aking mga magulang at sinabi ko kay Inay na gusto ko ng isa pang yakap at halik bago ako matulog.

PAGLALARAWAN NI KATHLEEN PETERSON



Nang tawagan ko ang opisina ng barko at makiusap ako sa kanila na ipagpaliban ang biyahe nang dalawang araw, sinabi nila na hindi sila puwedeng maghintay.

PAGDARASAL KO PAPUNTA SA ROTUMA

"Umalis na ang *Westerland* kahapon," sabi ng hipag ko nang salubungin niya kami sa Nadi International Airport sa Fiji.

Nalungkot ako at nadismaya sa balita. Ang *MV Westerland* ang barkong sasakyan sana namin papunta sa kuya ko sa Rotuma Island. Ang Rotuma ay halos 375 milya (600 km) hilagang-kanluran ng Viti Levu, ang pinakamalaking pulo sa Fiji. Kung hindi ka makakasakay sa barko, malamang na ilang araw o linggo ka pang maghihintay sa susunod na biyahe.

Isang taon bago iyon nagpunta ako sa Rotuma para tulungan ang kuya ko na ayusin ang bahay ng lola namin, at iniwan ko siya dahil hindi kami nagkasundo sa trabaho. Ngayo'y gusto ko siyang makaharap at sabihin sa kanya kung gaano kalaki ang pagsisisi ko.

Isang linggo bago kami lumipad ng asawa kong si Akata patungong Fiji mula sa Australia, sinabi sa akin ng pamangkin ko na patungo ang *Westerland* sa Rotuma isang araw bago kami nakatakdang dumating. Agad akong tumawag sa opisina ng barko at nakiusap sa kanila na ipagpaliban ang biyahe nang dalawang araw.

"Hindi pupuwede gustuhin man namin," sagot nila. "Nakapaghanda na ang Rotuma Island Council para sa isang piging sa pagsalubong, at kailangang umalis ang barko ayon sa iskedyul."

May bigla akong naisip, at nagpasiya akong mag-ayuno at manalangin.

"Mahal kong Ama sa Langit," pagdarasal ko, "gustung-gusto ko pong makasakay sa barkong iyon papuntang Rotuma. Naniniwala ako na hindi nila puwedeng ipagpaliban ang pag-alis ng barko nang isa o dalawang araw, pero may kapangyarihan Kayong gawin ito. Maaari po bang tanggalan Ninyo ng kahit isang turnilyo ang barko para maantala ang biyahe at makasakay ako? Kailangan ko pong magpunta sa Rotuma at makipagbati sa kapatid ko."

Nang marinig namin ang nakalulungkot na balita, pumunta kami sa daungan sa kabilang panig ng pulo. Gayunman, nalaman namin doon na nagloko ang makina ng barko at hindi pa nakakaalis. Sinagot ng Ama sa Langit ang panalangin ko! Lumabas na, ang buong makina—hindi lamang isang turnilyo—ang kailangang tanggalin para makumpuni ang malakas na pagtagas ng langis.

Nang sa wakas ay nakaalis na ang barko pagkaraan ng isang linggo, nakasakay na ako. Pagdating ko sa Rotuma, niyakap ko ang aking kapatid at humingi ako ng tawad, at ipinanumbalik namin ang aming dating samahan. Talagang naging araw ng pagdiriwang iyon.

Pasasalamatan ko magpakailanman ang napakagandang espirituwal na karanasang ito at ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Pinatunayan nito na nangyayari pa rin ang mga himala ngayon, na ang ating Ama sa Langit ay buhay at sumasagot sa taimtim nating mga panalangin, na ang pagdarasal at pag-aayuno ay nagtutulong, at na ang ebanghelyo ay totoo—maging sa isang maliit na nayon sa maliit na pulo ng Rotuma. ■

John K. Muaror, New South Wales, Australia

(Ang awtor ay pumanaw na.)

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

Ni Randall L. Ridd
Naglingkod bilang pangalawang tagapayo sa Young Men general presidency mula 2013 hanggang 2015

PAMUMUHAY NANG MAY

Tunay na Layunin

Nalaman ko ang kahalagahan ng tunay na layunin noong seminary student pa ako. Sinabihan kami ng aming guro na basahin ang Aklat ni Mormon. Para masubaybayan ang progreso namin, gumawa siya ng tsart na may pangalan namin sa isang panig at pangalan ng mga aklat sa Aklat ni Mormon sa itaas. Tuwing makakabasa kami ng isang aklat, isang bituin ang inilalagay niya sa aming pangalan.

Noong una hindi ako masyadong nagbabasa, at hindi nagtagal nakita kong napag-iwanan na ako. Dahil sa kahihiyan at hilig kong makipagtagisan, sinimulan kong magbasa. Tuwing may bituin ako, maganda ng pakiramdam ko. At kapag mas marami ang bituin ko, mas gusto kong magbasa—sa pagitan ng mga klase, pagkatapos ng eskuwela, sa bawat libreng minuto.

Maganda sana kung masasabi ko sa inyo na dahil sa kasigasigan ko ako ang nanguna sa klase—pero hindi. At OK lang kung masasabi ko sa inyo na may nakuha akong mas maganda kaysa sa manguna—isang patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon. Pero hindi rin nangyari iyan. Wala pa rin akong patotoo noon. Mga bituin ang nakuha ko. Mga bituin ang nakuha ko dahil iyon ang dahilan ng pagbabasa ko. Sabi nga ni Moroni, iyon ang "tunay na layunin" ko.

Malinaw na inilarawan ni Moroni kung paano malalaman kung totoo ang Aklat ni Mormon: "At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may *tunay na layunin,* na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (Moroni 10:4; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang ibig sabihin ng tunay na layunin ay paggawa ng tamang bagay sa tamang dahilan.

Ang mga Tamang Dahilan

Sa pagbabalik-tanaw, alam ko na naging makatarungan sa akin ang Panginoon. Bakit ko aasahang makita ang bagay na hindi ko naman hinahanap? Ang tunay na layunin ay paggawa ng tamang bagay sa tamang dahilan; binabasa ko ang tamang aklat sa *maling* dahilan.

Lumipas ang ilang taon bago ko binasa ang Aklat ni Mormon nang may tunay na layunin. Ngayon alam ko

PAGLALARAWAN NI SERGEY NIVENS/ISTOCK/THINKSTOCK

nang tinutupad ng Aklat ni Mormon ang banal na layunin nito na pa-totohanan ang buhay at misyon ni Jesucristo dahil binasa ko ito nang may tunay na layunin.

Ang aral na natutuhan ko tungkol sa tunay na layunin at sa Aklat ni Mormon ay angkop sa ating lahat sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Kadalasan basta lang natin sinusundan ang mga huwa-ran at gawi na nabuo sa paglipas ng mga taon—kumikilos lang tayo nang hindi pinag-iisipang mabuti kung saan tayo dadalhin ng mga ikinikilos nating iyon. Ang pamumuhay nang may tunay na layunin ay nagdaragdag ng pokus at layunin sa ating buhay at makagagawa ng malaking kaibhan. Ang ibig sabihin ng pamumuhay nang may tunay na layunin ay unawain ang "dahilan"—ang motibo ng ating mga kilos. Sabi ni Socrates, "Ang buhay na hindi si-nuri ay hindi sulit."[1] Kaya pag-isipang mabuti kung paano ninyo ginugugol ang inyong oras, at palaging itanong sa sarili ninyo, "Bakit?" Tutulungan kayo nitong makinita ang hinaharap. Mas makabubuting tumingin sa hinaharap at itanong sa sarili, "Bakit ko gagawin iyon?" kaysa lumingon at sabihing, "Ay, naku, bakit ko ginawa iyon?"

Ang ibig sabihin ng pamumuhay nang may tunay na layunin ay unawain ang "dahilan"—ang motibo ng ating mga kilos. Sabi ni Socrates, "Ang buhay na hindi sinuri ay hindi sulit."

LARAWANG KUHA NG JUPITERIMAGES/STOCKBYTE/THINKSTOCK

Ano ang Nais ng Panginoon na Gawin Ninyo?

Noong binata pa ako, nagpasiya ako na huwag nang magmisyon. Matapos ang isang taon sa kolehiyo at isang taon sa army, nagkaroon ako ng magandang trabaho sa lokal na ospi-tal bilang X-ray technician. Mukhang maayos naman ang takbo ng buhay ko, at parang hindi na kailangang magmisyon.

Isang araw inanyayahan ako ni Dr. James Pingree, isa sa mga sur-geon sa ospital, sa tanghalian. Sa pag-uusap namin, natuklasan ni Dr. Pingree na wala akong planong magmisyon, at nagtanong siya kung bakit ayaw ko. Sinabi ko sa kanya na medyo matanda na ako at baka huli na ang lahat. Agad niyang sinabi sa akin na hindi magandang dahilan iyon at na nagmisyon siya pagkata-pos niyang mag-aral ng medisina. At nagpatotoo siya tungkol sa kahalaga-han ng kanyang misyon.

Matindi ang epekto sa akin ng kanyang patotoo. Dahil dito noon lang ako taimtim na nanalangin—nang may *tunay na layunin*. Ma-rami akong naiisip na dahilan para hindi magmisyon: Mahiyain ako. May trabaho ako na gustung-gusto ko. Posible akong magkaroon ng scholarship na hindi ko na makukuha pagkatapos ng misyon. Higit sa lahat, may kasintahan ako na naghintay sa akin habang nasa army ako, at alam ko na hindi na siya maghihintay pa ng dalawang taon! Patuloy akong nagdasal para tumanggap ng patunay na makatwiran ang mga dahilan ko at tama ako.

Nakakalungkot na hindi ko agad natanggap ang sagot na oo o hindi gaya ng inasahan ko. At pumasok sa isip ko: "Ano ang nais ng Panginoon na gawin mo?" Kinailangan kong ami-nin na gusto Niya akong magmisyon, at kailangan kong magdesisyon sa puntong ito ng buhay ko. Gagawin ko ba ang gusto ko o gagawin ko ang ka-looban ng Panginoon? Ito ang tanong na makabubuting lagi nating itanong sa ating sarili.

Salamat na lang at pinili kong mag-misyon at naglingkod ako sa Mexico North Mission.

Mga Walang-Hanggang Bunga

Tatlumpu't limang taon kalalunan, hinikayat ako ng anak ko na bisitahin namin ang Mexico at baka sakaling makita ko ang ilan sa mga naturuan ko. Umasa kaming makita ang ilan sa mga naturuan ko. Dumalo kami sa sacrament meeting sa maliit na bayang pinagsimulan ko ng mission ko, pero wala akong nakilala kahit isa. Pagkatapos ng miting, tinanong namin ang isa sa mga miyembro kung may kakilala siya sa listahan ng mga taong tinuruan ko maraming taon na ang nakaraan. Inisa-isa namin ang listahan pero wala pa ring nangyari hanggang sa umabot kami sa huling pangalan: Leonor Lopez de Enriquez.

"Kilala ko iyan," sabi niya. "Nasa ibang ward ang pamilyang iyan, pero dito sila sa gusaling ito nagsisimba. Susunod na ang sacrament meeting nila."

Hindi natagalan ang aming paghihintay dahil pumasok na si Leonor sa gusali. Kahit nasa mga 70 anyos na siya, nakilala ko siya kaagad, at nakilala niya ako. Lumuluhang nagyakapan kami.

"35 taon na naming idinadalangin na bumalik ka para mapasalamatan ka namin sa paghahatid ng ebanghelyo sa aming pamilya," sabi niya.

Sa pagpasok sa gusali ng iba pang mga miyembro ng pamilya, nagyakapan kami habang lumuluha. Hindi nagtagal nalaman namin na ang bishop ng ward na ito ay isa sa mga anak ni Leonor, ang tagakumpas ay apong babae, ang piyanista ay apong lalaki, at mga apo rin ang maraming kabataan sa Aaronic Priesthood. Isa sa mga anak na babae ang ikinasal sa isang counselor sa stake presidency. Isa pang anak na babae ang ikinasal sa bishop ng kalapit na ward. Karamihan sa mga anak ni Leonor ay nagmisyon, at ngayon ay naglingkod din sa misyon ang mga apong lalaki.

Nalaman namin na mas mahusay na missionary si Leonor kaysa sa akin. Ngayon, pinasasalamatan ng mga anak niya ang walang-sawang pagtuturo niya sa kanila ng ebanghelyo. Itinuro niya sa kanila na maraming maliliit na desisyon, sa paglipas ng panahon, ang magbubunga ng sagana, matwid, at masayang buhay, at itinuro din nila ito sa iba. Kalaunan, mahigit 500 ang sumapi sa Simbahan dahil sa kahanga-hangang pamilyang ito.

At nagsimula ang lahat ng ito sa simpleng pag-uusap sa tanghalian. Madalas kong maisip na kung mas nakatuon si Dr. Pingree sa kanyang propesyon o iba pang libangan, baka hindi niya itinanong kahit kailan kung bakit wala ako sa misyon. Ngunit nakatuon siya sa iba at sa pagpapaunlad ng gawain ng Panginoon. Nagpunla siya ng binhi na umusbong at nagbunga at patuloy na dumami o nagsanga nang kabi-kabila (tingnan sa Marcos 4:20). Itinuro sa akin ng misyon ko ang walang-hanggang ibubunga ng isang pagpapasiyang sundin ang kalooban ng Panginoon.

Alalahanin ang Inyong Walang-Hanggang Layunin

Madalas kong iniisip ang mga nangyari sa buhay ko at nagtataka ako kung bakit napakahirap sa akin noon na magpasiyang magmisyon. Mahirap iyon dahil nagambala ako; kinaligtaan ko ang aking walang-hanggang layunin—ang tunay na layunin kung bakit tayo naririto.

Ang mga hangarin at kagustuhan ko ay hindi nakaayon sa kalooban ng Panginoon; dahil kung nakaayon ito, mas madali sanang magdesisyon. At bakit hindi ito nakaayon? Nagsisimba ako, at tumatanggap ng sakramento tuwing Linggo—ngunit hindi ako nagtuon sa kahulugan nito. Nagdarasal ako, para masabi lang na nakapagdasal ako. Binabasa ko ang banal na kasulatan, pero paminsan-minsan lang at walang tunay na layunin.

Hinihikayat ko kayong magkaroon ng tuon sa buhay—kahit hindi ninyo ito laging nagagawa noon. Huwag mawalan ng pag-asa dahil sa nagawa ninyo o hindi nagawa. Hayaan ninyong linisin ng Tagapagligtas ang inyong puso. Alalahanin ang sinabi Niya: "Kasindalas na sila ay magsisi at humingi ng kapatawaran, nang may *tunay na layunin,* sila ay pinatatawad" (Moroni 6:8; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Magsimula ngayon. Mamuhay nang may layunin, na nauunawaan kung bakit ninyo ginagawa ang ginagawa ninyo at saan hahantong ito. Kapag ginawa ninyo ang mga ito, matutuklasan ninyo na ang pinakamahalagang "dahilan" ng lahat ng ginagawa ninyo ay na mahal ninyo ang Panginoon at kinikilala ang Kanyang sakdal na pagmamahal sa inyo. Nawa'y magkaroon kayo ng malaking kagalakan sa paghahangad ninyo ng kaganapan at pag-unawa at paggawa sa Kanyang kalooban. ■

Mula sa isang pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, "Pamumuhay nang may Layunin: Ang Kahalagahan ng Tunay na Layunin," na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Enero 11, 2015. Para sa buong mensahe, magpunta sa cesdevotionals.lds.org.

TALA

1. Socrates sa Plato, *Apology* (2001), 55.

Pananampalataya, Paglilingkod, at Isang Buong Tinapay

Ni Nissanka (Nissh) Muthu Mudalige

Lumipat ako sa Armenia mula sa Sri Lanka para mag-aral noong 2007, nakilala ko ang mga missionary, at nabinyagan ako nang sumunod na taon. Matapos akong binyagan nasabik akong maglingkod sa full-time mission. Hindi ko nagawa iyon dahil mahigit 25 anyos na ako; gayunman, tinawag ako ng mission president sa isang mini-mission. Kabilang sa mga responsibilidad ko ang sumama sa ibang mga elder at mangaral ng ebanghelyo. Gustung-gusto ko ito.

Pagsubok sa Tapang ng Loob

Kasabay nito, nagipit ako sa pera. Pagkatapos ay bumagsak ang negosyo ng aking ama, at hindi na siya makapagpadala ng pera sa akin. Sapat lang ang pera ko para sa ilang araw na pagkain. Malapit ang pinapasukan kong pamantasan sa aking tirahan, pero ang mission office ay 30-minutong biyahe sa bus. Ang pamasahe ko roon papunta at pabalik ay 200 drams (mga U.S.$0.50).

Gusto ko pa ring makapaglingkod bilang missionary. Nang tawagan ako ng isang elder para bisitahin namin ang ilang miyembro at hiniling niyang magkita kami sa Central Branch building—mahigit 40-minutong biyahe sa bus mula sa tirahan ko—pumayag ako, kahit sapat lang na pambili ng isang buong tinapay ang pera ko. Naglakad ako papunta sa Central Branch building. Mainit ang araw na iyon, kaya kinailangan kong magpahinga at uminom ng tubig habang daan. Mahigit dalawang oras akong naglakad bago ako nakarating. Sa dalawang oras na paglalakad pauwi, ipinambili ko ng tinapay ang natitirang pera ko.

Mas Mabigat na Pagsubok

Pagdating ko sa bahay, tumawag na naman ang elder na iyon. Sabi niya, "Nissh, pasensya ka na't tinawagan kita ulit, pero may sakit ang isang miyembro. Maaari ka bang pumunta rito para samahan ako habang binabasbasan ko siya?" Gusto kong sabihin sa kanya na pagod na pagod na ako matapos maglakad nang apat na oras sa gitna ng init, pero hindi maatim ng puso ko. Ang aking pananampalataya ang nagbigay sa akin ng lakas at tapang ng loob, kaya't sinabi kong sasama ako.

Sa sandaling iyon mismo dumating ang roommate ko. Itinanong ko kung puwede niya akong pahiramin ng pamasahe papuntang mission office. Sapat lang daw na pambili ng pagkain ang pera niya hanggang katapusan ng buwan, kaya hindi niya ako mapapahiram.

Nang maglakad ako pauwi, hindi ako nakaramdam ng pagod. Ang tanging nasa isip ko ay ang ngiti ng matandang babae.

Bigla akong napatitig sa tinapay na kabibili ko pa lang na nakapatong sa mesa, at bagong luto—ang tanging pagkain ko. Dinampot ko ito at sinabing, "Kabibili ko lang ng tinapay na ito; puwede bang palitan mo na lang ito ng 100 dram?" Ngumiti siya at pumayag. Kinuha ko ang pera at sumakay ako ng bus papunta sa mission office.

PAGLALARAWAN NI DOUG FAKKEL

Binisita namin ang miyembrong iyon ng Simbahan, isang matandang babae na nakaratay sa banig ng karamdaman. Halos hindi niya mabuksan ang kanyang mga mata para tingnan kami, pero ngumiti siya sa akin. Kinausap niya ako mismo, na ginugunita ang mga alaala ng kanyang kabataan. Napakasaya niyang makita kami sa bahay niya. Magkasama namin siyang binasbasan ni elder. Nginitian niya kaming muli, at nakita kong nagliwanag ang kanyang mukha. Binanggit ng kanyang anak na babae na ang pagbisita namin ang unang pagkakataon sa maraming buwan na nakita niyang ngumiti ang kanyang ina.

Naglakad akong muli nang dalawang oras pauwi, pero sa pagkakataong ito ay hindi ako nakaramdam ng pagod. Ang tanging nasa isip ko ay ang ngiti ng matandang babae at ang aming pag-uusap. Nadama ko na nais ng Ama sa Langit na bisitahin ko siya; siguro iyon ang kailangan niya upang mas lumigaya sa mga huling araw ng kanyang buhay. Labis akong nagpapasalamat sa pagkakataong makasama sa pagbisitang iyon. Hiniling ko sa Ama sa Langit na basbasan ang babaeng iyon. Hiniling ko rin sa Kanya na bigyan ako ng pagkain sa araw-araw sa mga panahong kapos ako sa pera.

Mga Pagpapala mula sa Langit

Hindi ako pinabayaan ng Diyos. Binahaginan ako ng kaibigan ko ng pagkain niya sa buwang iyon. Hindi ako kailanman natulog nang gutom, kahit wala ako ni isang kusing sa bulsa. Naglakad ako papuntang mission office araw-araw—at hindi ako nakaramdam ng pagod kahit kailan. Ang sakripisyo ay nakapagpasaya sa akin.

Sa loob ng buwang iyon maraming nag-imbita sa aking mananghalian at maghapunan. Isang araw pareho kaming gipit sa pera ng roommate ko at maliit na tinapay lang ang almusal namin. Nang gabing iyon pareho kaming gutom na gutom. Naglakad kami sa lansangan para subukang mangutang sa isang kaibigan nang may humintong sasakyan na may sakay na dalawang Armenian. Itinanong ng mga lalaki kung taga-saan kami. Nang sabihin naming mula kami sa Sri Lanka, inimbitahan nila kaming kumain sa bahay nila. Gustung-gusto nilang makuwentuhan tungkol sa Sri Lanka at masaya kaming nagsalo sa hapunan.

Mahal ko ang aking Ama sa Langit at ang lahat ng biyayang patuloy Niyang ibinibigay sa akin. Nariyan siya para tulungan ako, at dama ko ang Kanyang mapagmahal na pangangalaga sa akin araw-araw. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Armenia.



Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

PAGHULAGPOS MULA SA BITAG NG PORNOGRAPIYA

Lahat tayo ay kailangang matutong tumugon nang angkop sa media na may seksuwal na nilalaman.

Isang dekada na ang nakalilipas nagsalita ako sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa pornograpiya. Nagdagdag ako sa mga mensahe ng ibang mga lider laban sa nakapipinsalang mga epekto ng pornograpiya sa espirituwalidad. Nagbabala ako na napakaraming matanda at batang lalaki ang nasasaktan sa tinawag kong "literaturang nagtataguyod o humihikayat ng imoral o di angkop na relasyong seksuwal."[1] Ang paggamit ng pornograpiya sa anumang uri nito ay masama—pinamamanhid nito ang ating espirituwal na pandamdam, pinahihina ang kakayahang gamitin ang kapangyarihan ng priesthood, at sinisira ang mahahalagang ugnayan.

Ngayon, mahigit 10 taon kalaunan, nagpapasalamat ako na marami, na nakikinig at sumusunod sa mga babala ng propeta, ang nakaiwas at nanatiling malinis at walang bahid-dungis sa mga batik ng pornograpiya. Nagpapasalamat din ako na maraming sumunod sa paanyaya ng propeta na iwaksi ang pornograpiya, paghilumin ang nawasak na mga puso at ugnayan, at patuloy na tumahak sa landas ng pagkadisipulo. Subalit mas nag-aalala ako kaysa rati na ang iba sa atin ay patuloy na naaakit sa pornograpiya, lalo na ang ating mga kabataang lalaki at maging ang dumaraming mga kabataang babae.

Ang isang pangunahing dahilan kaya lumalaki ang problema sa pornograpiya ay na sa mundo ngayon, ang mga salita at imahe na may seksuwal na nilalaman at impluwensya ay nasa buong paligid: matatagpuan ito sa mga pelikula, palabas sa TV, social media, text message, phone apps, patalastas, aklat, musika, at araw-araw na pag-uusap. Dahil dito, di-maiiwasan na lahat tayo ay malantad sa mahahalay na mensahe sa tuwina.

PAGLALARAWAN NI DOMI8NIC/ISTOCK/THINKSTOCK

Ang magtiwala sa Panginoon nang may pagpapakumbaba ay humihikayat sa isang tao na tanggapin ang ilang katotohanan, na, kapag lubos na naunawaan, ay nagbibigay ng lakas at pumapawi ng kahihiyan.

I. Mga Antas ng Pagkasangkot

Upang tulungan tayong harapin ang tumitinding kasamaang ito, gusto kong tukuyin ang iba't ibang antas ng pagkasangkot sa pornograpiya at magmungkahi ng mga dapat nating itugon sa bawat isa sa mga ito.

Sa nakaraang mga pagkakataon at sitwasyon, ang payo namin tungkol sa pornograpiya ay nakatuon lang sa pagtulong sa mga tao na maiwasang malantad sa una o kaya'y makahulagpos mula sa adiksyon. Bagama't mahalaga pa rin ang mga pagsisikap na iyon, ang mga karanasan noon at sitwasyon ngayon ay nagpakita na kailangan ang payo tungkol sa mga antas ng paggamit ng pornograpiya sa pagitan ng magkasalungat na reaksyong pag-iwas at adiksyon. Makakatulong na magtuon sa apat na iba't ibang antas ng pagkasangkot sa pornograpiya: (1) di-sadyang pagkalantad, (2) paminsan-minsang paggamit, (3) matindihang paggamit, at (4) walang kontrol na paggamit (adiksyon).

> **Sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo, lahat ay maaaring mapatawad at tumanggap ng kakayahang magbago.**

1. **Di-sadyang Pagkalantad.** Naniniwala ako na lahat ay nalantad na nang hindi sinasadya sa pornograpiya. Hindi ito kasalanan kapag umiwas tayo at hindi na natin itinuloy ito. Para itong pagkakamali, na kailangang itama sa halip na pagsisihan.[2]
2. **Paminsan-minsang Paggamit.** Ang paggamit na ito ng pornograpiya ay maaaring paminsan-minsan o madalas pa, ngunit laging sinasadya, at iyan ang masama.

   Ang pornograpiya ay pumupukaw at nagpapasidhi sa maalab na damdaming seksuwal. Ibinigay sa atin ng Lumikha ang ganitong mga pakiramdam para sa Kanyang matalinong layunin, ngunit nagbigay rin Siya ng mga utos na naglilimita sa pagpapahayag nito sa ikinasal na lalaki at babae. Binabalewala ng pornograpiya ang angkop na pagpapahayag ng damdaming seksuwal at hinihikayat na ipahayag ito nang walang basbas ng kasal. Ang mga gumagamit ng pornograpiya ay nakikipaglaro sa mga puwersang napakalakas para makalikha ng buhay o wasakin ito. Huwag ninyong subukan ito!

   Ang panganib ng anumang sadyang paggamit ng pornograpiya, nagkataon man o madalang, ay na humahantong ito sa mas madalas na pagkalantad, hanggang sa hindi na mawaglit pa sa isipan ang damdamin at pagnanasang seksuwal. Natuklasan ng mga siyentipiko na ang mga seksuwal na imahe ay bumubuo ng mga kemikal sa utak na nagbibigay-kasiyahan sa damdaming seksuwal, at nagpapahumaling sa seksuwalidad.[3] Ang anumang uri o antas ng imoral na pagnanasang seksuwal ay nagpapadama ng kahihiyan, na sa paglipas ng panahon ay maaaring maging bahagi na ng pagkatao.
3. **Matindihang Paggamit.** Ang paulit-ulit na sadyang paggamit ng pornograpiya ay maaaring makagawian na, "isang gawi na palaging ginagawa hanggang sa hindi na ito mapigilan."[4] Sa paulit-ulit na paggamit, nararamdaman ng isang tao na kailangan niya ng iba pang bagay na pupukaw sa reaksyong iyon para masiyahan siya.
4. **Walang Kontrol na Paggamit (Adiksyon).** Ang gawi ng isang tao ay masasabing isang adiksyon kapag "nakaasa" na siya rito (isang katagang medikal na nauugnay sa paggamit ng droga, alak, pagkagumon sa sugal, atbp.) na humahantong sa "di-mapaglabanang simbuyo" na "nangingibabaw sa halos lahat ng iba pang bagay sa buhay."[5]

II. Ang Kahalagahan ng Pag-unawa sa Lahat ng Antas na Ito

Kapag naunawaan na natin ang iba't ibang antas na ito, nauunawaan din natin na hindi lahat ng sadyang gumagamit ng pornograpiya ay lulong na rito. Sa katunayan, karamihan ng kabataang lalaki at babae na may problema sa pornograpiya ay hindi lulong. Napakahalagang malaman ang pagkakaibang iyan—hindi lamang para sa mga magulang, mag-asawa, at lider na gustong tumulong kundi maging sa mga taong may ganitong problema. Heto ang dahilan.

Una, kapag mas malalim ang antas ng pagkasangkot ng isang tao—mula sa di-sadyang pagkalantad, hanggang sa paminsan-minsan o paulit-ulit na sadyang paggamit, hanggang sa matindihang paggamit, hanggang sa di-mapigilang paggamit (pagkalulong)—mas mahirap makahulagpos. Kung ang gawi ay inakala kaagad na adiksyon, maaaring isipin ng gumagamit nito na nawalan na siya ng kalayaan

at kakayahang daigin ang problema. Maaaring pahinain nito ang determinasyong makahulagpos at magsisi. Sa kabilang banda, ang mas malinaw na pag-unawa sa lalim ng problema—na baka hindi naman ito talamak o matindi na gaya ng ipinangangamba—ay magbibigay ng pag-asa at dagdag na kakayahang magamit ang kalayaang tigilan ito at magsisi.

Ikalawa, tulad ng anumang makasalanang gawi, ang sadyang paggamit ng pornograpiya ay nagtataboy sa Espiritu Santo. Ang ilang tao na nakaranas nito ay mahihikayat na magsisi. Gayunman, ang iba ay maaaring mahiya at gustuhing itago ang kanilang kasalanan sa pamamagitan ng pagsisinungaling. Maaari din silang makaramdam ng kahihiyan, na posibleng humantong sa pagkasuklam sa sarili. Kung mangyari ito, baka paniwalaan na ng mga gumagamit ng pornograpiya ang isa sa malalaking kasinungalingan ni Satanas: na dahil sa nagawa o patuloy na ginagawa nila ay masama na silang tao, na hindi karapat-dapat sa biyaya ng Tagapagligtas at walang kakayahang magsisi. Hindi iyan totoo. Hindi pa huli ang lahat para mapagpala ng Tagapagligtas at ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Sa huli, mahalaga na huwag ituring na adiksyon ang matindi o paulit-ulit na paggamit ng pornograpiya dahil hindi ito tumpak na paglalarawan ng mga sitwasyon o ng ganap na katangian ng hinihinging pagsisisi at paghulagpos. Ang higit na pag-unawa sa kasalukuyang katayuan ng isang tao sa prosesong ito ay magdudulot ng higit na pag-unawa kung ano ang kailangang gawin para makahulagpos dito.

III. Pag-iwas sa Pornograpiya

Ngayon ay pag-isipan natin kung paano makakaiwas at makakahulagpos ang mga tao sa bitag ng pornograpiya. Makakatulong ito hindi lamang sa mga nahihirapang malabanan ang paggamit ng pornograpiya kundi maging sa mga magulang at lider na tumutulong sa kanila. Higit na magtatagumpay ang mga tao kapwa sa pag-iwas at paghulagpos mula sa pornograpiya kapag tinalakay nila ang mga paksang ito sa mga magulang at lider.[6]

Saanmang antas ang pagkasangkot ninyo sa sadyang pagtingin sa pornograpiya, humahantong ito sa landas tungo sa paghulagpos, kadalisayan, at pagsisisi at nangangailangan ng pagsunod sa mga pangunahing alituntunin: pagpapakumbaba, pagkadisipulo, katatagan sa personal na planong magbago, pananagutan at suporta, at pagtitiis nang may pananampalataya.

A. Pagpapakumbaba

Upang tunay na madaig ang pornograpiya at kaugnay na mga gawi, kailangang magpakumbaba ang isang tao (tingnan sa Eter 12:27). Ang magtiwala sa Panginoon nang

PAGLALARAWAN NI MAJIVECKA/ISTOCK/THINKSTOCK

Ang pagkilos ayon sa mga katotohanang ito ay nangangailangan din na muling mamuhay bilang disipulo ng Panginoong Jesucristo at gawin ang mga bagay na nagpapadalisay at nagpapalakas sa kanila upang mapaglabanan ang darating na mga tukso.

may pagpapakumbaba ay humihikayat sa isang tao na tanggapin ang ilang katotohanan, na, kapag lubos na naunawaan, ay nagbibigay ng lakas at pumapawi ng kahihiyan. Kabilang sa ilan sa mga katotohanang ito ang:

- Bawat isa sa atin ay pinakamamahal na anak ng ating mapagmahal na Ama sa Langit.
- Mahal at personal na kilala ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang bawat isa sa atin.
- Ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas ay para sa lahat ng anak ng Diyos.
- Sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo, lahat ay maaaring mapatawad at tumanggap ng kakayahang magbago.
- Bawat isa sa atin ay may walang katumbas na kalayaan, kaya makakaasa tayo sa kapangyarihan at lakas ng Pagbabayad-sala.
- Ang mga taong may problema sa pornograpiya ay magkakaroon ng pag-asa sa katotohanan na napagtagumpayan ng iba ang problemang ito.
- Ang pornograpiya ay masama, ngunit hindi ibig sabihin ay masama na rin ang taong nasasangkot dito.
- Sinumang tao ay makakaiwas sa bitag ng pornograpiya at lubusang makakahulagpos, ngunit posible lamang ito sa pamamagitan ng pag-asa sa kapangyarihan ng Pagbabayad-Sala.
- Ang tunay na pagsisisi mula sa pornograpiya ay hindi lamang pagtigil sa paggamit nito. Kailangan sa gayong pagsisisi ang pagbabago ng puso sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo.

Ang pagtanggap sa mga katotohanang ito ay espirituwal na naghahanda sa isang tao na gawin ito, na siyang magbibigay ng pagkakataon na matanggap ang tulong ng Panginoon upang magawa ang mga pagbabagong kailangan para makapagsisi at makahulagpos.

B. Pagkadisipulo

Ang pagkilos ayon sa mga katotohanang ito ay nangangailangan din na muling mamuhay bilang disipulo ng Panginoong Jesucristo at gawin ang mga bagay na nagpapadalisay at nagpapalakas sa kanila upang mapaglabanan ang darating na mga tukso. Ibig sabihin ay pagiging tapat sa paggawa ng mga espirituwal na bagay: araw-araw na makabuluhang panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagdalo sa mga miting ng simbahan, paglilingkod, pag-aayuno, at (kapag inaprubahan ng bishop) pagtanggap ng sakramento at pagsamba sa templo.



Depende sa bigat ng problema, maaaring kailanganin ng mga tao ng suporta ng isang mapagkakatiwalaan at maalam na tao o isang professional counselor.

C. Katatagan sa Personal na Plano

Ang mapagpakumbabang mga disipulo ni Jesucristo ay magkakaroon ng matalas na pakiramdam upang matukoy ang masisidhing damdamin, mga sitwasyon sa lipunan, at kapaligiran na nag-uudyok sa tuksong gumamit ng pornograpiya. Matapos suriin ang mga pang-uudyok na ito, gagawa sila ng personal na plano sa pag-iwas na tutulong sa kanila:

- Kilalanin ang mga pang-uudyok at pagnanasa kapag nadama ang mga ito.
- Umisip ng mga tiyak na gagawin para matulungan silang lumayo sa tukso.
- Ibaling ang isip at lakas sa Panginoon.
- Isa-isahin ang mga tiyak na gagawin araw-araw upang mapatibay ang kanilang personal na pangakong mamuhay nang matwid.

Sa pagpaplano para sa sarili, dapat gamitin ng mga tao ang magagandang sangguniang inilaan ng Simbahan. Halimbawa, ang website ng Simbahan na overcomingpornography.org ay may nilalaman na makakatulong sa mga tao gayundin sa mga miyembro ng pamilya at lider ng priesthood na sumusuporta sa kanila. Bukod pa rito, ang Addiction Recovery Program ng Simbahan ay inilalaan sa lahat ng miyembro na nahihirapan sa anumang adiksyon, at makakatulong din sa kanilang mga kapamilya.

D. Pananagutan at Suporta

Ang mapagpakumbabang mga alagad ni Jesucristo na kinikilala na kailangan nila ang Tagapagligtas ay

PAGLALARAWAN NG INGRAM PUBLISHING/ISTOCK/THINKSTOCK

hihingin din ang tulong ng kanilang bishop, na tinawag ng Panginoon bilang kanilang priesthood leader at mayhawak ng kailangang mga susi upang tulungan silang magsisi. Sa pahintulot ng mga taong sangkot at kung magkakaroon ng inspirasyon ang bishop, maaari din siyang tumawag ng isang taong makakasama at makakatulong sa kanila. Anuman ang sitwasyon, naaangkop ang payong ito mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008):

"Sumamo kayo sa Panginoon nang buong kaluluwa ninyo na alisin Niya sa inyo ang pagkalulong na umaalipin sa inyo. At nawa'y magkaroon kayo ng lakas ng loob na hangarin ang mapagmahal na gabay ng inyong bishop at, kung kailangan, ang payo ng mapagmalasakit na mga propesyonal."[7]

Depende sa bigat ng problema, maaaring kailanganin ng mga tao ng suporta ng isang mapagkakatiwalaan at maalam na tao o isang professional counselor na makakausap nila anumang oras upang mapalakas sa mga sandali ng kahinaan at maaari silang panagutin sa kanilang plano.

E. Pagtitiis nang may Pananampalataya

Ang mga taong nagsisi at mapalad na nadaig ang pagnanasang gumamit ng pornograpiya ay kailangan pa ring mag-ingat, dahil hahangarin pa rin ng kaaway na samantalahin ang kanilang kahinaan bilang tao. Ang di-sadyang pagkalantad ay maaari pa ring mangyari sa kabila ng lahat ng pagsisikap na iwasan ito. Sa buong buhay nila, kailangang matuto ang mga tao na kontrolin ang kanilang damdaming seksuwal na bigay ng Diyos at sikaping manatiling malinis.

IV. Habag para sa Lahat

Narito naman ang maikling payo kung paano natin pakikitunguhan ang mga taong nabitag ng pornograpiya. Kailangan nating lahat ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kailangan ng mga may problema sa pornograpiya ang ating habag at pagmamahal habang sinusunod nila ang mga alituntunin at hakbang sa paghulagpos dito. Huwag sana ninyo silang husgahan. Hindi sila masama o wala nang pag-asa. Sila ay mga anak na lalaki at babae ng ating Ama sa Langit. Sa pamamagitan ng wasto at lubos na pagsisisi, sila ay maaaring maging malinis, dalisay, at karapat-dapat sa bawat tipan at pagpapala ng templo na ipinangako ng Diyos.

Pagdating sa edad na maaari nang mag-asawa, hinihikayat ko ang mga kabataang babae at lalaki na maingat na pumili ng makakasama sa kawalang-hanggan na malinis at dalisay sa harapan ng Panginoon at karapat-dapat na pumasok sa templo. Ang mga taong lubos na nagsisi dulot ng pornograpiya ay karapat-dapat sa mga pagpapalang ito.

Bawat isa sa atin ay may walang katumbas na kalayaan, kaya makakaasa tayo sa kapangyarihan at lakas ng Pagbabayad-sala.

V. Katapusan

Sa buong buhay natin, lahat tayo ay makakakita ng mga materyal na may seksuwal na nilalaman. Sa patnubay ng ating mapagmahal na Tagapagligtas, pati na ng katiyakan mula sa mga tipan sa sakramento na mapasaatin nawa sa tuwina ang Kanyang Espiritu upang makasama natin (tingnan sa D at T 20:77), lagi tayong makakatugon nang wasto. Pinatototohanan ko na ito ang dapat nating gawin upang matamasa ang mga pagpapala Niya na ating sinasamba. Kapag ginawa natin ito, lubos nating matatanggap ang kapayapaan ng Tagapagligtas at mananatili tayo sa landas tungo sa ating walang-hanggang tadhana ng kadakilaan. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Pornograpiya," *Liahona,* Mayo 2005, 87–90.
2. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Sins and Mistakes," *Ensign,* Okt. 1996, 62–67.
3. Tingnan sa Donald L. Hilton Jr., M.D., "Pornography Addiction—a Supranormal Stimulus Considered in the Context of Neuroplasticity," *Socioaffective Neuroscience and Psychology,* tomo 3 (2013), socioaffectiveneuroscipsychol.net/index.php/snp/article/view/20767; tingnan din sa "Porn Changes the Brain," fightthenewdrug.org.
4. *Webster's Encyclopedic Unabridged Dictionary of the English Language* (1989), "habit."
5. *American College of Physicians Complete Home Medical Guide* (1999), 564.
6. Bukod pa rito, ang mga kabataan at ang kanilang mga magulang ay dapat mag-usap nang prangkahan ngunit angkop tungkol sa pagaanak. Ang mga kabataang nakakarinig tungkol sa seksuwalidad ng tao mula sa kanilang mga kaedad kaysa kanilang mga magulang ay mas malamang na humanap ng impormasyon tungkol dito sa pamamagitan ng pornograpiya.
7. Gordon B. Hinckley, "Isang Kalunus-lunos na Kasamaan sa Ating Paligid," *Liahona,* Nob. 2004, 62.

Nasa TAMANG LUGAR sa TAMANG PANAHON

MGA ARALIN SA ARAW NG LINGGO

Paksa sa Buwang Ito:
Pagiging Higit na Katulad ni Cristo

May nagsabi na ba sa iyo na ang ginawa o sinabi mo ang mismong kailangan nila? Kung minsa'y nangyayari ito dahil isinugo ka ng Ama sa Langit sa tamang sandali para tumulong. Nakaayon ka sa Espiritu, kaya nadama mo ang pahiwatig na iyon mula sa Ama sa Langit. Manatiling marapat at handang tumulong—hindi mo alam kung kailan ka Niya kakailanganing maging anghel sa isang tao.

Narito ang dalawang kuwento ng mga tao na iyan mismo ang ginawa:

ANG PARKING TICKET

Ni Fátima Rocha Gutiérrez

Nagpunta ako sa sinehan kasama ang ilang kaibigan ko sa simbahan. Pagpasok namin sa mall, binigyan kami ng tiket sa parking. Nang matapos ang pelikula, naiwala pala namin ang parking ticket. Noong una inisip naming bayaran na lang ang tiket, pero wala ni isa man sa amin ang may 180 pesos na pambayad sa multa.

Kapag hindi namin binayaran ang parking, maiiwan ang kotse sa mall para ipahila, at mas magastos pa iyon. Nanlumo ang mga kaibigan ko, lalo na ang nagmaneho dahil sa tatay niya ang kotse. Lumayo ako para magdasal. Hiniling ko sa Ama sa Langit nang buong pananalig at pagpapakumbaba na maglaan ng paraan para malutas namin ang problema at makauwi kami nang ligtas sa aming mga tahanan. Hindi ko malilimutan ang nangyari ilang segundo lamang pagkatapos kong magdasal.

Habang naglalakad ako pabalik sa kotse, may tumawag sa pangalan ko. Si Francisco iyon, kaibigan ko sa hayskul. Itinanong niya kung ano ang ginagawa ko, at sinabi ko sa kanya ang nangyari. Walang pag-aatubiling inilabas niya ang kanyang pitaka at binigyan ako ng sapat na pambayad sa nawalang tiket. Ang kabaitang ito ay dagliang sagot sa aking mga pagsamo sa Ama sa Langit.

Maaaring hindi malaman ni Francisco kailanman na napakalaking tulong niya, pero alam ko na labis ko itong ipagpapasalamat habang ako'y nabubuhay.

Kung minsan ang mga paraan ng pagsagot ng Ama sa Langit sa ating mga dalangin ay nakakamangha, ngunit hindi iyon nagkataon lamang. Kilalang-kilala tayo ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo at ginagabayan ang ating buhay.

Alam ko na kapag namuhay tayo nang matwid, matatamasa natin ang di-mabilang na mga pagpapalang tanging ang Ama sa Langit ang makapagbibigay sa atin, kabilang na ang Kanyang pangako



sa atin na "kung gagawin [natin] ang mga bagay na ito, [tayo] ay dadakilain sa huling araw" (Alma 37:37). ■

Ang awtor ay naninirahan sa Baja California, Mexico

ISANG TAWAG SA TELEPONO NA TAMANG-TAMA ANG DATING

Ni Chen Ching Chuan

Lumaki ako na hindi naniniwalang may Diyos. Napakagulo ng buhay ko, at sa mga panahong napakatindi ng lungkot ko ay gusto ko nang wakasan ang buhay ko. Noon kumatok ang mga missionary sa pintuan ko. Ang ebanghelyo ang mismong kailangan ko; hinila ako nito na parang batubalani.

Hindi natapos ang mga pagsubok ko nang sumapi ako sa Simbahan, pero mas nalabanan ko na ang impluwensya ng kaaway. Sa unang pagkakataon, nadama ko ang tunay na kaligayahan.

Gayunman, hindi nawala kaagad ang depresyon ko. Minsan ay ginusto kong sumukong muli. Sa sandaling iyon, tumawag si Sister Ting, ang asawa ng bishop. Sinabi niya sa akin na nadama niyang kailangan niya akong tawagan. Kinumusta niya ako. Sinabi ko sa kanya ang lahat ng nangyayari sa akin. Para sa akin, isa siyang anghel na isinugo ng Diyos.

Pinatatag ako ng pangyayaring iyon. Lumakas ang pananampalataya ko. Nadama ko na parang kaya kong daigin ang kamatayan. Nadama kong iniligtas ako, tulad ng sinabi sa Alma 36:2–3:

"Sila ay nasa pagkaalipin, at walang makapagpapalaya sa kanila maliban sa . . . Diyos. . . .

". . . Sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok, at kanilang mga suliranin, at kanilang mga paghihirap, at dadakilain sa huling araw."

May mga pagsubok pa rin ako, pero hindi na ako muling padadaig kaagad. Pinatatag ako ng Diyos sa lahat ng pagsubok at problema ko. Iniligtas niya ako mula sa espirituwal na bilangguan at pagkaalipin, maging sa kamatayan. Siya ang aking Tagapagligtas. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Taichung, Taiwan.



BINABANTAYAN TAYO NG DIYOS

"Tunay na napapansin tayo ng Diyos, at binabantayan niya tayo. Ngunit karaniwan na sa pamamagitan ng ibang tao niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan. Samakatuwid, lubhang mahalaga na paglingkuran natin ang bawat isa sa kaharian."

Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 100.

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

ANG AKLAT NG IYONG BUHAY

*Ano ang **isusulat** mo rito?*

Bawat araw ay naghahatid ng bagong pahinang susulatan. Mamuhay sa paraan na sa bawat pahina ay nakasaad na, “Natutuwa ako’t ginawa ko iyon” at hindi “Sana ginawa ko iyon.”

(Tingnan sa L. Tom Perry, “Paano Punuin ang Inyong Aklat ng Buhay,” *Liahona*, Peb. 2014, 61.)

PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN, TRAVIS DEMING, AT CHERYL E. JOHNSON; MGA LARAWAN NG STOCK © HEMERA/THINKSTOCK, PHOTODISC/THINKSTOCK, AT ISTOCK/THINKSTOCK

Genesis 1:26–27

Ano ang ibig sabihin ng nilalang ayon sa larawan ng Diyos?

ANG LARAWAN NG DIYOS

"Ang pagkilala sa isang kapangyarihang mas mataas kaysa sa sarili ay hindi nagpapababa sa anupamang paraan; sa halip, ito ay nagpapadakila. Kung matatanto lamang natin na tayo ay nilalang ayon sa larawan ng Diyos, hindi tayo mahihirapang lumapit sa Kanya. . . . Ang kaalamang ito, na natatamo sa pamamagitan ng pananampalataya, ay maghahatid ng kapanatagan ng kalooban at matinding kapayapaan."

Pangulong Thomas S. Monson, "The Lighthouse of the Lord," *Ensign*, Nob. 1990, 95–96.

NATIN

Ang pangmaramihang katagang ito ay nagpapahiwatig na may kausap ang Diyos—dahil totoong may kausap Siya. Itinuro ni Joseph Smith, "Sa simula, ang pinuno ng mga Diyos ay tumawag ng kapulungan ng mga Diyos; at sila ay nagpulong at gumawa [naghanda] ng isang plano na lalangin ang mundo at ang mga tao rito" (*History of the Church,* 6:308). Kasama sa kapulungang ito ang Panginoong Jesucristo at iba pa (tingnan sa Moises 2:26–27; Abraham 4:26–27).

AYON SA ATING WANGIS

"Ang Diyos Mismo ay minsang naging katulad natin, at isang taong dinakila, at nakaupo sa luklukan sa kalangitan! Iyan ang dakilang lihim. Kung mapupunit ngayon ang tabing, at . . . kung makikita ninyo Siya ngayon, makikita ninyo siya sa hubog ng tao—katulad ng inyong buong pagkatao, imahe, at anyo mismo ng isang tao."

***Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 48.**

26 At sinabi ng Dios, [l]Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis: [m]at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.
27 At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na [n]lalake at babae.

"Ang tao ay anak ng Diyos, hinubog sa banal na larawan at pinagkalooban ng mga banal na katangian, at tulad ng ang isang sanggol na anak ng isang ama at ina sa lupa ay may kakayahan pagsapit ng takdang panahon na sumapat ang gulang, gayundin ang isang wala pang karanasang supling ng selestiyal na mga magulang ay may kakayahan, batay sa karanasan sa loob ng libu-libong taon, na untiunting maging isang Diyos."

Ang Unang Panguluhan, "The Origin of Man," *Improvement Era,* Nob. 1909, 81; *Ensign,* Peb. 2002, 30.

KAPANGYARIHAN

"Ang mundo at lahat ng bagay na naroon ay dapat gamitin nang responsable upang manaig ang sangkatauhan. Gayunman, lahat ay katiwala—hindi may-ari—sa mundong ito at sa yaman nito at mananagot sa harapan ng Diyos sa anumang ginagawa nila sa Kanyang mga nilalang."

"Environmental Stewardship and Conservation," mormonnewsroom.org; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 104:13–15.

LALAKI AT BABAE

"Lahat ng lalaki at babae ay kahalintulad ng Ama at Ina ng lahat ng tao at literal na mga anak ng Diyos."

Ang Unang Panguluhan, "The Origin of Man," *Improvement Era,* Nob. 1909, 78; *Ensign,* Feb. 2002, 29.

"Ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan."

"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.

Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling mga talata sa seminary scripture mastery, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.

ANG PAGHAHANAP KO SA KATOTOHANAN

Noon pa man ay itinuro na sa akin na walang Diyos, pero nagpasiya akong alamin ito sa sarili ko.

Ni Peng Hua

Dahil lumaki ako sa isang bayan sa Asia na puno ng kumpetisyon at walang relihiyon, noon pa man ay hangad ko nang maging matagumpay, ngunit wala akong mga walang-hanggang alituntunin o katotohanang gagabay sa akin. Sa aking bansa, ang ibig sabihin ng "matagumpay" ay mayaman at makapangyarihan.

Noon pa man ay itinuro na sa akin ng mga magulang ko na walang Diyos. Para sa kanila, ang relihiyon o Diyos ay walang-katuturan at para lamang sa mahihinang tao. Matagal kong itinuring ang sarili ko na atheist. Itinuro nila sa akin na hindi ako dapat magtiwala kahit kanino maliban sa sarili ko. Kaya sa murang edad ginamit ko na ang matatayog na ambisyon ko para maganyak akong mag-aral at magtrabaho nang husto.

Mataas ang inaasahan ng mga magulang ko sa akin. Gusto nilang laging mataas ang mga marka ko sa eskuwela. Nalungkot akong makita sa mukha nila ang pagkasiphayo o marinig na nagtatalo sila kapag mababa ang marka ko. Bukod pa sa karaniwang gawain ko sa paaralan, kailangan ko ring gumawa ng iba pang homework kapag Sabado't Linggo para laging A ang marka ko.

Kahit nakamit ko na ang itinakda kong mga mithiin, nadama ko pa rin na may iba pang naghihintay sa buhay ko. Sa kaibuturan ng puso ko, alam kong tiyak na marami pang mangyayari.

Isang araw nagpasiya akong alamin sa sarili ko kung talagang mayroong Diyos. Kung Siya ay umiiral, gusto kong malaman kung ano ang gusto Niya para sa akin o kung ang relihiyon ay isang bagay na walang-katuturan na kathang-isip lang ng mga tao. Hindi ako natakot na matanggap ang alinman sa dalawang sagot na ito. Gusto ko lang malaman ang katotohanan.

Noong panahon ding iyon, naging malapit na kaibigan ko ang isa sa mga ka-team ko sa basketball na si Taylor. Isang umaga tinanong ko siya kung puwede akong makisabay papasok sa eskuwela. Pumayag siya, pero kailangan kong gumising na mas maaga nang isang oras para sumama sa kanya sa seminary. Atubili akong pumayag, na hindi alam kung ano iyon. Nasiyahan ako sa seminary, bagama't dahil iyon sa nadama ko kaysa sa natutuhan ko.

Hindi nagtagal pagkatapos niyon, pinasama ako ni Taylor sa kanya na magsimba. Noong una akala ko nakakainip at kakatwa ang magsimba, pero kalaunan ay nadama ko ang magiliw at payapang damdamin sa serbisyo.

Gayunman, hindi ako nahikayat na may kinalaman sa Diyos ang magandang pakiramdam. Paano ko nalaman na hindi ito nagmula sa sarili ko? Paano ko nalaman na hindi ko pinilit ang sarili ko na maramdaman iyon?

Matapos ang maraming pagtatalo ng kalooban, nagpunta ako sa nanay ni Taylor para makahanap ng sagot. Sinabi niya sa akin na matatanggap ko ang mga sagot sa akin sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdarasal tungkol sa mga sagot na hinahanap ko. Nagdasal ako nang walang natatanggap na anumang sagot at sinikap kong sundin ang mga patakaran at utos na natututuhan ko. Maraming beses akong nabigo. Inasahan kong magpakita ang Diyos sa isang kagila-gilalas at pambihirang paraan o sa isang medyo mahimalang pangyayari para patunayan na mayroong Diyos. Gusto ko talagang magkaroon kaagad ng isang matibay na patotoo. Ang totoo, nang lalo akong magdasal, lalo akong nakadama ng higit na kaliwanagan sa buhay ko. Nang lalo kong sinunod ang mga kautusan, lalo akong sumaya. Nang lalo kong binasa ang mga banal na kasulatan, lalo akong tumanggap ng paghahayag. Unti-unti, nadagdagan ang aking patotoo, na gaya ng pagsikat ng araw sa umaga.

Inabot ng dalawang taon bago ako nagdesisyong magpabinyag para maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kahit ipinamuhay ko ang maraming mabubuting pamantayan ng kagandahang-asal at alituntunin noong araw, masasabi ko

PAGLALARAWAN NI DAN BURR

MAAARI NATING PILIING MANIWALA

"Ang paniniwala at patotoo at pananampalataya ay hindi mga alituntunin na wala ka nang ga-gawin. Hindi ito basta nangyayari sa atin. Ang paniniwala ay isang bagay na pinipili nating gawin—inaasahan natin ito, pinagsisikapan natin ito, at nagsasakripisyo tayo para dito. Hindi tayo maniniwala sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo ni mananalangin o magbabayad ng ikapu nang hindi sinasadya. Sadyang pinipili nating maniwala, tulad ng pagpili nating sundin ang iba pang mga kautusan."

Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu, "Piliing Maniwala," *Liahona*, Mayo 2015, 38.

ngayon na natagpuan ko na ang walang-hanggan at lubos na katotohanan: ang Diyos ay buhay. Si Jesus ang Cristo, ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Bukas ang kalangitan. May propeta ngayon ang Diyos sa lupa. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay tunay. Talagang pinatatawad ng Diyos ang lahat ng nagsisising makasalanan. Maaaring hindi ako kasintalino o kasindunong ng ibang tao, ngunit ang taglay kong kaalaman ay walang katumbas ang halaga. ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.

Kahanga-hangang

MGA KABATAANG LALAKI *AT* BABAE SA MGA BANAL NA KASULATAN

Maaari kang matuto mula sa at sundin ang mga halimbawa ng maraming mabubuting kabataan na ang mga kuwento ay nasa mga banal na kasulatan.

Ni Gisela Guthier

Mahal ng Panginoon ang mga kabataan ng Simbahan. Malaki ang tiwala Niya sa inyo. Sa bawat panahon, binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang magigiting na kabataang lalaki at babae na akayin at pagpalain ang Kanyang mga tao. Kailangan Niya ang kanilang pagkamalikhain, lakas-ng-loob, at pagiging orihinal. Ganito na noon at patuloy na magiging gayon.

Ang maraming halimbawa ng mga kabataang bayani ay parang ginintuang sinulid na nakatahi sa mga banal na kasulatan. Kahit nabuhay sila noong unang panahon, maaari kang sumunod sa kanilang halimbawa at makaugnay sa kanilang buhay. May mga problema sila noon sa pamilya; nabuhay sila na kasama ang masasamang tao; humarap sila sa "mga Goliath," ngunit dahil sa kanilang lakas-ng-loob, pagsunod, at pananampalataya kay Jesucristo ay nalagpasan nila ang kanilang mga hamon—tulad ng magagawa ng mga katangiang ito para sa inyo.

Abraham

Kahanga-hanga ang determinasyon, lakas-ng-loob, at kahandaan ni Abraham na magtaas ng tinig laban sa kasamaan—lalo na nang sumamba ang kanyang ama sa mga diyus-diyusan. Noong binata siya, nanindigan siya sa kabutihan kaya muntik na siyang mapatay para ialay bilang hain. (Tingnan sa Abraham 1:2–7.)

Si Jose ng Egipto

Siya ay 17 taong gulang nang ipagbili ng kanyang nakatatandang mga kapatid bilang alipin, gayunman dahil pinagpala ng Panginoon, may nagawang mabuti si Jose sa kabila ng mahirap na sitwasyong ito. Hindi siya natalo, dahil hindi siya sumuko kailanman. Patuloy siyang nagtiwala sa Panginoon. Ang malaking kabaitan ni Jose ay nakita sa marangal na paraan ng pagpapatawad niya sa mga ginawa sa kanya na hindi makatarungan. (Tingnan sa Genesis 37; 45.)

David

Bilang tinedyer si David ay isang pastol, at kinalaban niya ang isang oso at isang leon para protektahan ang mga tupa ng kanyang ama. Ang kanyang tiwala sa sarili ay hindi nagmula sa kanyang mga kakayahan bilang pastol; nagmula ito sa kanyang pananampalataya sa Ama sa Langit, na makikita sa pakikipaglaban niya kay Goliath. (Tingnan sa I Samuel 17:32-54.)

Esther

Determinado siyang ilagay sa panganib ang sarili niyang buhay para iligtas ang kanyang mga tao. Hindi ang kagandahan ni Esther ang nagpadakila sa kanya kundi ang kanyang espirituwal na mga katangian. (Tingnan sa Esther 4–5.)

Daniel

Sinunod niya ang batas ng Panginoon ukol sa kalusugan kahit hindi iyon sinusunod ng ibang mga tao sa paligid niya. Nanalangin

PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY



siya, kahit labag sa mga utos ng hari ang manalangin sa Ama sa Langit. Dahil sa kanyang kabutihan at katapatan sa inspirasyon ng Espiritu, si Daniel ay biniyayaan ng Panginoon ng kaloob na pagbibigay-kahulugan sa mga panaginip at pangitain. Tumanggap siya ng kapangyarihan at karunungan mula sa Ama sa Langit upang sa oras ng panganib ay magamit niya ang mga kapangyarihan ng langit. (Tingnan sa Daniel 1; 6.)

Nephi

Si Nephi ay isang pambihirang halimbawa nang sabihin niyang, "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon" (1 Nephi 3:7). Nagkaroon siya ng tapang na gawin ang ipinagagawa sa kanya. Tumira ba siya sa isang komportableng tahanan? Hindi, nanirahan siya sa ilang nang maraming taon. Naging maayos ba ang lahat para sa kanya? Hindi, madalas ay galit sa kanya ang kanyang mga kapatid na lalaki at kung minsan ay tinatangka siyang patayin ng mga ito. Sa kabila ng lahat ng ito, sinunod niya ang mga utos ng Panginoon.

Dalawang Libong Kabataang Ammonita

Ang mga binatang ito ay pinalaki ng matatapat na magulang, at pinagpala sila ng kanilang pananampalataya sa mga salita ng kanilang mga ina. Natuto silang makinig at sumunod nang may kahustuhan, at sa kanilang mga pakikipagdigma ay hindi sila nag-alinlangan na poprotektahan sila ng kanilang Ama sa Langit. (Tingnan sa Alma 56:45–48.)

Mormon

Noong siya ay 15 taong gulang, dumalaw ang Panginoon sa kanya dahil siya ay mapagpakumbaba, malinis at dalisay, sa kabila ng karumihan ng mga tao sa kanyang paligid. Gayundin sa edad na 15, si Mormon ay ginawang lider ng hukbo. Kalaunan ipinagkatiwala sa kanya ang pag-iingat ng mga banal na kasulatan. (Tingnan sa Mormon 1–2.)

Joseph Smith

Sa edad na 14 sinaliksik niya ang mga banal na kasulatan at nanalangin upang malaman kung aling simbahan ang sasapian. Tinawag siya ng Panginoon upang ipanumbalik ang ebanghelyo at ang Simbahan ni Jesucristo. Inilaan ni Joseph ang kanyang buong buhay sa pagganap sa tungkuling iyon, sa kabila ng maraming balakid at paghihirap. Sa edad na 17 binisita siya ng anghel na si Moroni, at ipinakita sa kanya ang mga laminang ginto. Kahit sa murang edad, si Joseph Smith ay isang makapangyarihang guro at mabuting halimbawa sa mga tao sa paligid niya. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1.)

Inyong Panahon

Lumipas na ba ang mga araw ng kahanga-hangang mga kabataang lalaki at babae? Hindi! Sinabi ng anghel na si Moroni kay Joseph Smith na ang propesiya ni Joel ay malapit nang matupad:

"Ibubuhos ko [ang Panginoon] ang aking espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain:

"At sa mga lingkod na lalake at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na yaon ang aking Espiritu" (Joel 2:28–29; tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:41). ■

Ang awtor, na isang guro sa seminary, ay nanirahan sa Germany at pumanaw noong 2012.

"Nang magkasakit si Inay, nag-ayuno at na-nalangin kami para sa kanya, pero namatay pa rin siya. Paano ako mapapayapa?"

Malungkot na panahon ito sa buhay mo. Normal lang na gusto mo ng katiyakan at mga sagot sa marami mong tanong: "Bakit hindi siya nabuhay? Makikita ko ba siyang muli? Paano ako mabubuhay nang wala siya?"

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagbibigay kapwa ng kapanatagan at mga sagot. Nangako ang Panginoon, "Mapapalad ang nangahahapis; sapagka't sila'y aaliwin" (3 Nephi 12:4). Hangarin ang Espiritu Santo, sapagkat Siya ang Mang-aaliw.

Iniisip mo kung dininig ang iyong mga dalangin. Pumanatag ka: Laging dinirinig ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin. Ang mga banal na kasulatan at mga buhay na propeta ay nangangako sa atin na iyan ay totoo. Ang sinabi ng Panginoon kay Joseph Smith ay angkop din sa iyo: "Ang iyong mga panalangin at ang mga panalangin ng iyong mga kapatid ay nakarating sa aking mga tainga" (D at T 90:1). Ngunit dapat nating tandaan na sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin nang may walang-hanggang pananaw (tingnan sa Isaias 55:8–9). Iyan ang dahilan kaya natin sinusunod ang halimbawa ng Tagapagligtas na humiling ng mga pagpapala ngunit taos-puso ring hilingin na mangyari ang kalooban ng Ama (tingnan sa Lucas 22:42).

Kahit mahirap, ang pagsubok na ito ay maaaring maging panahon ng paglago para sa iyo. Maaari kang matutong manampalataya sa kalooban ng Diyos, kahit nangangahulugan ito na hindi gumaling ang nanay mo. Siyempre gusto mo siyang mabuhay. Ngunit ang pagsubok sa buhay na ito ay magtiwala sa Diyos sa lahat ng pagkakataon—lalo na kapag mahirap. Kung may tiwala ka sa Kanya, "lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti" (D at T 90:24).

Ang Kamatayan ay Bahagi ng Plano

Ayon sa plano ng ating Ama sa Langit para sa ating kaligayahan, ang pagbalik natin sa Kanyang piling ay batay sa kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, na tutulong sa atin na magbago mula sa mortal na kalagayang ito tungo sa kawalang-kamatayan. Kailangan mo lang tanggapin ang katotohanan na ang kamatayan ay bahagi ng plano at maniwala na balang-araw ay makakapiling mong muli ang iyong yumaong ina. Dapat mong malaman na ang iyong ina ay nasa daigdig ng mga espiritu at naghihintay sa iyo.

David M., edad 18, Western Kasai, Democratic Republic of Congo

Siya ay Nasa Daigdig ng mga Espiritu

Natuklasang may kanser ang nanay ko dalawang taon na ang nakararaan. Ayaw ko siyang makitang nahihirapan, at sana lang ay may magagawa ako. At bagama't gumaling ang nanay ko, mahirap na karanasan iyon. Ang nanay mo ay nasa isang lugar kung saan hindi na siya masasaktan o magdurusa. Mahirap na hindi mo na siya nakikita, pero hindi ka nag-iisa kailanman. Lagi ka niyang mamahalin, at laging nariyan ang ating Ama sa Langit para pasiglahin ka kapag malungkot ka. Hindi ka pababayaan kailanman. Pinagdusahan ni Jesucristo ang mga pasakit ng mundo; alam Niya ang pakiramdam mo at ang pinagdaraanan mo. Gawin ang ginawa ko sa oras ng pagsubok: lumapit sa Kanya at pagagaanin Niya ang inyong mga pasanin.

Shiloh W., edad 18, Chihuahua, Mexico

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

Muling Magkakasama-sama ang Iyong Pamilya

Namatay ang aking ina noong 12 anyos pa lang ako. Hindi pa ako miyembro ng Simbahan noon. Nang magkasakit ang nanay ko, ipinagdasal kong gumaling siya. Malaki ang pananampalataya ko, at nagtiwala ako sa Diyos sa pagasang manunumbalik ang kanyang kalusugan. Nakakalungkot na hindi siya gumaling. Nagtaka ako kung bakit kinailangan niyang mamatay nang napakabata pa at iwan ako noong tinedyer pa lang ako. Nagalit ako at dumating sa puntong nag-alinlangan ako kung totoong may Diyos. Ngayong miyembro na ako ng Simbahan, naunawaan ko na ang plano ng kaligtasan. Alam ko na hinihintay niya ako at na muling magkakasama-sama ang aming pamilya.

Inaê L., edad 19, Minas Gerais, Brazil

Tinuturuan Tayo ng mga Pagsubok

Namatay si Inay tatlong taon na ang nakararaan. Lalago ang kaugnayan mo sa iyong Ama sa Langit at Tagapagligtas kung aasa ka sa Kanila sa oras ng iyong pangangailangan. Makikita mo na ang pagsubok na ito, kahit masakit, ay maaari ding maging pagpapala. Manalangin sa iyong Ama sa Langit para sa kapayapaan at katiyakan. Magtiwala sa plano ng Panginoon para sa iyo. Tanggapin na alam ng Ama sa Langit kung saan tayo pupunta at ano ang kailangan natin para makarating doon. Mahal ka ng Panginoon at gusto Niyang magalak ka. Ang ating mga pagsubok ay may layon na turuan tayo at higit na palakasin.

Meghan B., edad 18, Ontario, Canada

Makikita Mo Siyang Muli

Namatay ang ina ng nanay ko noong 17 anyos si Inay. Ang pamilya ay nagayuno at nanalangin para sa kanya sa loob ng ilang linggo bago siya pumanaw. Binigyan din siya ng basbas ng priesthood. Ang pangunahing bagay na nagdulot ng kapayapaan kay Inay ay ang pagkaalam na makikita niyang muli ang kanyang ina sa kabilang buhay. Mithiin ni Inay na mamuhay nang karapat-dapat sa pagpapalang iyon. Malungkot ako dahil hindi ko na siya makikita sa buhay na ito kailanman, pero inaasam ko ang sandali na magkikita kami sa huli.

Cari R., edad 15, Utah, USA

GINAWA NINYO ANG LAHAT

"Tungkol sa pagpapagaling ng maysakit, malinaw na sinabi [ng Panginoon]: 'At muli, ito ay mangyayari na siya na may pananampalataya sa akin na mapagaling, *at hindi itinakda sa kamatayan,* ay mapagagaling' (D at T 42:48; idinagdag ang pagbibigay-diin). Madalas ay hindi natin napapansin ang marapat na mga katagang 'at hindi itinakda sa kamatayan.' . . . Huwag mawalan ng pag-asa kapag naialay na ang taimtim na mga dalangin at naisagawa na ang mga basbas ng priesthood at di pa rin gumaling o kaya'y pumanaw na ang mahal ninyo sa buhay. Mapanatag na ginawa ninyo ang lahat. . . . Lahat ng panalangin, pag-aayuno, at pananampalataya ay para sa *ating* kapakinabangan sa halip na sa kanya."

Elder Lance B. Wickman, miyembro ng Pitumpu mula 1994 hanggang 2010, "Ngunit Kung Hindi," *Liahona*, Nob. 2002, 30–31.

SUSUNOD NA TANONG

"Sinasabi sa akin ng ilang tao na kailangan kong magkaroon ng mga kaibigan na iba ang mga pamantayan kaysa sa akin para mapalakas ko ang sa akin. Totoo ba?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Nobyembre 15, 2015, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Isang Panalong Desisyon

Ito ang pagkakataon niyang maglaro sa panalong koponan—paano siya makakatanggi?

Ni Marissa Widdison
Mga Magasin ng Simbahan
Batay sa tunay na buhay

"Alalahanin ang araw ng sabbath upang panatilihing banal ito" (Mosias 13:16).

Nagmadaling pumasok si Miranda sa pintuan sa harapan, nagpasasalamat na mas malamig sa bahay niya kaysa sa mainit na panahon ng tag-init sa labas. Puno siya ng pawis mula sa huling laro niya ng football at nainis dahil natalo ang Teal Turbos. Na naman.

Pumasok si Inay sa silid na may dalang bote ng tubig at isang bag ng tirang mga hiwa ng kahel mula sa laro. "Ang galing ng laro ninyo. Mahirap maging goalie."

Buong husay *ngang* naglaro si Miranda—-maraming beses niyang naharang ang bola ng kalaban at mas malakas siyang sumipa kaysa rati. Ngunit karamihan sa mga babae sa kanyang team ay hindi pa nakapaglaro ng football, at napatunayan iyan ngayon: natalo sila sa lahat ng laro sa season na ito.

"Sana naman makapasok ako sa team na nanalo na paminsan-minsan, 'di ba?" Pumatak ang ilang luha mula sa sulok ng mga mata ni Miranda at tumulo sa blue-green niyang jersey. Nang pumikit siya nang mariin, tumunog ang telepono.

Dinampot ni Inay ang telepono at pagkaraan ng isang sandali ay sinabing, "Para sa iyo."

"Hi, Miranda? Si Tom ito, coach ng Chili Kickers. Pinanood ko ang laro ninyo ngayon. Ang husay mong maglaro."

Bumilis ang tibok ng puso ni Miranda. Ang Chili Kickers ang pinakamagaling na football team sa liga!

"Lalaban ang team namin sa regional championship games sa susunod na buwan. Ang galing ng laro mo kanina kaya gusto kong sumali ka sa amin bilang back-up goalie."

Halos lumundag sa tuwa ang puso ni Miranda. Ito na ang pagkakataon niyang maglaro sa isang panalong team!

"Sige po!" sabi ni Miranda. Nagusap sila nang ilang minuto tungkol sa mga detalye bago niya ibinaba ang telepono at tumakbo sa kabilang kuwarto para sabihin kay Inay. Magkasama nilang sinimulang isulat ang mga petsa ng praktis at laro sa kalendaryo ng pamilya. Biglang tumigil si Inay sa pagsusulat, habang iniikut-ikot ang kanyang bolpen sa ibabaw ng isa sa mga kuwadrado sa kalendaryo.

"Teka lang. Miranda, araw ng Linggo ang mga larong ito. Heto, tingnan mo." Itinuro niya ang iskedyul ng laro at bumaling kay Miranda na nakakunot ang noo. "Ano sa palagay mo ang dapat nating gawin?"

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

Nadismaya si Miranda, at napakagat-labi habang iniiisip ang kanyang mga opsiyon. Baka payagan siya ni Inay na maglaro kung makiusap siya, pero nang maisip niya ang paglalaro sa araw ng Linggo—lalo na't hindi siya makakasimba—sumama ang pakiramdam niya. Alam niya na ang Linggo ay para sa pagsisimba at pagsamba sa Ama sa Langit, at hindi niya talaga magagawa ang mga bagay na iyon habang naglalaro siya ng football.

"Palagay ko po dapat ko siyang tawagan at sabihan na hindi ako makapaglalaro," sabi ni Miranda. Pinigilan niya ang pag-iyak. Kahit alam niyang tama ang desisyong ito, mahirap talikuran ang isang bagay na gustung-gusto niya.

"At alam mo ba ang palagay ko?" Sabi ni Inay na mahigpit siyang niyakap. "Palagay ko napakabuti mong bata."

Nang Linggong iyon, habang nakaupo si Miranda sa Primary, naisip niya ang mabuting desisyong ginawa niya. Nagulat ang coach nang tumawag si Miranda at sinabing hindi siya makapaglalaro ng football tuwing Linggo. Sinubukan nitong baguhin ang kanyang isip, pero nakapagdesisyon na siya. Ngayon, habang nakikinig sa mga awitin at aralin sa Primary, napangiti si Miranda. Ipinahiwatig sa kanya ng payapang damdamin sa puso niya na siya ay nasa tamang lugar. Nakagawa siya ng panalong desisyon matapos ang lahat. ■

ISANG KALUGUD-LUGOD NA ARAW

Itinuturo sa atin sa mga banal na kasulatan na ang araw ng Sabbath ay dapat maging isang kalugud-lugod na araw (tingnan sa Isaias 58:13). Anong masasayang bagay ang magagawa mo tuwing Linggo? Ano ang ilang magaganda at malikhaing paraan na masasamba mo ang Ama sa Langit?

SULOK PARA SA TANONG

Ano ang pinakagusto mo sa pagiging miyembro ng Simbahan?

Gusto ko na sa oras ng sakramento ay nakikibahagi tayo sa tinapay at tubig bilang pag-alaala kay Jesucristo. Ang tinapay ay ipinapaalala sa atin ang Kanyang katawan at ang tubig ay ipinapaalaala sa atin ang Kanyang dugo. Kapag tayo ay nakikibahagi ng sakramento, maaari nating ipikit ang ating mga mata at isipin ang lahat ng ginawa ni Jesus para sa atin.

Ava J., edad 9, North Carolina, USA

Natutuwa akong malaman na maaaring magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman. (Renee)

Maaari akong magkaroon ng mga kaibigan, maaari kong basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw, at maaari kong pag-aralan ang ebanghelyo. (Ralph)

Renee at Ralph E., edad 9 at 10, Metro Manila, Pilipinas

Gustung-gusto ko na nadarama ko ang Espiritu Santo. Damang-dama ko ang Espiritu Santo habang nakikinig sa mga mensahe at aralin. Nadarama ko rin ito kapag tumutulong ako sa iba.

Kaylee C., edad 7, Virginia, USA

Ang paborito ko ay na maaari tayong matuto at maglaro nang sabay, at marami pa tayong matututuhan tungkol kay Jesucristo. Gusto kong matuto tungkol sa Kanya dahil Siya ang aking Tagapagligtas. (Liz)

Gusto kong matuto tungkol kay Jesus, at alam kong mahal tayo ni Jesus. (Lalo)

Liz at Lalo S., edad 8 at 6, California, USA

Gustung-gusto kong dumalo sa Primary at kumanta.

Hayden H., edad 5, Utah, USA

Gusto kong matuto tungkol kay Jesucristo, at gusto kong dumalo sa Primary at makipagkaibigan.

Catherine W., edad 7, North Carolina, USA



Gustung-gusto ko na marami akong nagiging bagong kaibigan at maaari kong turuan ang mga kaibigan kong hindi miyembro tungkol sa ebanghelyo. Napapakinggan ko ang pangkalahatang kumperensya at napapakinggan kong magsalita ang mga propeta at Apostol. Masaya rin talaga ang family home evening dahil kung minsan ay lumalabas kami para mag-ice cream. Ang sarap!

Savannah H., edad 12, Washington, USA

SUSUNOD NA TANONG

"Kapag nagtatalo ang nanay at tatay ko, alalang-alala at lungkot na lungkot ako. Ano ang magagawa ko?"

May maipapayo ba kayo tungkol dito? Ipadala sa amin ang iyong sagot at retrato bago sumapit ang Oktubre 31, 2015. Hanapin ang aming address sa pahina 3 o mag-email sa amin sa liahona@ldschurch.org. (Ilagay ang "Question Corner" sa subject line.) Tandaang isama ang pahintulot ng magulang!

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

ANG ATING PAHINA



Mga sister missionary, ni Abril S., edad 9, Mexico

SALAMAT PO, DIYOS KO

Salamat po, Diyos ko, sa liwanag,
Na araw at gabing kumikinang.
Salamat po, Diyos ko, sa mga puno,
Na hatid ay hanging presko.
Salamat po, Diyos ko, sa marami pang
di ko mailarawan,
Ngunit alam na alam kong buhay ko'y
Ikaw ang maylalang.
Kahit buhay ko'y hindi gayon kainam,
Basta't ako'y buhay, ako'y nasisiyahan.

Nisha J., edad 10, Republic of Palau

Apat na batang lalaki mula sa iisang ward sa Argentina ang nabinyagan sa loob ng isang araw. Nakatayo ang kanilang bishop (gitna) kasama nila.

Natanggap ng aking kapatid at ng isang kaibigan ng pamilya ang kanilang mission call. Walong oras kaming nagbiyahe papunta sa templo sa Freiberg, Germany, para matanggap nila ang kanilang endowment sa templo.

Limang araw kaming namalagi roon para maraming magawa sa temple ang aking pamilya. May isang hostel para sa mga pamilya sa bakuran ng templo. Tinulungan ko at ng ilang bata ang hardinero, at binigyan niya kami ng ice cream. Napakasaya namin.

Inaasam ko na ang susunod na taon na magiging 12 anyos na ako at makakagawa na ako ng mga pagbibinyag sa templo.

Alicka S., edad 11, Slovakia

Sabay-sabay na pag-aralan ang Bagong Tipan sa taong ito!

Si Pedro, si Cornelio, at ang Anghel

Ni Erin Sanderson

Matapos mabuhay na mag-uli si Jesus at bumalik sa langit, nangaral si Pedro at ang iba pang mga Apostol sa maraming lugar, ngunit sa mga Judio lamang.

Si Cornelio ay isang opisyal sa hukbong Romano. Naniwala siya sa Diyos, ngunit hindi siya Judio. Isang anghel ang nagpakita sa kanya at sinabi sa kanya na papuntahin si Pedro. Ipinahanap ni Cornelio sa kanyang mga tauhan si Pedro, at sinabi ng Espiritu Santo kay Pedro na sumama sa kanila.

Sa bahay ni Cornelio, tinuruan ni Pedro ang maraming tao na nagtipon doon. Sinabi niya sa kanila ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo, at nadama nila ang Espiritu Santo at nalaman na ito ay totoo. Nang malaman ng mga kaibigan ni Pedro na nangaral siya sa mga taong hindi Judio, nagulat sila. Ngunit sinabi ni Pedro sa kanila na nalaman niya na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay para sa lahat. (Tingnan sa Mga Gawa 10:1–48; 11:1–18.) ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

KALIWA: PAGLALARAWAN NI CRAIG STAPLEY; KANAN: DETALYE MULA SA *LARAWAN NI CRISTO,* NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.

MAGING HANDANG MAGBAHAGI!

Ang isang paraan para maging mabuting missionary ay sikaping maging higit na katulad ni Jesus. Gupitin ang mga badge at punan ng isang katangian na gusto mong praktisin. Siguro puwede kang maging si "Elder Kind" o "Sister Grateful." Ilagay ang badge o name tag mo sa lugar na maipapa-alala nito sa iyo ang iyong mithiin.

Elder

Sister

Sister

Elder

PAG-UUSAP NG PAMILYA

Basahin ang Mateo 28:19–20. Pag-usapan kung paano natin mai-babahagi ang ebanghelyo sa lahat. Isipin ang maaaring itanong ng inyong mga kaibigan o kapitbahay tungkol sa ebanghelyo. Maaari kayong magsanay sa pagtatanong at pagsagot sa mga tanong sa pamamagitan ng dula-dulaan sa inyong pamilya.

Awitin: Pumili ng isang kanta tungkol sa gawaing misyonero, tulad ng "Katotohanan Niya'y Dadalhin Natin sa Mundo" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 92).

Banal na Kasulatan: Mateo 28:19–20

Video: Magpunta sa Biblevideos.org para mapanood ang "Peter's Revelation to Take the Gospel to the Gentiles."

TIP SA BANAL NA KASULATAN

Mas mauunawaan natin ang mga banal na kasulatan kapag ibinabahagi natin ang ating natututuhan. Basahin ang isang talata sa banal na kasulatan sa inyong pamilya at pag-usapan ang ibig sabihin ng mahihirap na salita o parirala, ang kahulugan ng talata para sa inyo, at ang mga paraan para maipamuhay ito.

ALAMIN ANG IBA PA

Bago tinawag si Pedro na maging disipulo, siya ay isang ma-ngingisda na kilala bilang si Simon. Pinangalanan siya ni Jesus ng Pedro, na ibig sabihin ay "bato." Nang lisanin ni Jesus ang daigdig, si Pedro ang punong Apostol at pinamunuan niya ang Simbahan. Hawak niya ang mga susi, o awtoridad, ng priesthood.



Hatinggabi na, pero alam ni Tate na oras iyon para makipag-usap.

Paghahanap ng Tulong

Ni Kimberly Reid
Batay sa tunay na buhay

*"Aking Ama, dalangi'y gabaya't bantayan ako" (*Children's Songbook, *19).*

Nanatiling gising si Tate kahit madilim, papikit-pikit para hindi mapaluha. Humingi siya ng tulong sa panalangin, pero tila may makapal at maitim na ulap na nakaharang sa kanya, kaya hindi niya madama ang Espiritu.

"Paano kung hindi ko malimutan ang napakapangit na palabas na iyon sa TV?" pag-aalala niya.

Ilang araw na ang nakalipas, natapos niya nang maaga ang homework niya at binuksan niya ang TV. Ngunit hindi niya inasahang makakita ng *ganoon* sa screen. Lubhang nagulat si Tate kaya't nalimutan niyang patayin kaagad ang telebisyon na dapat sana niyang ginawa.

Nagkataon lang iyon. Hindi niya ginustong makapanood ng ganoong eksena, at hindi niya ito malimutan ngayon. Kung minsan bigla na lang itong pumapasok sa isip niya habang nasa paaralan, sa hapagkainan—kahit sa simbahan. Sa ganoong mga pagkakataon, natuwa siya na hindi nababasa nina Inay at Itay ang nasa isip niya. Itinuro na ng mga magulang ni Tate sa kanya na huwag titingin sa mga larawan ng mga taong nakahubad. Alam niya na inaasahan din nila na iiwasan niya ang mararahas na palabas sa TV, pelikula at video game.

"Alam ko na ngayon kung bakit," bulong ni Tate sa sarili.

Nagbangon si Tate mula sa pagkakahiga at muling lumuhod. Ano ang maaari niyang gawin?

"Ama sa Langit," bulong ni Tate. "Tulungan po Ninyo akong hindi na isipin pa ang nakita ko." Pinahid niya ang mga luha sa kanyang mga mata at nakinig. Bumilis ang tibok ng kanyang puso. Akala niya may ipinararamdam sa kanya ang Espiritu Santo, pero hindi iyon ang sagot na gusto niya.

Kailangan niyang sabihin sa kanyang mga magulang.

"Bakit?" pagtataka ni Tate. Mararamdaman niya na para siyang batang pupunta sa silid ng kanyang mga magulang sa hatinggabi. At para *sabihin* sa kanila? Nakadama siya ng hiya at muling sumama ang pakiramdam niya.

Pagkatapos ay malinaw na pumasok ang isang bagay sa kanyang isipan: nais ng Ama sa Langit na maging masaya siya. Gusto ng Ama sa Langit na madama niyang muli ang Espiritu, isipin ang mabubuting bagay, at maging tapat sa kanyang pamilya. Gusto Niya, lalo na, na maging karapat-dapat na maytaglay ng Aaronic Priesthood si Tate kapag nag-12 anyos siya pagkaraan ng ilang buwan. Natanto ni Tate na kung palagi niyang iisipin ang nakita niya at patuloy itong ililihim, mananatili siyang malungkot tungkol dito.

Alam ni Tate na kailangan niya ng tulong—at kasasabi lamang sa kanya ng Espiritu Santo kung saan ito matatagpuan.

Tiningnan ni Tate ang nagliliwanag na mga numero sa digital clock sa tabi ng kanyang kama. Halos ala-1:00 na ng madaling-araw. Tumayo siya at naglakad sa madilim na pasilyo papunta sa silid ng kanyang mga magulang. Kinakabahang napalunok, kumatok siya sa kanilang pinto.

"Inay? Itay?"

"Tate, ikaw ba 'yan?" ang inaantok na tinig ni Inay.

"May problema ba?" tanong ni Itay.

"Opo," sabi ni Tate. "Puwede po ba tayong mag-usap? At puwede po kaya akong magpabasbas?"

Sinindihan ng kanyang ama ang ilawan sa tabi ng higaan at pinapasok si Tate. Sa unang pagkakataon sa loob ng ilang araw, nakadama si Tate ng sigla, pag-asa, at liwanag. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.



PAGLALARAWAN NI MARK ROBISON

Naku! Paano Na?

Maaari itong mangyari kahit saan—sa tahanan, sa paaralan, o sa bahay ng isang kaibigan. Bigla kang may nakitang *alam* mo na hindi maganda—sa telepono, TV, computer, o game device, o sa isang aklat o magasin. *Ngayon* ano ang magagawa mo para gumanda ang pakiramdam mo?

Layuan ito. Isara ito. Ilapag ito. Ituring itong parang lason sa iyong utak—dahil lason nga ito.

Sabihin sa nanay o tatay mo. Kilalang-kilala ka ng mga magulang mo, at gusto nilang tulungan kang maging ligtas at maligaya. Huwag mahiya. Ang nangyari sa iyo ay nangyayari kung minsan sa halos lahat ng tao.

Huwag kang maging kampante. Manood o magbasa ng isang bagay na mabuti. Kumilos. Gumawa ng kabutihan. Magpunta sa pamilya o mga kaibigan.

Magpatuloy sa pagsasalita. Makakatulong na sabihin sa nanay o tatay mo kapag hindi ka komportable sa nakita mo sa araw na iyon. Matutulungan ka ng mga magulang mo na gumawa ng plano para hindi ka makakita ng mga bagay na hindi angkop. Kung pakiramdam mo ay nabitag ka, nag-aalala, o parang gusto mong makakitang muli ng isang bagay na di-angkop, siguruhing sabihin din iyan sa kanila.

Tandaan mo kung sino ka. Hindi ka masama dahil sa nakita mo. Ikaw ay anak ng Diyos, at mahal ka Niya at gusto ka Niyang tulungan na maging ligtas at maligaya.

Kalimutan mo na iyon. Isipin mo na binitawan mo ang tali ng isang lobo at minasdan itong lumipad palayo. Sikaping magrelaks at iwaksi sa iyong isipan ang nakita mo. Ngayon isipin mo ang templo, ang pamilya mo, o ang isang bagay na gustung-gusto mong makita.

MGA PAGLALARAWAN NI SHAWNA J. C. TENNEY

Ang mga Kalabasa ni Paul

Ni Ray Goldrup
Batay sa tunay na buhay

MGA PAGLALARAWAN NI AMY WUMMER

Tinutulungan ni Paul si Itay na magtanim. Gusto sana niyang naroon ang kanyang kuya Eric para tumulong. Pero malayo si Eric at nasa misyon.

"Hindi ako magiging kasinglaki ni kuya Eric," sabi ni Paul. "Paano ako magmimisyon na katulad niya?"

"Huwag kang mag-alala," sabi ni Itay. "Lalaki ka."

Inabutan ni Itay si Paul ng ilang binhi ng kalabasa. Tinulungan niya si Paul na itanim ang mga ito.

"Magiging malalaking kalabasa po ba ang maliliit na binhing ito?" tanong ni Paul.

"Kung aalagaan mong mabuti," sabi ni Itay.

Lumabas si Paul araw-araw para tingnan ang halamanan. Diniligan niya ito, at di-nagtagal ay lumabas na ang mga usbong. Lumaki ang mga dahon. Maingat na binunot ni Paul ang mga damo.

Pagsapit ng taglagas malalaki na ang kanyang mga kalabasa. At may malalaking kalabasang kulay-orange!

Hinila ni Paul si Itay para ipakita ito sa kanya. “Inalagaan mo palang mabuti ang mga kalabasa mo!” sabi ni Itay.

“Opo! At aalagaan kong mabuti ang sarili ko, para lumaki rin po ako.” Ngumisi si Paul. “At paglaki ko, makakapagmisyon na ako tulad ni kuya Eric!” ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Ang Taniman ng Kalabasa

Ilang kalabasa ang itinanim ni Paul?
Mahahanap mo ba ang iba pang mga bagay na nakatago? ■

Kaiba sa Lahat

Mga titik ni Jan Pinborough
Himig ni Michael F. Moody

Magaan at masigla ♩ = 96–104

mf

1. Nga-yon ay mil-yun-mil-yon Ang
pa - pa - ka - ba - it, Ta -

ba - ta sa mun - do Ba - wat i - sa'y a - nak ng Dios, Di
pat sa pag - su - nod. Ma - hal ko ang Pa - ngi - no - on Sa

mas mabagal *a tempo*

mag - ka - ka - tu - lad. Ka - i - ba sa la - hat, La-long lu - ma - la - kas! Ka -
sa - li - ta't ki - los. Ka - i - ba sa la - hat, La-long lu - ma - la - kas! Ka -

i - ba sa la - hat, sa pat - nu - bay N'ya! Ka - mi ay wa - lang ka - tu - lad—
i - ba sa la - hat, sa pat - nu - bay N'ya! A - ko ay wa - lang ka - tu - lad—

1.

(palakpak) Nag - i - i - sa— Su - sun - din ang na - is ng Dios A - ma. 2. Nag -
Nag - i - i - sa— Su -

2.

sun - din ang na - is ng Dios A - ma sa 'kin! Su - sun - din ang na - is ng Dios A - ma.

mas mabagal *rit.*

© 2010 nina Jan Pinborough at Michael F. Moody. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na paggamit sa simbahan o tahanan.
Ang pabatid na ito ay dapat isama sa bawat kopyang gagawin.

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

ANG DAAN TUNGO SA KALIGTASAN

Ang isa sa mga paraan para malaman natin na mula sa Panginoon ang isang babala ay kapag ginamit ang batas ng mga saksi, ng awtorisadong mga saksi.

Tila walang katapusan ang hangarin ng Tagapagligtas na akayin tayo tungo sa kaligtasan. At iyon pa rin ang paraan ng pagpapakita Niya sa atin ng landas. Hindi lamang isang paraan ang gamit Niya para makarating ito sa mga handang tumanggap nito. At ang mga paraang iyon ay laging may kasamang paghahatid ng mensahe sa pamamagitan ng bibig ng Kanyang mga propeta tuwing ang mga tao ay karapat-dapat magkaroon ng mga propeta ng Diyos sa kanilang kalipunan. Ang mga awtorisadong lingkod na iyon ay laging inuutusang magbabala sa mga tao, na nagsasabi sa kanila ng landas tungo sa kaligtasan.

Nang tumindi ang tensiyon sa hilagang Missouri, USA, noong taglagas ng 1838, nanawagan si Propetang Joseph Smith sa lahat ng Banal na magtipon sa Far West para maprotektahan sila. Marami ang nangasa mga liblib na bukirin o sa kalat-kalat na mga pamayanan. Partikular niyang pinayuhan si Jacob Haun, na nagtatag ng isang munting pamayanan na tinatawag na Haun's Mill. Kabilang ito sa isang talaan

tungkol sa panahong iyon: "Si Brother Joseph ay nagpahatid ng mensahe sa pamamagitan ni Haun, na may-ari ng gilingan, na ipaalam sa mga kapatid na nakatira doon na umalis at magpunta sa Far West, pero hindi ipinarating ni Mr. Haun ang mensahe" (Philo Dibble, sa "Early Scenes in Church History," sa *Four Faith Promoting Classics* [1968], 90). Kalaunan, itinala ni Propetang Joseph sa kanyang kasaysayan: "Hanggang sa araw na ito binigyan ako ng Diyos ng karunungang iligtas ang mga taong nakinig sa payo. Walang napatay sa mga [sumunod] sa aking payo" (*History of the Church,* 5:137). Pagkatapos ay itinala ng Propeta ang malungkot na katotohanan na nailigtas sana ang mga inosenteng buhay sa Haun's Mill kung natanggap at nasunod lamang ang kanyang payo.

Sa ating panahon, nabalaan na tayo sa pamamagitan ng payo kung saan tayo makatatagpo ng kaligtasan mula sa kasalanan at kalungkutan. Ang isa sa mga susi para makilala ang mga babalang ito ay ulit-ulitin ang mga ito. Halimbawa, hindi lamang minsan sa mga pangkalahatang kumperensyang ito, narinig na ninyong sinabi ng ating propeta na babanggitin niya ang sinabi ng isang naunang propeta at dahil dito ay magiging pangalawang saksi siya at kung minsan ay pangatlong saksi pa. . . . Isinulat ni Apostol Pablo na "sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita" (II Mga Taga Corinto 13:1). Ang isa sa mga paraan para malaman natin na nagmula sa Panginoon ang babala ay kapag ginamit ang batas ng mga saksi, awtorisadong mga saksi. Kapag tila paulit-ulit ang mga salita ng mga propeta, dapat matuon doon ang ating pansin at puspusin ng pasasalamat ang ating puso na nabubuhay tayo sa isang pinagpalang panahon. . . .

Mahal tayo ng ating Ama sa Langit. Isinugo Niya ang Kanyang Bugtong na Anak para maging ating Tagapagligtas. Alam Niya na sa buhay na ito ay malalagay tayo sa malaking panganib, ang pinakamalala dito ay mula sa mga tukso ng isang kakila-kilabot na kaaway. Iyan ang isa sa mga dahilan kung bakit inilaan ng Tagapagligtas ang mga susi ng priesthood upang ang mga may taingang makikinig at may pananampalatayang sumunod ay makapunta sa mga ligtas na lugar. ■

Mula sa "Finding Safety in Counsel," Liahona, *Hulyo 1997, 23–25.*

MGA KABATIRAN

Gaano tayo kadalas magsalita ng maganda sa isa't isa?

"Maaari nating subukan ang ating sarili gamit ang ilang tanong. . . . 1. Kailan ko huling pinuri nang taos-puso ang asawa ko, nang kami lang dalawa o kaharap ang mga anak namin? 2. Kailan ako huling nagpasalamat, nagpahayag ng pagmamahal, o taimtim na nagsumamo sa panalangin para sa kanya? 3. Kailan ko huling pinigilan ang sarili ko sa pagsasabi ng isang bagay na alam kong makakasakit? 4. Kailan ako huling humingi ng paumanhin at mapagpakumbabang humingi ng tawad—nang hindi sinasabing 'pero kung ginawa mo lang' o 'pero kung hindi mo lang ginawa'? 5. Kailan ko huling piniling maging masaya sa halip na igiit na 'tama' ako?"

Linda K. Burton, Relief Society general president, "Magkasama Tayong Aangat," *Liahona,* Mayo 2015, 31.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

PAMUMUHAY NANG MAY **Tunay na Layunin**

Ang pagkaunawa sa "dahilan" ng mga desisyon mo ay makakatulong sa iyo na gawin ang tama sa tamang dahilan. Matutong mamuhay nang may layunin!

p. 44

PARA SA MGA KABATAAN



p. 62

KAHANGA-HANGANG MGA KABATAAN SA MGA BANAL NA KASULATAN

Ang mga digmaang kinailangang harapin ng mga kabataan sa mga banal na kasulatan ay kaiba sa iyo, ngunit maaari mo pa ring tularan ang kanilang mga halimbawa ng katapangan, pananampalataya, at pagsunod sa pagdaig sa mga hamon sa iyong buhay.

PARA SA MGA BATA

Paghahanap ng Tulong

Hindi maalis sa isipan ni Tate ang napanood niya sa TV, kaya nanalangin siya sa Ama sa Langit para malaman ang gagawin.

p. 72

TAGALOG
4 021257 0893 7

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW